ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2020

Liahona

Paano Ako Makakatulong?

Kapag Umalis sa Simbahan ang mga Mahal sa Buhay, pahina 30

Pagkatuto mula sa mga Taong Bumalik, pahina 26

Paano Nakakatulong ang Pag-unawa sa Kasaysayan ng Simbahan, pahina 12

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Punta Arenas
Chile

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Matatag ang Simbahan sa Chile, mula sa mga bayan sa disyerto sa hilaga hanggang sa metropolitan Santiago sa gitna, hanggang sa Punta Arenas stake sa timog, na may pitong ward at dalawang branch. Narito ang ilan pang impormasyon tungkol sa Chile at sa Simbahan doon:

Mga miyembro ng Simbahan

595,526

3.3

porsiyento ng populasyon na mga miyembro ng Simbahan

77 mga stake, 590 kongregasyon, 10 mission

100

mga family history center

mga templo: Santiago (inilaan noong 1983), Concepción (inilaan noong 2018), Antofagasta (ibinalita noong 2019)

3

2,653

milya (4,270 km) mula hilagang hangganan ng Chile hanggang katimugang hangganan, 217 milya (350 km) ang lapad mula silangan hanggang kanluran

1956	Inorganisa ang unang kongregasyon
1972	Inorganisa ang unang stake
1988	Ikaapat na bansa sa mundo na umabot sa 50 stake
1994–96	26 na mga bagong stake ang nalikha

Mula sa *Liahona*

Ang nilalaman sa isyung ito ay nilikha bago ang pandemyang COVID 19. Ang ilang detalye ay maaaring hindi angkop sa ngayon. Iangkop na lamang ang mga mungkahi kung kinakailangan ayon sa kasalukuyang mga panuntunan ng Simbahan at pamahalaan.

Kasaysayan ng Simbahan: Isang Pinagmumulan ng Lakas at Inspirasyon
Elder Quentin L. Cook, Kate Holbrook, at Matt Grow
12

Naaakit ako sa Kapareho Ko ang Kasarian—Tatanggapin ba Akong Muli ng mga Miyembro ng Simbahan?
Bouke "Bob" S. Ecoma Verstege
40

Noong Nadama Ko na Nalinlang Ako Tungkol sa Simbahan
Travis Ewell
26

Paano Natin Mapapalakas ang Ating Pananampalataya—nang Magkakasama

Sa ating pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa buwang ito, matututo tayo tungkol kay Korihor, na kinumbinsi ang maraming miyembro ng Simbahan na nalinlang sila ng mga propeta ngunit kalaunan ay inamin na siya mismo ay nalinlang ni Satanas at nanlinlang ng iba. Matututo tayo tungkol sa mga Zoramita, isang angkan na inihiwalay ang kanilang sarili sa Simbahan. At makikita natin si Nakababatang Alma, na dati'y aktibong kumakalaban sa Simbahan, na naghahangad na patatagin ang kanyang sariling mga anak na nasa hustong gulang na laban sa mga pagpiling maglalayo sa kanila sa Panginoon at sa Kanyang Simbahan.

Ang ilan sa atin ay may mga kapamilya o kaibigan na pinipiling hindi na makilahok sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon. Maaaring masakit ito para sa atin na malakas ang pananampalataya. Nais nating tumulong, pero iniisip ng marami sa atin kung paano.

Hindi kailanman magagawa ng isang isyu ng magasin na talakayin ang lahat ng dahilan kung bakit humihina ang pananampalataya o ipaliwanag kung paano tutugon kung sakaling mangyari ito. Magkakaiba ang mga pagsubok sa pananampalataya na nararanasan ng mga tao. Ngunit sa isyung ito, umaasa kaming makapagbigay ng kaunting tulong, tulad ng:

- Karanasan ng isang tao sa pagbalik sa Simbahan at kung ano ang natutuhan niya mula rito (tingnan sa pahina 26).
- Ang kahalagahan ng pagtanggap sa lahat ng tao (tingnan sa 40).
- Mga mungkahi para sa mga magulang tungkol sa kung paano pagbubutihin ang kanilang relasyon sa kanilang mga anak na nasa hustong gulang na piniling tumahak ng ibang landas (tingnan sa pahina 30).
- Mga nakakatulong na pananaw tungkol sa kasaysayan ng Simbahan at kung paano nito mapapalakas ang ating pananampalataya (tingnan sa pahina 12).

Umaasa kami na makakapagbigay ang mga artikulong ito ng panimula para maghangad kayo ng banal na patnubay para sa inyong mga sariling kalagayan.

Tapat na sumasainyo,
Adam C. Olson
Namamahalang Patnugot

Mga Nilalaman

5 **Isang Paanyaya sa mga Artist sa Buong Daigdig**

6 **Mga Larawan ng Pananampalataya**
Ignatius at Adelaide Baidoo
Nakita mismo ng mga Baidoo ang mga pagpapala ng programa sa pag-aaral ng ebanghelyo sa kanilang stake at pamilya.

8 **Mga Alituntunin ng Ministering**
Ministering sa pamamagitan ng mga Aktibidad ng Simbahan
Ang mga aktibidad ng Simbahan ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong makipagkaibigan, makipag-ugnayan, at mag-minister sa iba.

12 **Kasaysayan ng Simbahan: Isang Pinagmumulan ng Lakas at Inspirasyon**
Nina Elder Quentin L. Cook, Kate Holbrook, at Matt Grow
Paano napapalakas ng pag-aaral ng kasaysayan ng Simbahan ang ating pananampalataya at hangaring ipamuhay nang mas lubusan ang ebanghelyo?

20 **Paglalarawan sa mga Pioneer sa India**
Ni Taunalyn Rutherford
Ang matatapat na Banal na ito ay nagsisilbing huwaran ng pagiging matatag na miyembro ng Simbahan.

26 **Noong Nadama Ko na Nalinlang Ako Tungkol sa Simbahan**
Ni Travis Ewell
Matapos malaman ni Brother Ewell ang mga bagay na nagpahina sa kanyang pananampalataya at nag-udyok sa kanya na pansamantalang umalis sa Simbahan, napagtanto niya kung ano ang mga nawawala sa kanya.

30 **Mahalin Mo, Ililigtas Niya**
Ni Krista Rogers Mortensen
Napagtanto ng isang ina na anuman ang mga pagpiling gawin ng kanyang mga anak na nasa hustong gulang na, kailangan lang niya silang mahalin.

32 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
Isinantabi ng isang pamilya ang sarili nilang mga pagsubok para makapagling-kod; isang matapang na airman ang nanindigan sa kanyang mga paniniwala at nagbigay-inspirasyon sa iba; naniwala ang isang ina sa isang pangako; dumating ang kapatawaran sa di-inaasahang pagkakataon.

36 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Aklat ni Mormon**
Ang mga lingguhang artikulong ito ay maaaring sumuporta sa iyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa buwang ito.

40 **Naaakit ako sa Kapareho Ko ang Kasarian—Tatanggapin ba Akong Muli ng mga Miyembro ng Simbahan?**
Ni Bouke "Bob" S. Ecoma Verstege
Nang madama ni Brother Verstege na kailangan na niyang bumalik sa Simbahan, nag-alala siya na baka hindi siya tanggapin ng iba pang mga miyembro.

Maiikling Babasahin

Suporta sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*



Sa Pabalat
Mga imahe mula sa stock.adobe.com at unsplash.com

Mga Bahagi

Mga Young Adult

44
Ang pag-iisip tungkol sa hinaharap ay maaaring nakakatakot. Ngunit sa tulong ng Ama sa Langit, lahat tayo ay maaaring **sumulong nang may pananampalataya sa hinaharap.** Sa buwang ito, basahin ang mga kuwento mula sa iba pang mga young adult na natuto ng ilang **mahahalagang paraan upang makapaghanda** para sa hinaharap.

Mga Kabataan

52
Alamin kung paano **mababago ng ebanghelyo ang iyong pamilya** at kung bakit mahalaga ang iyong mga **simpleng pagpili** sa buhay.

Mga Bata

Kaibigan
Maaari kang **maging missionary,** tulad ni Alma!

MGA ARTIKULO NG HULYO NA DIGITAL LAMANG

Mayroon Ka bang mga Tanong tungkol sa Ebanghelyo? Narito ang Limang Paraan para Makahanap ng mga Sagot

Ni Chakell Wardleigh

Ibinahagi ng isang young adult kung paano mapapalakas ng mga tanong ang pananampalataya kung pahihintulutan mo ang mga ito.



Paano Ako Naghahanda para sa Isang Templo sa India

Ni Yeshwanth Kosireddy

Ibinahagi ng isang young adult mula sa India kung paano siya naghahanda para sa kanyang unang pagkakataon na makapasok sa templo.

Ano ang Kailangan para Matanggap ang Ating Mabubuting Hangarin

Ni Marc Deo Dela Cruz

Ibinahagi ng isang young adult mula sa Pilipinas kung paano siya nagkaroon ng pananampalataya nang magbago ang kanyang mga plano para sa hinaharap.

HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app o sa liahona.ChurchofJesusChrist.org, maaari mong:

- Hanapin ang kasalukuyang isyu.
- Malaman ang nilalaman ng mga artikulong digital lamang.
- Hanapin ang mga nakaraang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at feedback.
- Mag-subscribe o ibigay ang isang suskrisyon bilang regalo.
- Paghusayin ang iyong pag-aaral gamit ang digital tools.
- Ibahagi ang iyong mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Pakinggan ang iyong mga paboritong artikulo.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Magpadala ng mga tanong at feedback sa liahona@ChurchofJesusChrist.org.

Ipadala ang iyong mga kuwento sa liahona.ChurchofJesusChrist.org o sa:
Liahona, flr. 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

HULYO 2020 TOMO 23 BLG. 7
LIAHONA 16722 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Jan E. Newman, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Aleni Regehr, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: *Liahona,* Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng America.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada: July 2020 Vol. 23 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.ChurchofJesusChrist.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

ISANG PAANYAYA SA MGA ARTIST SA BUONG DAIGDIG

Inaanyayahan kayong lumikha ng mga gawang-sining para sa darating na 12th International Art Competition, na itinataguyod ng Church History Museum sa Salt Lake City, Utah.

Lahat ng artistic media, estilo, at kultural na pamamaraan ay tatanggapin. Ang mga napiling entry ay ididispley sa Church History Museum at online.

Ang kumpetisyong ito na may maliit na lupon ng mga hurado ay tumatanggap ng mga entry mula sa mga artist sa buong daigdig para hikayatin ang mga Banal sa mga Huling Araw na lumikha ng de-kalidad na sining, para maipakita ang lawak at pagkakaibaiba ng produksyong pangkultura ng mga Banal sa mga Huling Araw, at para palaguin ang koleksyon ng Church History Museum.

- Tema: "Pantay-pantay ang Lahat sa Diyos," binigyang-inspirasyon ng 2 Nephi 26:33
- Mga petsa ng pagsusumite: Pebrero 1–Hunyo 1, 2021
- Mga edad: Ang mga artist ay kailangang 18 taong gulang pataas
- Mga gantimpala: Ang mga artist na lilikha ng mga gawang-sining na mapipiling i-exhibit ay sasabihan sa Oktubre 2021
- Mga petsa ng exhibition: Marso 2022 hanggang Oktubre 2022

Bisitahin ang **ChurchofJesusChrist.org/artcompetition** para sa mga detalyadong patakaran, mga kinakailangan para maging kwalipikado, pagrerehistro online, at para makita ang mga nagbibigay-inspirasyong gawang-sining mula sa mga nakaraang kumpetisyon. ■

"[Walang ginagawa ang Panginoon] maliban sa ito ay madaling maunawaan ng mga anak ng tao; at inaanyayahan niya silang lahat na lumapit sa kanya at makibahagi sa kanyang kabutihan; at wala siyang tinatanggihan sa mga lumalapit sa kanya; maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae; at naaalala niya ang mga hindi binyagan; at pantay-pantay ang lahat sa Diyos, kapwa Judio at Gentil."

—2 Nephi 26:33

Pantay-Pantay ang Lahat sa Diyos

PAIKOT SA KANAN MULA SA KALIWANG ITAAS: *SI CRISTO NA MAY KORONANG TINIK*, NI ADAM LEE SHERWOOD; *PAGDIDIKIT-DIKIT NG MGA PIRASO*, NI PAIGE CROSLAND ANDERSON; *MGA BUHAY NA TUBIG*, NI ROSE DATOC DALL; *SI CRISTO NA NAGPAPAGALING*, NI LEROY GLEN TRANSFIELD; *ANG PLANO NG KALIGTASAN*, NI JULIE YUEN YIM

Ignatius at Adelaide Baidoo

Accra, Ghana

Nakita nina Ignatius at Adelaide kung paano napagpala ng programa ng Simbahan sa pag-aaral at ng pagbibigay-diin sa pag-aaral ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan ang mga miyembro ng kanilang stake at pamilya.
CHRISTINA SMITH, RETRATISTA

Ignatius:

Nakilahok ako sa programa sa pag-aaral ng ebanghelyo bilang miyembro ng stake presidency. Bumisita ako sa isang klase at natanto ko na hindi lamang ito para sa mga taong hindi marunong bumasa at sumulat. Ito ay para sa ating lahat upang mas maunawaan natin ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* at ang pag-aaral ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan ay makakatulong din sa mga pamilya na sama-samang magbasa ng mga banal na kasulatan at matuto mula sa isa't isa.

Adelaide:

Sa aming pamilya, sinisikap at ginagawa namin ang lahat ng makakaya namin. Lahat ay kalahok. Masayang-masaya akong makita kung paano nagtutulungan ang aking mga anak habang sama-sama naming binabasa ang Aklat ni Mormon. Gustung-gusto nila ang Aklat ni Mormon. Nasisiyahan kami sa sama-samang pagbabasa at pagbabahagi ng aming mga patotoo.

TUKLASIN ANG IBA PA

Tingnan ang iba pa tungkol sa pananampalataya ng mga Baidoo, pati na ang mga karagdagang larawan, sa online o sa Gospel Library na bersyon ng artikulong ito sa **ChurchofJesusChrist.org/go/7620.**

Matuto mula kay Pangulong Henry B. Eyring kung paano makakapaghatid ng walang-hanggang kagalakan sa ating mga pamilya ang ating mga pagsisikap na gawing isang lugar ng pananampalataya at pagmamahal ang ating mga tahanan sa **ChurchofJesusChrist.org/go/7720.**

Mga Alituntunin ng Ministering

MINISTERING
SA PAMAMAGITAN NG MGA AKTIBIDAD NG SIMBAHAN

MGA LARAWAN NG KABABAIHAN NA NASA PROYEKTONG SERBISYO NI LAURENI ADEMAR POCHETTO; LARAWAN NG ICE CREAM AT LAGARI MULA SA GETTY IMAGES

Ang isang paraan para makapag-minister tayo sa ating mga kasamahan sa ward, kapitbahay, at kaibigan ay sa pamamagitan ng mga aktibidad ng Simbahan. Nagpaplano ka man ng aktibidad batay sa mga pangangailangan o interes ng mga taong pinaglilingkuran mo o inaanyayahan mo silang makibahagi sa mga aktibidad o mga pagkakataong maglingkod sa iba, ang mga aktibidad sa ward, stake, o maging sa multistake level ay makapaglalaan ng mga makabuluhan at nakalilibang na paraan para patibayin ang pagkakaisa at palakasin ang mga miyembro.

Ang mga aktibidad ng Simbahan ay makapagbibigay din ng maraming pagkakataon para mag-minister. Halimbawa, ang mga aktibidad ng Simbahan ay makapagbibigay ng mga pagkakataon para makibahagi sa mga proyekto sa paglilingkod na nagpapala sa iba at bumubuo ng magagandang relasyon sa komunidad. Ang mga aktibidad ng Simbahan ay maaari ring maging pagkakataon para matulungan ang mga di-gaanong aktibong miyembro ng Simbahan at ang mga kaibigang iba ang relihiyon o mga kaibigang walang kinabibilangang relihiyon.

Ang pag-anyaya sa maraming tao sa mga aktibidad ng Simbahan ay nagbibigay ng pagkakataon sa Panginoon na pagpalain at palakasin ang ating mga ward at branch, pamayanan, at komunidad.

Pagbuo ng Magagandang Relasyon

Parating na ang taglamig, at walang maisip na ideya si David Dickson kung paano mananatiling ligtas sa lamig ang kanyang pamilya.

Kalilipat lang ni David, ng kanyang asawa, at dalawang anak na babae sa kanayunan ng Fredonia, Arizona, USA, isang mataas na lugar na may tuyong klima at napapaligiran ng matatarik na pulang talampas, halaman ng seidbras, at mga halamang luntian, at mayabong sa buong taon.

Sa tahanang inuupahan ng mga Dickson, tanging kalang de-kahoy lamang ang pangunahing mapagkukunan ng init. Mabilis natutuhan ni David na ang pangunguha ng kahoy na panggatong ay isang mahalagang kasanayan dahil puno ng niyebe at yelo ang Fredonia kapag taglamig.

"Wala akong anumang kahoy na panggatong o anumang panlagari o anumang kaalaman kung paano ito gamitin!" sabi ni David. "Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko."

Tinanong si David ng ilang miyembro ng ward kung may sapat na kahoy ang kanyang pamilya para sa buong taglamig. "Hindi nagtagal ay natanto nila na wala kaming sapat na kahoy," sabi ni David. "Kalaunan ay nag-alok ang korum ng mga elder na tulungan akong mangahoy. Puspos ng labis na pasasalamat, tinanggap ko ang alok nila."

Hindi nagtagal ay nalaman ni David na ang pangangahoy na ito ay karaniwan lang sa maraming aktibidad ng ward na pinaplano at inoorganisa nang mabuti at dinadaluhan ng marami. Isang Sabado ng umaga, si David, ang korum ng mga elder, at ang iba pang mga miyembro ng ward ay nagtungo sa kabundukan sakay ng mga trak at trailer.

"Sa loob lamang ng maghapon, sa tulong ng kanilang mga kagamitan at kaalaman, nakapagbigay ang mga miyembro ng ward sa aking pamilya ng kahoy na panggatong na tumagal nang halos dalawang taglamig," sabi ni David. "At higit pa rito, itinuro sa akin ang lahat ng kailangan kong malaman para makapangahoy ako nang mag-isa. Nang lisanin ko ang Fredonia, marunong na akong humawak ng lagari, at hindi ko na mabilang kung ilang beses akong nakibahagi sa mga aktibidad ng ward na may kinalaman sa pangangahoy."

Sa gayong mga aktibidad ng ward ay hindi lamang nabubuo ng magagandang relasyon sa mga miyembro ng Simbahan kundi nabubuo rin ang magagandang relasyon sa lahat ng nasa komunidad.

"Naaalala ko ang isang babae, na hindi miyembro ng Simbahan, na bago sa lugar na iyon," sabi ni David. "Kinailangan niyang sunugin ang kahoy na panakip sa dingding ng kanyang tahanan para lang hindi siya ginawin. Nang malaman namin ang kanyang kalagayan, tiniyak namin na may sapat siyang kahoy na panggatong para sa buong taglamig. Halos hindi na siya makapagsalita sa labis na pasasalamat."

Tiniyak ng mga pagsisikap sa ministering sa Fredonia na ang lahat ay ligtas at hindi giginawin sa buong taglamig.

Pagtulong sa Iba

Habang nasa misyon sa Romania, regular na binibisita ni Meg Yost at ng kanyang kompanyon ang isang pamilya na matagal nang hindi nakakapagsimba. "Ang mga Stanica ay kabilang sa mga pinakaunang miyembro ng Simbahan sa Romania," sabi ni Meg, "at mahal namin sila."

Nang dumating ang panahon para magplano at mag-organisa ng isang aktibidad ng branch, nagpasiya ang mga lider na magkakaroon ang branch ng isang "Gabi para sa mga Pioneer." Gugunitain sa gabing ito ang magigiting na pioneer na naglakbay sa Estados Unidos para makarating sa Lambak ng Salt Lake. Ito ay magiging pagkakataon din para parangalan ang mga pioneer ng Simbahan sa Romania.

"Naisip namin na magandang pagkakataon ito para makapagpatotoo ang ilang miyembro tungkol sa kanilang pagbabalikloob at kung paano nila nakitang umunlad ang Simbahan sa Romania," sabi ni Meg. "Naisip namin kaagad na dapat maging bahagi nito ang pamilya Stanica. Inanyayahan namin silang makibahagi, at sabik na sabik sila!"

Noong gabi ng aktibidad, malapit nang magsimula pero wala pa rin ang mga Stanica.

"Nag-alala kami na baka hindi sila pumunta," paggunita ni Meg. "Pero noong eksaktong magsisimula na, pumasok sila sa pintuan. Nagbigay ng magandang patotoo ang mga Stanica tungkol sa ebanghelyo at sa Simbahan. Nakisalamuha rin sila sa iba pang mga miyembro na matagal na nilang hindi nakikita."

Malugod na tinanggap ng mga miyembro ng branch ang mga Stanica. Nang sumunod na araw ng Linggo, nagulat at natuwa si Meg nang makita niya si Sister Stanica sa Simbahan.

"Nang bumisita ako sa branch makalipas ang ilang buwan, nagsisimba pa rin siya!" sabi ni Meg. "Sa palagay ko, talagang nakatulong sa kanya ang pagkakataon na maibahagi ang kanyang patotoo at madamang kabilang at kailangan siya sa branch."

4 na Ideya para sa Ministering sa Pamamagitan ng mga Aktibidad ng Simbahan

- **Magplano ng mga aktibidad na tumutugon sa mga pangangailangan:** Ang mga aktibidad ay magandang paraan para matugunan ang iba't ibang pangangailangan. Maaaring planuhin ang mga ito para matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng isang indibiduwal o grupo. Dapat matugunan din ng mga ito ang mga pangangailangan ng mga taong nakikibahagi, ang pangangailangan mang iyon ay makilala nang mas mabuti ang isa't isa, matutuhan ang iba pa tungkol sa ebanghelyo, o madama ang Espiritu.
- **Anyayahan ang lahat:** Habang nagpaplano ka ng mga aktibidad, pagsikapan na anyayahan ang mga taong makikinabang sa pakikibahagi. Isaisip ang mga bagong miyembro, mga di-gaanong aktibong miyembro, mga kabataan, mga single adult, mga taong may kapansanan, at mga miyembro ng ibang mga relihiyon. Anyayahan sila habang isinasaisip ang kanilang mga kapakanan, at ipahayag kung gaano mo kagusto na makapunta sila.
- **Maghikayat ng pakikibahagi:** Mas makikinabang sa mga aktibidad ang mga inaanyayahan mo kung may pagkakataon silang makibahagi. Ang pagbibigay ng pagkakataong magamit ang kanilang mga kaloob, kasanayan, at talento sa mga aktibidad ay isang paraan upang makahikayat ng partisipasyon.
- **Malugod na tanggapin ang lahat:** Kung dumalo ang iyong mga kaibigan sa isang aktibidad, gawin mo ang lahat ng iyong makakaya upang madama nilang tanggap sila. Gayundin, kung makakakita ka ng mga taong hindi mo kilala, maging palakaibigan at malugod silang tanggapin! ■

TUKLASIN ANG IBA PA

Sa ChurchofJesusChrist.org, maaari mong panoorin ang video na "Inviting Others to 'Come and Help'" para makita mo kung gaano kadaling anyayahan ang iba na maglingkod kasama natin.

LARAWAN NG SUSHI AT BOLA NG SOCCER, MULA SA GETTY IMAGES; LARAWAN NG MGA BINATILYONG NAGTATAYO NG TOLDA NA KUHA NI BUD CORKIN, LARAWAN NG BATANG BABAE NA NAG-AAYOS NG MESA NA KUHA NI SHERIE PRICE MCFARLAND

BUKSAN ANG IYONG PUSO

"Dapat lagi tayong nakamasid at hanapin ang mga bagong mukha kapag dumadalo sa mga aktibidad at pulong sa Simbahan. . . . Magagawa natin ang mga simpleng bagay para tulungan ang mga bagong kaibigan na ito na madamang mahal sila at tanggap sila . . . , gaya ng masayang pagbati, taos-pusong pagngiti sa kanila, . . . pagpapakilala sa kanila sa iba pang mga miyembro, at marami pang iba. Kapag binuksan natin ang ating puso sa mga bagong kaibigan . . . , ginagawa natin ang ministering."

Elder Ulisses Soares ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Iisa kay Cristo," *Liahona,* Nob. 2018, 38.

MAG-MINISTER SA PAMAMAGITAN NG PAG-ANYAYA

Alamin ang mga susunod na aktibidad ng ward o branch. Isipin ang mga taong mini-minister o pinaglilingkuran mo at anyayahan sila sa mga aktibidad.

IBAHAGI ANG IYONG MGA KARANASAN

Ipadala sa amin ang iyong mga karanasan tungkol sa pag-minister mo sa iba o pag-minister nila sa iyo. Pumunta sa liahona.ChurchofJesusChrist.org at pindutin ang "Submit an Article or Feedback."

Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga sidebar na akda ng mga mananalaysay ng Simbahan na sina Kate Holbrook at Matt Grow

Kasaysayan ng Simbahan

ISANG PINAGMUMULAN NG LAKAS AT INSPIRASYON

Sa artikulong ito, mula sa isang pandaigdigang debosyonal na ginanap sa Nauvoo, Illinois noong Setyembre 9, 2018, sinagot nina Elder Quentin L. Cook at ng mga mananalaysay ng Simbahan na sina Kate Holbrook at Matt Grow ang mga tanong tungkol sa kasaysayan ng Simbahan na ibinigay ng mga young adult mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Elder Cook: Ang kasaysayan ng Simbahan ay maaaring maging isang mahalagang pinagmumulan ng pananampalataya, ngunit hindi ito nauunawaan o napapansin ng ilang tao. May ilang tao pa nga na sadyang iniiba ang mga kuwento ng nakaraan para lumikha ng pagdududa.

Sa pag-aaral ng mga *mapagkakatiwalaang* kasaysayan ng Simbahan, mabubuklod ang ating mga puso sa mga Banal noon at ngayon. Makikita natin ang halimbawa ng mga taong hindi perpekto tulad natin na sumulong nang may pananampalataya at nagtulot sa Diyos na kumilos sa pamamagitan nila para maisakatuparan ang Kanyang gawain. Ipinapangako ko na mapapalakas ng pag-aaral ng



KANAN: LARAWAN NG BABAE MULA SA GETTY IMAGES; DULONG KANAN: SI ADDISON PRATT AT ANG KANYANG JOURNAL, FRENCH POLYNESIA, 1844

Habang natututuhan natin ang iba pa tungkol sa mga Banal noong araw, mapapalakas tayo sa pagtupad ng ating sariling misyon bilang anak ng Diyos.

kasaysayan ng Simbahan ang inyong pananampalataya at hangaring ipamuhay nang mas lubusan ang ebanghelyo.

Ang kuwento tungkol sa Pagpapanumbalik ay kuwento tungkol sa sakripisyo, determinasyon, at pananampalataya. Lahat tayo ay bahagi ng Pagpapanumbalik at kasaysayan ng Simbahan. Bawat isa sa atin ay may misyon na isasakatuparan sa buhay na ito na tutulong sa ebanghelyo na punuin ang mundo. Habang natututuhan natin ang iba pa tungkol sa mga Banal noong araw, mapapalakas tayo sa pagtupad ng ating sariling misyon bilang anak ng Diyos.

Sa mahigit 24 na taon na nakapaglingkod ako bilang General Authority, ang hangarin ng mga Kapatid ay maging bukas at hayagan sa lahat hangga't maaari, kapwa pagdating sa kasaysayan ng Simbahan at sa doktrina. Nadarama namin na ang pagsisikap na maglabas ng mga bagong resource—tulad ng *The Joseph Smith Papers,* Gospel Topics Essays, Church History Topics, at ngayon ng maraming tomo na *Mga Banal*[1]—ay isang napakagandang paraan ng paghikayat sa mga tao na pag-aralan ang mga bagay na ito sa konteksto na totoo at tutulong sa kanila na maunawaan ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mapagkakatiwalaang paraan.

Isa sa aking mga paboritong salaysay sa *Mga Banal* ay ang kuwento ng pagpunta ni Addison Pratt sa South Pacific. Nakapagbinyag siya ng mga 60 tao. Ako at ang aking asawa na si Mary ay nagkaroon ng pagkakataong pumunta sa Austral Islands, French Polynesia kung saan nagturo si Addison Pratt.

Isa sa mga pinakapambihirang karanasan ko ay marinig ang isang kabataang babae roon na nagsabing, "Ikapitong henerasyon na ako ng mga miyembro ng Simbahan." Bininyagan ni Addison Pratt ang kanyang malayong ninuno bago nagtungo ang mga Banal sa Utah.

Saanman kayo naroroon sa mundong ito, anumang lahi ang pinagmulan ninyo, kayo ay mahalaga, kayo ay bahagi ng kasaysayan ng Simbahan. Kailangang-kailangan namin kayo. Pagpapalain ninyo ang buhay ng mga tao.

Si Joseph Smith at ang Aklat ni Mormon

Noong tinedyer ako, akala namin ay hindi makakapagmisyon ang aking kuya dahil paisa-isang kabataang lalaki lang ang maaaring ipadala ng ward sa misyon. Ang iba ay kailangang maging handa kung sakaling matawag na magsundalo. Pero nalaman ng aming bishop at stake president na maaari silang magpadala ng isa pa. Kaya, kinausap nila ang kuya ko, at umuwi siya at sinabi niya sa mga magulang namin ang tungkol dito.

Ang aking ama ay mabait na tao, pero hindi siya aktibo sa Simbahan. Ayaw niyang pumayag—dahil sa isang dikaraniwang dahilan. Wala siyang pintas sa Simbahan o maging sa misyon, pero ang aking kuya ay papasok na noon sa paaralan ng medisina. Sabi ng aking Ama, "Nakapaghanda ka na para magaral ng medisina. Napasukan mo na ang mga klase. Mas marami kang magagawang mabuti kung mag-aaral ka ng medisina kaysa kung magpupunta ka sa misyon."

Bakit hindi gaanong hayag ang Simbahan tungkol sa ilang kontrobersyal na bagay sa kasaysayan nito?

Ni Kate Holbrook

Noong ako ay apat na taong gulang, ang aking ina at lola ay nagtrabaho sa Beehive House, ang lumang bahay ni Brigham Young sa Salt Lake City, Utah. Itinuro nila sa akin ang tungkol kay Brigham Young at na siya ay mayroong maraming asawa. Pagkaraan ng mga 10 taon, nalaman ko na si Joseph Smith ay mayroon ding maraming asawa. Nalaman ko lang ang tungkol sa mga bato ng tagakita, na ginamit ni Joseph para makatulong na maisalin ang Aklat ni Mormon, noong nasa hustong gulang na ako. Hindi itinago sa akin ng Simbahan ang impormasyon, pero ang impormasyon tungkol sa kasaysayan ay hindi binigyang-diin sa akin noong bata pa ako.

Ang natutuhan ko sa aking mga miting sa araw ng Linggo at sa aking mga klase sa seminary ay kung ano ang pangunahing gawain ng Simbahan. Natuto akong magsisi. Natutuhan kong iayon ang aking buhay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Natutuhan ko kung paano bumuo ng relasyon sa aking Ama sa Langit. Ito ang mga bagay sa aking buhay na talagang pinahahalagahan ko. Alam ko na para sa ilang tao, maaaring masakit talaga na malaman ang isang bagay na sa palagay ninyo ay dapat noon pa ninyo nalaman pero hindi ninyo alam. Kaya nga ginagawa namin ni Matt ang ginagawa namin. Umaasa kami na ang karanasang iyon ng mga tao ay magiging bahagi na ng nakaraan dahil nasa atin na ang aklat na *Mga Banal,* na naglalarawan ng buong kasaysayan para sa mga tao.

DULONG KALIWA: SI VILATE KIMBALL; KALIWA: PAGLALARAWAN NI DAVID GREEN



SI CRISTO SA GETSEMANI, NI JOSEPH BRICKEY; SPINE NG 1830 NA EDISYON NG AKLAT NI MORMON SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; *JOSEPH SMITH,* NI DAVID LINDSLEY

Paano natin malalaman kung ang isang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa kasaysayan ng Simbahan ay maaasahan?

Ni Matt Grow

Nakapagtrabaho ako para sa Simbahan sa nakalipas na siyam na taon sa pamamagitan ng pagsusulat tungkol sa kasaysayan. Nakita ko ang pananaw ng ating mga General Authority tungkol sa ating kasaysayan. Ang mga pag-uusap ay hindi tungkol sa "Paano natin itatago o pagtatakpan ang kasaysayan?" Sa halip, ang mga pag-uusap ay tungkol sa "Paano natin magagawang abot-kamay at madaling maunawaan ang kasaysayan?"

Alam nating lahat na ang hamon sa makabagong panahon kung saan madaling makakuha ng impormasyon ay hindi ang paghahanap ng mga sagot—napapaligiran tayo ng mga sagot—kundi ang pagtukoy kung alin ang mababuting sagot at alin ang masasamang sagot, alin ang mababuting impormasyon at alin ang masasamang impormasyon. Napakaraming talakayan online tungkol sa ating kasaysayan, at karamihan sa mga talakayang ito ay nagpapagulo lang ng isip sa halip na magpalinaw.

Mag-ingat sa mga mapagkukunan ng impormasyon na hangad lamang manira ng mga tao. Sa halip, maghanap ng mga mapagkukunan ng impormasyon na batay sa mga talaang ginawa mismo ng mga taong iyon at hangad na maging makatarungan sa kanila. Madali talagang kakitaan ng mali ang mga taong nabuhay noong unang panahon at husgahan ang mga ginawa nila batay sa pamantayan ngayon, o gumamit ng isang sipi o isang pangyayari na wala sa konteksto at pagmukhain itong nakakabahala.

Bilang isang mananalaysay, sinisikap kong sundin ang payo ng isang nobelistang Briton. Sabi niya: "Ang nakaraan ay isang banyagang bansa: iba ang paggawa ng mga bagay-bagay doon" (L. P. Hartley, *The Go-Between* [1953], paunang salita). Ibig sabihin, kapag binalikan natin ang nakaraan, hindi natin dapat ipilit dito ang mga makabagong ideya at pamantayan ng lipunan ngayon. Dapat sikapin nating unawain ang mga tao ayon sa kanilang sariling konteksto at kultura. Dapat pagpasensyahan natin ang mga bagay na itinuturing natin bilang pagkakamali nila. Dapat maging mapagpakumbaba tayo dahil limitado ang ating kaalaman. At dapat magkaroon tayo ng diwa ng pag-ibig para sa nakaraan.

Noong gabing iyon, umupo sa tabi ko ang aking matapat at mabait na kuya, at nag-usap kaming dalawa. Naisip namin na mayroon talagang tatlong tanong na magtatakda ng magiging sagot niya sa aming ama. Ang unang tanong ay, "Si Jesucristo ba ang Tagapagligtas ng sanlibutan?" Ang pangalawa ay, "Salita ba ng Diyos ang Aklat ni Mormon?" At ang pangatlo ay, "Propeta ba si Joseph Smith?" Natanto ko na ang mga sagot sa tatlong tanong na iyon ay makakaapekto sa halos lahat ng desisyong gagawin ko sa buong buhay ko.

Noon pa man ay mahal ko na ang Tagapagligtas at binabasa ko na ang Aklat ni Mormon, pero nang matanto ko kung gaano kahalaga ang mga sagot na iyon, nagdasal ako noong gabing iyon at nakatanggap ako ng malalim at magandang sagot sa mga tanong na iyon sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Si Jesucristo ang Tagapagligtas, salita ng Diyos ang Aklat ni Mormon, at isang propeta si Joseph Smith. Pinatototohanan ko na ang mga bagay na ito ay totoo.

Pag-aasawa nang Higit sa Isa

Gusto kong magbahagi ng tatlong punto tungkol sa pag-aasawa nang higit sa isa. Una, malinaw na maraming sakripisyo sa pag-aasawa nang higit sa isa. Mayroong matinding pagmamahal at pagkakaisa, ngunit mayroon ding sakripisyo, at tinuruan ng mga magulang na bahagi ng mga pag-aasawang iyon ang kanilang mga anak na magsakripisyo. Marami sa mga anak na naging bunga ng mga pag-aasawang iyon ay naghatid sa ebanghelyo ni Jesucristo sa iba't ibang panig ng mundo at nagpala sa maraming buhay.

Pangalawa, may ilan, tulad ni Vilate Kimball, na nakatanggap ng sarili nilang personal na paghahayag—bago pa man nila malaman ang kabuuan ng mangyayari—na ang doktrinang ito ay nagmula sa Diyos.[2]

At pangatlo, sa mga senior council ng Simbahan, nadama nila na naging matagumpay ang pag-aasawa nang higit sa isa dahil natupad ang layunin nito. Dapat parangalan natin ang mga Banal na iyon para sa pagsasakatuparan ng nasabing layunin.

Ngayon, may mga tanong na hindi pa nasasagot. Pero gusto kong malaman ninyo na mayroon tayong mapagmahal na Ama sa Langit na may perpektong plano, na ang Kanyang plano ay isang plano ng kaligayahan, at na mayroon tayong Tagapagligtas na ginawa ang lahat para sa atin. Maaari tayong magtiwala sa Kanila.

Bakit medyo magkakaiba ang mga tala ng Unang Pangitain ni Joseph Smith?

Ni Matt Grow

Si Joseph Smith ay gumawa o nakiusap sa kanyang mga tagasulat na gumawa ng apat na magkakaibang tala ng Unang Pangitain. Pareho lang ang kuwentong isinasalaysay ng mga tala, pero may mga pagkakaiba. Hindi na natin dapat ikagulat iyon. Kung eksaktong magkakatulad ang lahat ng mga tala, maghihinala ako bilang isang mananalaysay dahil imposible iyong mangyari. Nakikita natin ang huwarang iyon sa iba pang mga tala sa kasaysayan o sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Mga Gawa 9:7; 22:9).

Isaisip din kung gaano kahirap ilarawan sa mga salita ang isang sagradong karanasan. Tinawag ni Joseph ang wika na isang "maliit at makitid na piitan" (sa *History of the Church,* 1:299.). Isipin ang inyong mga pinakasagradong karanasan. Madali ba itong ilarawan sa mga salita? Dapat ipagbunyi natin na maraming tala tungkol dito dahil binibigyan tayo ng mga ito ng bagong kaalaman at pananaw. Basahin ninyo ang apat na tala ng Unang Pangitain sa mga sanaysay ng Mga Paksa sa Kasaysayan ng Simbahan. Sa paggawa nito, madaragdagan ang inyong pagpapahalaga sa nangyari noong araw na iyon.

Ano ang naging papel ng Urim at Tummim sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon?

Ni Kate Holbrook

Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Ang Urim at Tummim, na binanggit sa Aklat ni Mormon, ay ibinaon kasama ng mga lamina. Noong ibinigay ni Moroni ang mga lamina kay Joseph, ibinigay din niya ang Urim at Tummim. Ang bato ng tagakita, na ginamit din ni Joseph sa pagsasalin, ay hindi ibinaon kasama ng mga lamina. Iyon ay isang bagay na nakita mismo ni Joseph ilang taon na ang nakararaan na nakatulong sa kanya na makatanggap ng espirituwal na paghahayag. Kaya pareho niyang ginamit ang mga ito.

Kalaunan ay naalala ni Emma Smith, isa sa kanyang mga tagasulat, na tuwing uupo si Joseph para muling magsalin, hindi niya itinatanong, "Nasaan na nga ba ako? Saan ba tayo tumigil?" Basta nagsisimula na lang siya kung saan sila mismong tumigil. Kung titingnan ninyo ang isang pahina ng sariling journal ni Joseph Smith na isinulat niya tatlong taon matapos niyang isalin ang Aklat ni Mormon, puno ito ng mga buradong salita, di-kumpletong pahayag, at mga putul-putol na pangungusap. Kung titingnan ninyo ang isang pahina ng idiniktang Aklat ni Mormon, walang ganoon. Maganda ang pagkakasulat nito—kumpleto ang mga pangungusap, walang binura.

Kawili-wiling pag-isipan ang lahat ng ito, pero ang mas mahalaga sa akin ay ang nilalaman ng Aklat ni Mormon. Sa Aklat ni Mormon, itinuro sa akin ni Haring Benjamin na unahin ang kabutihang-loob kaysa sa paghatol at itinuro sa akin ni Alma kung ano ang kahulugan ng binyag at kung ano ang ipinapangako kong gawin para sa at kasama ng aking kapwa mga Banal. Sa Aklat ni Mormon, itinuro sa akin nina Mormon at Moroni kung gaano kahalaga ang pag-ibig sa kapwa-tao at kung ano ang dapat gawin para magkaroon nito. Malaki ang naging impluwensya ng aklat na ito sa aking pagkatao at sa aking pananaw sa mundo.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI DAVID GREEN

Bakit nila ginawa ang pag-aasawa nang higit sa isa noong mga unang araw ng Simbahan?

Ni Kate Holbrook

Ang turo sa Aklat ni Mormon tungkol sa pag-aasawa nang higit sa isa ay monogamya ang nais ng Panginoon para sa Kanyang mga tao, ngunit mayroong mga bihirang pagkakataon kung saan inuutusan Niya tayo na isagawa ang pag-aasawa nang higit sa isa para magbangon ng isang matwid na lahi (tingnan sa Jacob 2:30). Ito ang kaisa-isang pagkakataon na inutusan si Joseph Smith na gawin ito. Ilang taong nag-atubili si Joseph na ipatupad ito, pero kalaunan ay ipinatupad niya ang pag-aasawa nang higit sa isa dahil gusto niyang sundin ang kautusan ng Diyos sa kanya. Sinubukan niyang isagawa ang pag-aasawa nang higit sa isa sa kalagitnaan ng dekada ng 1830, pero noong 1841 niya lang talaga opisyal at untiunting pinasimulan ang pagsasagawa ng pag-aasawa nang higit sa isa sa kanyang mga pinagkakatiwalaang kasamahan. Nagulat sila. Nagsumamo sila sa panalangin sa kanilang Ama sa Langit na ipaunawa sa kanila ang alituntuning ito, at nakatanggap sila ng personal na saksi na tama ito para sa kanila noong panahon na iyon.

Ang pag-aasawa nang higit sa isa, na opisyal na isinagawa sa loob ng 50 taon, ay isang bagay na maaaring piliin ng mga tao. Sinisikap pa rin ng mga iskolar na alamin kung ilang mga Banal sa mga Huling Araw ang nag-asawa nang higit sa isa, pero alam natin na maliit na bilang lang ito ng mga Banal. At alam natin na karamihan sa kanila ay kabilang sa pinakamatatapat na miyembro ng ating Simbahan. Noong 1890, naglabas si Pangulong Wilford Woodruff (1807–98) ng isang pahayag na nagwakas sa pagsasagawa ng pag-aasawa nang higit sa isa. Nang mabalitaan ng ilan ang pahayag na ito, nakahinga sila nang maluwag. Naging mahirap ang pag-aasawa nang higit sa isa para sa kanila. Nang mabalitaan ng iba ang pahayag na ito, nalungkot sila. Marami na silang naisakripisyo, at mayroon na silang patotoo tungkol sa alituntuning ito.

Iniisip ng ilang miyembro ng Simbahan kung ano ang epekto sa kabilang-buhay ng dati nating pagsasagawa ng pag-aasawa nang higit sa isa. Itinuro ng mga lider ng Simbahan na hindi kailangan ang pag-aasawa nang higit sa isa para sa kadakilaan o sa walang-hanggang kaluwalhatian. Bagaman personal akong nagpapasalamat na monogamya ang ipinapatupad ngayon at hindi pag-aasawa nang higit sa isa, hindi ko binabalewala ang mga patotoo at marangal na pagsunod ng ating mga espirituwal na ninuno na nagsagawa ng alituntuning ito. Naging masunurin sila, at nagkaroon sila ng patotoo na tama ito.

ITAAS: *KIRTLAND TEMPLE*, NI AL ROUND'S; KANAN: *MOISES, ELIAS AT ELIJAH*, NI GARY ERNEST SMITH

Mga Templo at mga Tipan

Sa Kirtland, Ohio, isa sa mga kahanga-hangang bagay na nangyari ay ang pagtatayo at paglalaan ng Kirtland Temple. Ang panalangin ng paglalaan, na natanggap ni Joseph sa pamamagitan ng paghahayag, ay matatagpuan sa ika-109 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan. Sa panalanging iyon, hiniling niya sa Panginoon na tanggapin ang mga gawa at sakripisyo ng mga Banal sa pagtatayo ng templo.

Isang linggo matapos ang paglalaan ng templo, nagkaroon ng isa pang pangitain sina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Nangyari iyon noong Pasko ng Pagkabuhay, na araw din ng Paskua. Dumating ang Panginoon sa pamamagitan ng pangitain at tinanggap Niya ang bahay na ito. Sinabi Niya sa mga Banal na dapat silang magsaya dahil "sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan" (Doktrina at mga Tipan 110:6). Nang matapos ang pangitaing iyon, nagpakita ang tatlong sinaunang propeta: si Moises, na nagpanumbalik ng mga susi ng pagtitipon sa Israel mula sa apat na sulok ng mundo; si Elias, na ipinagkatiwala ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham; at si Elijah, na nagpanumbalik ng mga susi ng kapangyarihan ng pagbubuklod (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:11–16).

Ang pagpapanumbalik ng mga susing iyon ay napakahalaga sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Panginoon. Hindi lamang ang Aklat ni Mormon ang kinailangan natin kundi pati ang mga susing iyon at ang mga ordenansang iyon sa templo. Ang mga susing iyon ay higit pang mahalaga ngayon kaysa noon.



Napansin ko na kapag tinawag ang isa sa Labindalawang Apostol bilang propeta, ang kanyang puso ay mas natutuon sa mga ordenansa sa templo. Nagkaroon ako ng pribilehiyong makadalo sa

paglalaan ng Nauvoo Illinois Temple kasama si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008). Naaalala ko kung gaano siya naantig nang maitayo ang templong iyon at kung gaano kahalaga para sa kanya na ilapit ang mga templo sa mga Banal. Ipinagpatuloy ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018) ang pagtatayo ng mga templo at nakatanggap siya ng gayunding inspirasyon mula sa langit tulad ni Pangulong Hinckley. At nakita natin ang inspirasyong iyon sa kagila-gilalas na paraan kay Pangulong Russell M. Nelson. Dumating sa kanya ang balabal ng propeta, at nadagdagan ang kamalayan niya sa kahalagahan ng mga ordenansa sa templo.

Isa sa kanyang mga unang mensahe bilang Pangulo ng Simbahan ay hikayatin ang mga tao na pumunta sa templo, tumanggap ng mga ordenansa, at manatili sa landas ng tipan. Ilang sandali lang pagkatapos niyon, sinabi niya na kung sa anumang dahilan ay nalihis kayo mula sa landas ng tipan, bumalik kayo sa landas na iyon.[3]

Paano pinagpala ng gawain sa templo ang mga naunang Banal sa mga Huling Araw?

Ni Matt Grow

Nang mamatay si Joseph Smith, ang mga dingding ng Nauvoo Temple ay halos hindi pa nangangalahati, at kalaunan ay naging malinaw kay Pangulong Brigham Young (1801–77) na muling ipagtatabuyan ang mga Banal. Kaya itinanong niya sa Panginoon: "Dapat po bang manatili kami rito at tapusin namin ang templo, gayong alam namin na kakailanganin namin itong iwanan sa sandaling matapos ito, o dapat po bang umalis na kami ngayon?" Malinaw na dumating ang sagot, "Manatili" (tingnan sa Brigham Young diary, Ene. 24, 1845, Church Archives; Ronald K. Esplin, "Fire in His Bones," *Ensign,* Mar. 1993, 46). Ang mga ordenansa ng endowment at pagbubuklod ay napakahalaga kaya kinailangang manatili ng mga Banal.

Kaya noong sumunod na taon, ibinuhos nila ang lahat ng kanilang ari-arian sa pagtatayo ng templo. Sa bandang huli, sinunog ang kanilang mga tahanan sa Nauvoo, at naghanda na ang mga Banal na maglakbay pakanluran habang tinatapos nila ang templo. Noong Disyembre 1845, sapat na ang naitayo sa templo kaya maaari nang ilaan ng mga Banal ang bahagi nito, mabigyan ng endowment ang mga taong karapat-dapat, at maibuklod ang mag-asawa sa isa't isa.

Nang sumunod na ilang buwan, maghapon at magdamag silang gumawa para espirituwal na maihanda ang lahat sa malaking paglalakbay pakanluran. Para sa akin, malalim at sagrado na nabuklod ako ng kapangyarihan ding iyon sa aking asawa, mga anak, mga magulang, at sa mga henerasyong lumipas na at parating pa lang. Naging posible iyon dahil sa Pagpapanumbalik.

Maaari ba kayong magbahagi ng isang pangyayari sa Pagpapanumbalik na nagpalakas sa inyong patotoo?

Ni Kate Holbrook

Naaalala ko ang kuwento nang subukang takasan ni Emma ang pang-uusig sa Missouri. Hindi pa lubusang nagyeyelo ang Ilog Mississippi—hindi pa sapat para makadaan ang isang bagon na may sakay na mga tao at ari-arian. Malawak ang ilog, at mapanganib itong tawirin. Nakahawak sa magkabilang gilid ng palda ni Emma ang isang anim na taong gulang na bata at isang walong taong gulang na bata habang may karga siyang dalawang taong gulang na bata at isang sanggol sa kanyang magkabilang bisig.

Ipinagtahi siya ng hipag ng isa sa mga tagasulat ni Joseph ng mga algodon na supot na maaaring ibutones paikot sa baywang. Sa mga supot na iyon sa ilalim ng kanyang palda, inilagay ni Emma ang nag-iisang kopya ng pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, na ilang buwan niyang pinaghirapang gawin. Dala-dala ang mga dokumento at ang kanyang mga anak, tumawid siya nang paisa-isang hakbang sa nagyeyelong ilog na iyon, sa pag-asang hindi siya mahuhulog kung sakaling magbitak ito.

Para sa akin, iyon ang pinakadakilang tanda ng katapangan at pananampalataya—na kapag kailangan ninyong gawin ang isang bagay alang-alang sa pinaniniwalaan ninyo, sumulong lang kayo nang paisa-isang hakbang.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI DAVID GREEN

ITAAS: PAGLALARAWAN NI DAN BURR; *HIMALA SA QUINCY*, NI JULIE ROGERS; *SI JOSEPH SMITH SA PITAN NG LIBERTY*, NI GREG K. OLSEN

"Laksan Ninyo ang Inyong Loob"

Marami sa inyo ang may mga pagsubok at paghihirap. Dumarating ang ilan sa mga iyon dahil mayroong kalayaang pumili. Dumarating ang ilan sa mga iyon dahil mayroong kaaway. Ngunit kailangan ninyong malaman na mayroon tayong mapagmahal na Ama sa Langit at na mapagpapala tayo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa mga paraan na marahil hindi natin lubusang nauunawaan.

Sinasabi ng ilang mananalaysay na ang bilang ng mga Banal na tumakas mula sa Missouri hanggang sa Nauvoo noong taglamig ng 1838–39 ay aabot sa 8,000. Taglamig iyon. Nasaan si Joseph? Siya ay nasa Piitan ng Liberty, naghihinagpis dahil sa mga dinaranas ng mga Banal. Pakiramdam niya ay pinabayaan na siya.

Sa mapanganib na sitwasyong iyon, natanggap niya ang ilan sa pinakamagagandang banal na kasulatan—mga bahagi 121, 122, at 123 ng Doktrina at mga Tipan. Napakahalaga ng mga ito. Sana ay basahin ninyo ang mga ito. Ang *Mga Banal* ay may maikling salaysay tungkol sa pangyayaring ito:

"Nagsumamo si Joseph alang-alang sa mga inosenteng banal. 'Oh Panginoon,' sabi niya, 'hanggang kailan sila magdurusa sa mga kaapihang ito at hindi makatarungang kalupitan, bago ang inyong puso ay lumambot para sa kanila?'

"'Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa,' sagot ng Panginoon. 'Ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang; at muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway.'

"Tiniyak ng Panginoon kay Joseph na hindi siya nakakalimutan. 'Kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo,' sinabi ng Panginoon kay Joseph, 'alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.'

"Ipinaalala ng Tagapagligtas kay Joseph na hindi magdurusa ang mga Banal nang higit sa Kanyang dinanas. Sila ay mahal Niya at kaya Niyang wakasan ang kanilang pasakit, subalit sa halip ay pinili Niya na magdusang kasama nila, dinadala ang kanilang mga dalamhati at kalungkutan bilang bahagi ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ang ganitong paghihirap ang nagpuno sa Kanya ng awa, nagbibigay sa Kanya ng kapangyarihan na sumaklolo at dalisayin ang lahat ng babaling sa Kanya sa kanilang mga pagsubok. Hinimok Niya si Joseph na maging matatag at ipinangakong hindi Niya ito tatalikdan."

Inakala ni Elder Heber C. Kimball (1801–68) na palalayain si Joseph ng mga hukom ng Korte Suprema sa Missouri, ngunit nagdesisyon ang mga ito na huwag siyang palayain. Bumalik si Heber sa Piitan ng Liberty at, dahil hindi pinayagang pumasok sa loob ng piitan, kinailangan niyang isigaw ang masamang balita kay Joseph.

Masigla si Joseph at binati siya nito. "Laksan ninyo ang inyong loob," sabi niya. Pagkatapos ay inutusan niya si Heber na "paalisin nang mabilis ang lahat ng mga Banal hangga't maaari."[4]

Mayroong aral para sa inyo roon: lakasan ninyo ang inyong loob anuman ang inyong mga hamon. Kung mayroong mga bagay na nakakatukso sa inyo, lumayo kayo sa mga ito. Umasa sa Espiritu Santo. Ang halimbawa ni Joseph sa Piitan ng Liberty at ng mga Banal na tumakas mula sa Missouri papuntang Nauvoo ay magagandang halimbawa ng kalakasan at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Bilang isang Apostol, pinatototohanan ko si Jesucristo. Ako ay tunay na saksi sa Kanyang kabanalan. Gusto kong malaman ninyo na ginagabayan at pinamamahaaan Niya ang Simbahang ito sa paraang magpapala sa ating lahat. Pinatototohanan ko sa inyo na Siya ay buhay. ■

Para mapanood ang buong debosyonal, pumunta sa devotionals.ChurchofJesusChrist.org.

MGA TALA

1. Ang mga mapagkukunang ito ay matatagpuan sa history.ChurchofJesusChrist.org.
2. Tingnan sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball* (1945), 327.
3. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
4. Tingnan sa *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw, Tomo 1, Ang Pamantayan ng Katotohanan: 1815–1846* (2018), 445–46; saints.ChurchofJesusChrist.org.

Paglalarawan sa mga Pioneer sa India

Ni Taunalyn Rutherford
Adjunct professor, Religious Education, Brigham Young University

Nabago ng pakikipagkilala sa matatagal nang miyembro ng Simbahan sa India ang aking pananaw tungkol sa mga pioneer.

"Kapag naiisip ko ang mga pioneer," sabi nga sa awitin sa Primary, "naiisip ko ang matatapang na babae't lalaki."[1] Ang mga kuwento ng mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw na gumawa ng mga bagay na hindi pa nagawa ng iba ay matagal nang nagbibigay-inspirasyon sa akin. Bilang isang bata pang ina, ang mga kuwento ng kababaihang pioneer ay nagpaalala sa akin ng aking mga pagpapala sa mga huling araw. Maaari akong manganak sa isang ospital sa halip na sa isang kariton!

Ang kahulugan ng pioneer bilang "isang taong nauna upang ihanda o buksan ang daang susundan ng iba"[2] ay naglalarawan sa mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw na bahagi ng mga grupo ng mga bagon at kariton na nagtitipon sa Sion. Pero inilalarawan din nito ang mga makabagong pioneer at ang matatapat na desisyong ginawa nila sa iba't ibang panig ng mundo.

Noong ang aking limang anak ay pumapasok na sa paaralan, nagsimula akong mag-aral ng graduate studies tungkol sa kasaysayan ng relihiyon. Pinili kong saliksikin Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa India bilang paksa para sa aking PhD

Isang misyon ang itinatag sa Bangalore noong 1993, at hindi magtatagal ay magtatayo na ng templo rito.

dissertation. Nabago ng pagsasaliksik ko sa India ang aking pananaw tungkol sa mga pioneer.

Mga Haligi ng Simbahan

Maraming taon na ang nakararaan, bilang isang bata pang estudyante sa kolehiyo noong 1986, naglakbay ako sa Timog Asya kasama ang Brigham Young University Young Ambassadors. Ang karanasang iyon na nagpabago sa aking buhay ay kinabilangan ng paggugol ng isang araw sa Calcutta (na tinatawag ngayong Kolkata) kasama si Mother Teresa. Nakakatuwa ring makilala ang mga Banal sa mga Huling Araw na mga makabagong pioneer sa India at Sri Lanka.

Isa sa mga miyembrong ito si Raj Kumar, na natagpuan ang Simbahan nang dumalo siya sa isang pagtatanghal ng BYU Young Ambassadors noong 1982. Nang makilala namin siya, kababalik lang niya mula sa kanyang misyon sa Fresno, California, USA. Suot pa rin niya ang kanyang missionary name tag at patuloy siyang nagturo sa sinuman sa Delhi na handang makinig. Si Raj ay isa sa tinatayang 600 mga miyembro sa India noong panahong iyon, ngunit para sa akin, tila siya lang ang tanging Banal sa mga Huling Araw sa daan-daang milyong tao.

Noong 1986, nakilala ko si Raj Kumar pagkatapos ng kanyang misyon. Suot pa rin ang kanyang missionary name tag, ibinahagi niya ang ebanghelyo sa sinumang handang makinig.

Ang magkapatid na Suvarna at Sarala Katuka ay sumapi sa Simbahan noong 1984 at kalaunan ay nagmisyon.

Nabigyang-inspirasyon ako ng halimbawa ni Raj Kumar nang piliin kong magmisyon. Tapat ding ginawa ni Raj ang mga bagay na hindi pa nagawa ng iba para sa ilan sa mga unang katutubong Indian missionary na naglingkod sa bansa. Nakatanggap si Suvarna Katuka at ang kanyang mga kapwa missionary ng kaunting missionary training sa Chennai. Inatasan si Raj ng kanilang mission president, na nakadestino sa Singapore, na bigyan sila ng karagdagang training sa Delhi.

Naaalala ni Suvarna Katuka kung paano nagbago ang kanilang gawaing misyonero dahil sa halimbawa at training na ibinigay ni Raj Kumar. Nagawa nilang palitan ng higit na pananampalataya at katapangan ang kanilang mga takot at pangamba. Ipinaliwanag ni Suvarna, "Sa palagay ko, noon nagsimula ang aking tunay na pagbabalik-loob. Nadama ko ang Espiritu Santo, at noon ako nagpasiyang tumulong na itatag ang kaharian dito sa India."[3]

Sumapi si Suvarna sa Simbahan sa Rajahmundry. Siya, kasama ang limang kapatid na lalaki at isang kapatid na babae, ay nabinyagan noong 1984. Sa araw ng kanyang binyag, si Suvarna ay naorden bilang priest at itinalaga bilang pangalawang tagapayo sa branch presidency. Pinangakuan din siya sa isang basbas na kung mananatili siyang tapat, siya ay magiging isang "haligi ng Simbahan sa India."

Nagmisyon din ang kapatid na babae ni Suvarna na si Sarala. Bago siya umalis, itinuro niya ang ebanghelyo sa kanyang kaibigan na si Swarupa. Pagbalik ni Suvarna mula sa kanyang misyon, siya ay pinagpala ng gawaing misyonero ng kanyang kapatid na babae at ikinasal kay Swarupa. Ang maliit na branch na iyon sa Rajahmundry ay isa na ngayong stake. Maraming returned missionary mula sa Rajahmundry

Sina Elder Kandavalli, Sharma, Katuka, at Raju.

Ang pamilya nina Elsie at Edwin Dharmaraju noong araw na nabinyagan sila.

Dahil sa tapat na paglilingkod ng maraming miyembro ng Simbahan sa India, sila ay naging mga tunay na haligi ng Simbahan.

ang naging mga lider ng Simbahan sa iba't ibang panig ng India.

Nakilala ko ang mga anak nina Suvarna at Swarupa Katuka habang nagtuturo ako sa BYU noong 2014. Katatapos lang magmisyon ni Josh Katuka sa Bangalore, India at katatanggap lang ng kanyang kapatid na babae na si Timnah ng tawag sa mission ding iyon. Nang tanungin ko sina Timnah at Josh kung kilala nila si Raj Kumar, sabi nila, "Opo, tito namin siya!" Pinakasalan ni Raj Kumar si Sarala.

Nagpapasalamat ako sa mga Katuka sa pagpapakilala sa akin sa iba pang mga pioneer habang tinutulungan nila akong maglakbay sa India. Nakilala ng marami sa kanila ang Simbahan dahil sa pagmamahal at halimbawa ng pamilya Katuka. Minsan, nagkaroon ng pagkakataon sina Suvarna at Swarupa na lumipat sa Canada. Ngunit hindi nila iyon tinanggap dahil nadama nila na kailangan ng Panginoon na manatili sila sa India para itatag ang kaharian ng Diyos doon. Dahil sa kanilang tapat na paglilingkod, sila ay naging mga haligi ng Simbahan.

Mga Miyembrong Pioneer sa Bengaluru at Hyderabad

Noong huling kalahati ng ika-20 siglo, naitatag ang Simbahan sa iba't ibang lungsod sa India sa pamamagitan ng mga miyembrong pioneer.[4] Bawat kuwento ay nagpapatotoo kung paano inaakay ng Panginoon ang mga tao sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Si Michael Anthoney, isang miyembrong pioneer sa Bangalore (na tinatawag ngayong Bengaluru), ay mahimalang nagkaroon ng ugnayan sa isang miyembro ng Simbahan noong 1970. Nang magpunta si Delwin Pond, isang bishop sa Utah, sa isang chiropractor dahil sa pananakit ng likod, nakita niya sa tanggapan ng chiropractor ang isang artikulo sa magasin tungkol sa isang hindi pangkalakal na organisasyon na sumusuporta sa mga estudyante sa India. Nakadama siya ng malakas na pahiwatig na suportahan ang isa sa mga estudyanteng ito. Humantong ito sa 10 taon na pagsusulatan ng dalawang taong hindi magkakilala na nagtapos sa pakikipag-ugnayan ng mga Pond kay Michael at pagbabahagi nila ng ebanghelyo sa kanya. Nabinyagan si Michael noong 1981 at nagmisyon siya sa Salt Lake City noong 1982. Umuwi siya nang maaga dahil malubha ang sakit ng kanyang ina, kaya sa huling tatlong buwan ng kanyang misyon, naglingkod siya sa Bangalore, kung saan tinuruan niya ang ilan sa kanyang mga kaibigan at ang iba pa na naging mga miyembro ng unang

LARAWAN NG HYDERABAD NG GETTY IMAGES

Ipinakilala ni Delwin Pond (gitna) si Michael Anthoney sa Simbahan noong 1981.

Hyderabad, isang lungsod na mayroong mahigit 8 milyong mga tao at tahanan ng unang stake sa India.

branch doon.[5] Ngayon, may mga plano nang magtayo ng templo sa Bengaluru.

Sina Elsie at Edwin Dharmaraju ay sumapi sa Simbahan sa Samoa at pinauwi ni Pangulong Spencer W. Kimball sa kanilang tahanan sa Hyderabad bilang mga missionary sa kanilang pamilya. Noong 1978, 22 sa mga kapamilya nina Elsie at Edwin ang nabinyagan, at dito nagsimulang maorganisa ang unang stake sa bansa sa Hyderabad noong 2012.[6]

Inilalarawan ngayon ng mga miyembro ng Hyderabad Stake ang kanilang mga sarili bilang mga pioneer sa mga huling araw. Ginugunita sa mga pagdiriwang ng Araw ng Pioneer sa kanilang stake ang paglalakbay ng mga naunang pioneer pati na rin ang mga paglalakbay ng mga makabagong pioneer. Kasama sa kanilang mga pagdiriwang ang square dancing, commemorative hiking, at maging ang pagsakay sa mga kariton.

Sa kanilang pagdiriwang ng Araw ng Pioneer noong 2014, naglagay sila ng mga bloke ng yelo sa isang hilera sa likod ng Simbahan at inanyayahan nila ang mga miyembro na hubarin ang kanilang mga sapatos at maglakad patawid sa yelo habang iniisip kung paano tumawid ang mga naunang pioneer sa mga nagyeyelong ilog. Sa pagtatapos ng kanilang pagdiriwang, hinikayat ang mga miyembro ng Hyderabad stake na alalahanin ang diwa ng mga naunang pioneer at na "lahat sila ay mga pioneer sa kanilang mga pamilya."[7]

Nakinig din sila sa mensahe ni John Santosh Murala, na noon ay naglilingkod sa mission presidency, kung paano napunta ang kanyang Tita Elsie at Tito Edwin Dharmaraju sa Hyderabad para ituro ang ebanghelyo sa kanilang pamilya. Si John ang pinakabata sa 22 mga miyembrong pioneer na nabinyagan noong 1978.

Nang bumisita ako sa Hyderabad noong 2014, ibinahagi sa akin si John Murala ang kanyang kuwento at ang karamihan sa kasaysayan ng Simbahan na masigasig niyang tinipon. Ipinakilala niya rin ako sa kanyang asawa na si Annapurna, na nagbahagi sa akin ng isa sa pinakamagagandang kuwento tungkol sa mga pioneer na narinig ko.

Si Annapurna ay 12 taong gulang nang ituro ng dalawang missionary ang ebanghelyo sa kanyang kapatid na si Murthy sa Hyderabad noong 1991. Hindi siya pinayagan ng kanyang mga magulang na makinig

Ipinapakita rito sina Annapurna at John Murala, na mga miyembrong pioneer sa Hyderabad, na tumutulong sa isang pagsasadula ng paglalakbay ng grupo ng mga kariton at sa araw na nabuklod sila sa Hong Kong Temple.

Ginugunita ng mga miyembro ng Hyderabad stake, ang Araw ng Pioneer sa pamamagitan ng awit, sayaw, at maging ng mga pagsakay sa mga kariton.

Ang stake center ng Hyderabad India Stake, inorganisa noong 2012 ni Pangulong Dallin H. Oaks.

Inilalarawan ng mga miyembro ng Simbahan sa India ang kanilang mga sarili bilang mga pioneer para sa kanilang mga pamilya habang sinisikap nilang ipamuhay ang ebanghelyo.

sa mga missionary o magsimba. Gayunman, binigyan siya ni Murthy ng Aklat ni Mormon at ng patuloy na supply ng mga babasahin ng Simbahan para basahin niya. Sa loob ng pitong taon, mag-isang pinag-aralan ni Annapurna ang ebanghelyo at nagkaroon siya ng malakas na patotoo sa katotohanan nito. Pinangarap niyang mabinyagan, magmisyon, at makasal sa templo ngunit hindi siya pinayagan ng kanyang mga magulang.

Naharap si Annapurna sa isang mahirap na desisyon nang ipakilala siya kay John Murala. Nanatiling matatag si John sa kanyang patotoo mula nang binyagan siya noong 1978 at naghanap siya ng mapapangasawang miyembro ng Simbahan. Pagkatapos ng isang napakaikling pagkikita kung saan nagpatotoo si Annapurna tungkol sa ebanghelyo, nakumbinsi si John na nakilala na niya ang mapapangasawa niya. Alam ni Annapurna na kung pakakasalan niya si John, mabibinyagan siya at balang-araw ay mababuklod sila sa templo. Gayunman, halos kasabay nito, nagpaplano ang mga magulang ni Annapurna na ipakasal siya sa iba.

Pinili ni Annapurna ang mahirap na desisyong lumisan sa kanilang tahanan at magpakasal kay John. Nadama niya na iyon lang ang tanging paraan para makasapi siya sa Simbahan. Sabi niya "napakasakit" para sa kanya na iwanan ang kanyang mga magulang. Ngunit hanggang ngayon ay pinagtitibay niya, "Para sa kaligtasan ng lahat, . . . para sa aking mga inapo at para sa aking mga magulang at sa kanilang mga ninuno, para magawa ang gawain sa templo para sa kanila, kinailangan kong gawin iyon."[8]

Nagpapasalamat sina John at Annapurna na natanggap na ng mga magulang ni Annapurna ang kanilang pagsasama. Maraming miyembro sa India ang nagsakripisyo, tulad ng mga naunang pioneer, para maging miyembro ng Simbahan. Subalit ang mga Banal na ito ay nagpatuloy sa paglalakad nang may pananampalataya dahil nakikita nila ang kanilang mga sarili bilang mga pioneer at tagaugnay ng kanilang mga pamilya sa magkabilang panig ng tabing. Pinahahalagahan ko ang maraming kuwento ng pananampalataya, sakripisyo, at katapangan na narinig ko mula sa mga miyembro na gumagawa ng mga bagay na hindi pa nagawa ng iba sa mga bagong hangganan ng

Guhit ng artist ng Bengaluru India Temple. Ang lugar ay kabibilangan ng isang meetinghouse, isang distribution center, mga opisina ng Simbahan at matutuluyan ng mga patron ng templo.

ebanghelyo. Naiisip ko pa rin ang mga pioneer na humihila ng mga kariton at tumatawid sa mga nagyeyelong ilog, ngunit ngayon ay kaya ko nang ilarawan ang mga makabagong pioneer sa India at sa iba't ibang panig ng mundo.

Sa huli, ang lahat ng matatapat na pagpiling hindi pa nagawa ng iba ay ginawa bilang pagsunod sa mga yapak ng Tagapagligtas na si Jesucristo. Sa Bagong Tipan, si Cristo ay tinatawag na "siyang may gawa ng [ating] kaligtasan" (tingnan sa Hebrews 2:10, New Revised Standard Version). Naihanda na ni Jesucristo ang daan para makabalik tayo sa ating tahanan sa langit. Sinusundan ng mga tunay na pioneer si Cristo at itinuturo tayo sa Kanya, na namumuno sa kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain na ito sa mga huling araw. ■

MGA TALA

1. "Whenever I Think about Pioneers," *Children's Songbook,* 222–23.
2. *Oxford English Dictionary* (1971), "Pioneer." Tingnan din sa Thomas S. Monson, "Ipinakita ng mga Espirituwal na Pioneer ang Daan," *Liahona,* Ago. 2006, 3.
3. Suvarna Katuka, panayam sa pasalitang kasaysayan na isinagawa ni Taunalyn Rutherford, Mayo 2014, Delhi, India.
4. Marami sa mga kuwento ng mga pioneer mula sa India ang matatagpuan sa bahaging Church History ng Gospel Library sa ilalim ng "Global Histories."
5. Tingnan sa "A History of the Church in India," tinipon ni Jerry C. Garlock (hindi inilathala, 1995), 49–50.
6. Tingnan sa "I Will Establish a Church by Your Hand," history.ChurchofJesusChrist.org.
7. Tingnan sa "Hyderabad Stake Pioneer Day Activity," lds.org.in/hyderabad-stake-pioneer-day-activity.
8. Annapurna Guru Murala, panayam sa pasalitang kasaysayan na isinagawa ni Taunalyn Rutherford, Hyderabad, India, Mayo 7, 2014. Tingnan din sa Rochelle Welty at Jan Pinborough, "God Had His Own Plans for Me," *Liahona,* Abr. 2003, 30–32.

Ni Travis Ewell

Ilang taon na ang nakararaan, sinubaybayan ko sa social media ang pag-uusap ng dalawa sa mga dati kong kompanyon sa misyon. Minahal at iginalang ko ang mga lalaking ito.

Pinag-uusapan nila ang kanilang mga tanong tungkol sa Simbahan at sa doktrina nito. Kalaunan ay naging malinaw na pareho silang tumalikod sa Simbahan. Nagulat at nabahala ako dahil dito. Noon ko lang narinig ang ilan sa mga bagay na pinag-uusapan nila. Nadama ko na parang kailangan kong malaman kung totoo ang mga bagay na ito. Kaya sinimulan kong pag-aralan ang mga pangangatwiran ng mga taong may mga alalahanin tungkol sa Simbahan.

Ang ilan sa mga bagay na nabasa ko sa loob ng sumunod na dalawang taon ay nag-udyok sa akin na pagdudahan ang lahat ng tungkol sa Simbahan. Ang ilang nakakaranas nito ay nalulungkot. Nagdadalamhati sila sa pagkawala ng kanilang pananampalataya. Nagalit ako. Nadama ko na nalinlang ako ng Simbahan. Hindi ko na sigurado kung ano ang totoo o kung sino ang maaari kong pagkatiwalaan.

Nahirapan akong magsimba. Hiniling kong ma-release ako mula sa aking tungkulin. Naapektuhan ang pagsasama namin ng aking asawang si Cheri at maging ang aking pamilya. Patuloy akong nagsimba pero pakitang-tao lang iyon para mapanatiling buo ang aking pamilya. Magulo ang aking buhay. Hindi ko madama ang Espiritu at nagduda ako kung nadama ko na nga ba talaga ang Espiritu Santo o hindi.

Nang papaalis na ang aking panganay na anak na si Kayson patungo sa kanyang misyon, ginawa kong mapanglaw ang dapat sana'y napakasayang okasyong iyon. Pagkaraan ng dalawang taon, alam na ng karamihan sa aking mga kapamilya kung ano ang pinagdaraanan ko. Nang magpunta silang lahat sa templo para sa unang pagpasok ni Kayson, wala ako roon.

Sa lahat ng ito, pakiramdam ko ay talagang nag-iisa ako.

Suporta sa Buong Paligid Ko

Isang araw, nagtipun-tipon ang aking mga kapatid para kausapin ako tungkol sa pinagdaraanan ko. Sa totoo lang,

MGA PAGLALARAWAN NI MARK SMITH

Noong Nadama Ko na Nalinlang Ako Tungkol sa Simbahan

Kung bakit ako umalis. At kung bakit ako bumalik.



hindi ko na maalala kung ano ang sinabi nila, pero alam kong ginawa nila iyon dahil mahal nila ako. Nang mag-usap-usap kami, unti-unti kong natanto kung ano ang nawawala sa akin. Ito ang naghikayat sa akin na magbago. Ako dapat ang nag-orden kay Kayson bilang elder. Ako dapat ang sumama sa kanya sa pagpasok sa templo. Ako dapat ang nagbigay sa kanya ng basbas ng isang ama bago siya umalis. Ako dapat ang naroon sa pinakamahahalagang pangyayaring iyon sa kanyang buhay, hindi ibang tao. Naaalala kong itinanong ko sa aking sarili, "Ano ang ginagawa ko?"

Hindi nagtagal, nabigyang-inspirasyon ang isang mabuting kaibigan na ipakilala ako sa isang miyembro ng kanyang stake presidency. Nakinig nang mabuti ang mabait na lalaking ito sa aking kuwento at tila alam na niya kung ano ang sasabihin ko bago ko pa iyon masabi. Matagal kaming nag-usap. Ang aking kuwento, ang aking mga tanong, at ang pangangatwirang nalantad sa akin ay katulad na katulad ng naibahagi ng iba sa kanya. Unti-unti kong natanto na may mga makatwirang sagot para sa karamihan ng aking mga alalahanin at na karamihan ng aking mga tanong, bagama't taimtim, ay sadyang itanim ng mga taong gustong manira ng pananampalataya.

Nalutas ba kaagad ang lahat ng aking mga tanong at alalahanin? Siyempre hindi. Pero lumambot ang puso ko kaya natanto ko ang isang dakilang katotohanan: hindi masamang magtanong, pero mas mahalaga ang ilang tanong kaysa sa iba.[1] Sulit bang mawala ang aking pamilya at katayuan sa harap ng Diyos dahil lang sa ilang tanong na hindi nasagot? Nang pagtuunan ko muna ang pinakamahahalagang tanong at unahin ko ang Diyos sa aking buhay, unti-unti kong nahanap ang mga sagot na nagbigay ng katiyakan sa akin na pabalik na ako sa tamang landas.

Tinulungan din ako ng aking stake president at bishop. Naging malaking tulong sila sa amin ni Cheri sa mahihirap na sandaling iyon. Hindi sila sumuko kailanman. Sila at ang aking pamilya sa magkabilang panig ng tabing ay naging mahalagang kasangkapan sa pagtulong sa akin. Alam ko na kilala at mahal tayo ng Ama sa Langit. Naglalagay Siya ng mga tao sa ating landas kapag kailangan natin sila.

Kailangan lang nating maging handa na tanggapin ang kanilang tulong.

Ano ang Gagawin Kung Ikaw Iyon

Alam ko na may iba pang tao sa mundo na maaaring ganito rin ang pinagdaraanan. Maaaring ikaw iyon o isang taong kakilala mo.

Alam ko na itinatag ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan na may awtoridad na ibigay ang mga ordenansa at tipang kailangan natin para makabalik sa Kanya. Hindi tumitigil si Satanas sa paninira sa Simbahan ng Panginoon gamit ang anumang posibleng paraan. Madaling mag-udyok ng pagtatanong at pag-aalinlangan. Maaaring mahulog ang sinuman sa mga patibong ni Satanas. Mas madaling umasa sa impormasyon at mga sagot na ibinibigay ng iba kaysa magsikap na tuklasin ang katotohanan para sa ating mga sarili "sa pamamagitan ng pag-aaral at *gayon din* sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ngunit sa huli, iyon ang hinihingi ng Diyos.

Kung nakikibaka ka sa mga tanong o pag-aalinlangan tungkol sa Simbahan o sa iyong pananampalataya, hindi mo mahahanap ang katotohanan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga blog o pakikinig ng mga podcast mula sa mga taong hindi sang-ayon sa Simbahan o tumalikod dito. Ngunit hindi ka rin siguro masisiyahan sa mababababaw na sagot, at maaaring hindi mo magustuhan ang mungkahi na "hintaying masagot ang iyong mga tanong sa takdang panahon."

Nang pagtuunan ko muna ang pinakamahahalagang tanong at nagtiwala ako sa Diyos, unti-unti kong nahanap ang mga sagot na nagbigay ng katiyakan sa akin na pabalik na ako sa tamang landas.

Nalaman ko na hindi maaaring palagi tayong nakaasa sa kaalaman at patotoo ng iba, kundi sa halip ay kailangan nating bumaling sa Diyos na siyang pinagmumulan ng lahat ng liwanag at katotohanan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:26). Kailangan nating pag-aralan ito sa ating isipan, ngunit kailangan din nating itanong sa Diyos kung tama ang ating iniisip (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 9:8). Kailangan nating matuto para sa ating sarili, tulad ng ginawa ni Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:20), at magtiyaga sa ating paghahanap (tingnan sa Alma 32:41). Ngunit para matuto tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, kailangan nating patunayan ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsasabuhay nito (tingnan sa Juan 7:17; I Mga Taga Tesalonica 5:21).

Noong pinag-aaralan ko ang mga bagay na kumakalaban sa Simbahan, nadama ko na parang literal akong nasa abu-abo ng kadiliman (tingnan sa 1 Nephi 8:23–24; 12:17). Nang tanggapin at pag-aralan ko ang salita ng Diyos para mapalapit sa Kanya,

MGA TANONG NA HINDI PA NASASAGOT KUMPARA SA MGA KATIYAKAN SA DOKTRINA

"Kaya kong tiisin ang ilang kamalian ng tao, kahit ng mga propeta ng Diyos—likas na iyan sa mga mortal na nilalang. Kaya kong tanggapin ang sinasabing mga tuklas ng siyensya na salungat sa Aklat ni Mormon; darating ang panahon na malulutas din ang mga ito. At kaya kong tiisin ang tila masasamang pangyayari sa kasaysayan; maliliit na bagay lang ito kumpara sa buong katotohanan. Ngunit hindi ako mabubuhay kung wala ang mga katotohanan ng doktrina at mga ordenansang ipinanumbalik ni Joseph Smith, hindi ako mabubuhay kung wala ang priesthood ng Diyos na magpapala sa aking pamilya, at hindi ako mabubuhay kung hindi ko alam na ang aking asawa at mga anak ay nakabuklod sa akin sa kawalang-hanggan. Ito ang pagpili na ating haharapin—ilang tanong na hindi nasagot kumpara sa napakaraming katiyakan sa doktrina at kapangyarihan ng Diyos."

Si Elder Tad R. Callister ay naglilingkod sa Panguluhan ng Pitumpu nang ibigay niya ang mensaheng ito, "Ano ang Blueprint ng Simbahan ni Cristo?" (debosyonal ng Church Educational System para sa mga young adult, Ene. 12, 2014), broadcasts.ChurchofJesusChrist.org.

iyon lamang ang kailangan Niya para isugo ang Kanyang Espiritu upang antigin ang aking puso.

Sapat na Ba ang Pag-asa?

Ilang linggo pagkaalis ni Kayson papuntang misyon, binisita ako ng aking stake president. Ikinuwento ko sa kanya kung ano ang nangyari sa mga linggong iyon pagkatapos akong kausapin ng aking mga kapatid. Sinabi ko na gusto kong kumuha ng bagong temple recommend. Itinanong niya kung masasagot ko nang wasto ang mga tanong sa recommend. Nagtapat ako, "President, sa palagay ko ay hindi ko pa masasabing alam ko na totoo ang Simbahan, pero buong puso akong umaasa na totoo ito. At mamumuhay ako alinsunod sa pag-asang iyon. Sapat na ba iyon?"

Napatigil siya sandali at pagkatapos ay nagsabing, "Travis, palaging sapat na iyon."

May ilang bagay pa akong hinihintay na maunawaan, pero naging napakalinaw na sa akin ng ilang bagay. Alam ko na mahal ako ng Ama sa Langit. Alam ko na maaaring malihis at mahirapan tayo sandali. Pero alam ko na sa pamamagitan ni Cristo, ng Kanyang Pagbabayad-sala, at ng pag-asang dulot nito, posibleng makabalik sa landas na hahantong pabalik sa Kanya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

TALA

1. Tingnan sa Lawrence E. Corbridge, "Stand Forever," (Brigham Young University devotional, Ene. 22, 2019), speeches.byu.edu.

MGA IDEYA SA PAGTULONG SA ISANG TAONG MAHAL MO

Tulad ko, maraming taong may mga tanong o pag-aalinlangan na nakakadamang tila hindi sila kabilang sa Simbahan. Ngunit hindi natin maaaring balewalain ang mga taong ito o ang iba. Inutusan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga tao na "patuloy na [maglingkod]" sa kanila dahil hindi natin alam kung kailan sila babalik sa Kanya at mapapagaling (tingnan sa 3 Nephi 18:22–32).

Narito ang limang paraan na maaari tayong patuloy na maglingkod sa mga taong nakikibaka sa mga pag-aalinlangan tungkol sa Simbahan para madama nilang tanggap sila, piliin man nilang bumalik o hindi.

1. **Patuloy na magmahal.** Sa buong pakikibaka ko, pakiramdam ko ay tila nag-iisa ako. Siyempre, hindi ako pinabayaan ng Ama sa Langit, pati na ng aking pamilya o mga lider sa Simbahan. Ang pagkadama ng Kanyang pagmamahal sa pamamagitan nila ay nakatulong sa akin na malaman na maaari akong bumalik.
2. **Patuloy na tumulong.** Ang pagmamahal sa iba ay hindi dapat nakabatay sa kanilang mga paniniwala, sa kanilang pakikibahagi sa Simbahan, o maging sa nadarama nila tungkol sa atin. Inuutusan tayo ni Jesus na tumulong hindi lamang sa mga mahal natin sa buhay, kundi maging sa iba (tingnan sa Mateo 5:46–47).
3. **Patuloy na umasa.** Tayo ay nag-aayuno, nagdarasal, matiyagang nanonood at naghihintay, at hindi kailanman mawawalan ng pag-asa. "Gumawa ng mga paraan ang Diyos para mailigtas ang bawat isa sa Kanyang mga anak" (Henry B. Eyring, "Sa Aking mga Apo," *Liahona,* Nob. 2013, 71).
4. **Igalang ang kanilang kalayaan.** Magkaroon ng pag-asa ngunit igalang ang kanilang mga desisyon. Hindi kailangang kumbinsihin natin sila o makipagtalo tayo sa kanila tungkol sa doktrina. Tulad ng alibughang anak, marami sa atin ang kailangang magkaroon ng kaunting kaganapan sa buhay na magpapalambot muna sa ating mga puso.
5. **Pakitunguhan sila nang may dignidad, hindi sa paraan na parang masama sila.** Iwasan ang mga pahayag na mapanghusga, mapamintas, o mapanghamak. Ang mga taong makatwiran ay maaaring magkaroon ng mga paniniwalang naiiba sa atin, at dapat igalang natin sila sa paraang inaasahan nating igagalang nila tayo.

Sa palagay ko ay hindi ko pa masasabing alam ko na totoo ang Simbahan, ngunit umaasa ako na totoo ito at mamumuhay ako alinsunod sa pag-asang iyon.

Mahalin Mo, Ililigtas Niya

Ipinagdasal namin na baguhin ang mga puso ng aming mga anak. Pagkatapos ay natanto namin ang isang di-komportable (ngunit nagpapalayang) bagay.

Ni Krista Rogers Mortensen

Pinalaki naming mag-asawa ang aming mga anak sa ebanghelyo. Nagdaos kami ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan tuwing umaga, panalangin ng pamilya, at lingguhang family home evening. Kami ay nagsimba, sama-samang naghapunan, at nagbakasyon bilang pamilya. Regular na dumalo ang aming mga anak sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay, nakapagtapos sila ng seminary, at dalawa sa kanila ang nakapagmisyon.

At pagkatapos, bilang mga adult, nagsimula silang magsiyasat ng mga landas at ideyang naiiba sa mga bagay na itinuro namin sa kanila. Isa-isang tumigil ang aming mga anak sa pakikibahagi sa Simbahan hanggang sa isa na lang sa lima naming anak ang pumili pa ring patuloy na dumalo. Maraming luha ang iniyak namin dahil sa aming mga anak at inisip namin kung nabigo kami bilang mga magulang o kung may ibang bagay pa sana kaming nagawa.

Sa mahabang panahon, sumamo kami sa Panginoon na baguhin ang kanilang mga puso, at sa wakas ay sinagot ng Panginoon ang aming mga panalangin. Ngunit hindi sa paraang inaasahan namin.

Sa halip na basta lang baguhin ang mga puso ng aming mga anak, ipinakita Niya sa amin na kailangan naming simulang baguhin ang sarili naming mga puso. Bagama't mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak, ipinaalala Niya sa amin na si Jesucristo ang kanilang Tagapagligtas at Hukom.

Sa determinasyon kong iligtas ang aking mga anak, gumugol ako ng maraming oras sa pagdarasal, pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan, at pagpunta sa templo dahil iniisip ko na kapag ginawa ko ang lahat ng mga tamang bagay, magiging karapat-dapat ako sa tulong ng Diyos—na sa pamamagitan ng mga ginagawa ko, kahit paano ay mahihikayat ang Diyos na supilin ang kanilang kalayaan at pilitin silang manalig tulad ko.

Gustung-gusto naming mag-asawa na iligtas sila, ngunit ang aming bersyon ng pagliligtas

ay mas nagmukhang pagsesermon, paninisi, o pagpapakita ng pagtutol sa kanilang mga pagpili kaya nauwi ito sa pagtatalo. Natanto namin na sa pagkadesperado naming maibalik ang aming mga anak, hindi namin namalayan na lalo lang namin silang itinataboy palayo. Nang mas madama nila ang aming panghuhusga at pagkadismaya, mas iniwasan nila kami.

Ang aking mga panalangin ay naging pagsamo na baguhin ang sarili kong puso. Natanto ko na hindi tama ang pinagmumulan ng hangarin kong magbago ang aking mga anak. Ipinagdasal kong magkaroon ako ng higit na pagmamahal. Hiniling ko rin na madaig ko ang nadarama kong kahihiyan na ang aking pamilya ay hindi tulad ng mga perpektong pamilyang ipinapakita ng aking mga kaibigan sa social media na may mga larawan ng mga kasal sa templo ng kanilang mga anak o mga binyag ng kanilang mga apo.

Nang bumaling ako sa Tagapagligtas para mapagaling, nagsimulang lumambot ang aking puso sa aking mga anak. Natanto ko na para mahalin sila tulad ng pagmamahal Niya sa kanila, kailangan kong gumawa ng ilang pagbabago. Para sa Kanya, ang pagmamahal ay hindi isang pamamaraan—iyon ang pangganyak sa likod ng lahat ng ginawa Niya. Sabi Niya hindi Siya gumawa "ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan; sapagkat mahal niya ang sanlibutan" (2 Nephi 26:24).

Ang pagtitiwala sa kakayahan ng Tagapagligtas na gawin ang Kanyang gawain (tingnan sa 2 Nephi 27:20) ay nagtulot sa akin na magtuon sa pagmamahal sa aking mga anak at ipaubaya ang pagliligtas sa Panginoon. Hindi ito nangahulugan na sumuko na ako sa pagtulong sa kanila, ngunit noong ang pagmamahal sa kanila ang naging pangunahing dahilan ng pakikisalamuha ko sa kanila, binago nito *kung paano* ako nakisalamuha.

Sinimulan ko silang tingnan sa ibang paraan. Nagsimula akong magtuon sa kanilang mga kalakasan at talento, at nakita ko na sila ay mga mapagmahal, mapagbigay, matalino, at mabuting tao.

Mas nakinig kaming mag-asawa at hindi kami gaanong nagsalita. Nagtanong kami tungkol sa kanilang mga buhay at interes. Nagpakita kami ng pananabik sa halip na panghuhusga. Pinalitan namin ng mga pahayag ng pagmamahal ang pamimintas at pagkadismaya, at nadama ng aming mga anak na taos-puso iyon.

Ang aming tahanan ay naging lugar kung saan nadarama nila ang pagmamahal at pagtanggap. Hindi na sila nagtatago ng mga bagay-bagay sa amin at nagsimula silang maging tapat at bukas tungkol sa nangyayari sa kanilang mga buhay. Mas napalapit kami sa isa't isa.

Hindi pa rin perpekto ang aming pamilya, ngunit ngayon ay masaya na ang aming mga anak na umuwi sa aming tahanan at gumugol ng oras sa piling namin. Napapanatag sila kapag kasama nila kami, at sa pamamagitan ng aming pagmamahal, sana ay madama nila ang pagmamahal ng Diyos para sa kanila. Hindi ko alam kung sa buhay na ito ay babalik sila sa mga bagay na itinuro sa kanila noong bata pa sila, ngunit alam ko na sila ay nasa mga kamay ng Tagapagligtas. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Ano ang Nakatulong sa Akin

panalangin

pagsamo na baguhin ang aking puso

pananaw

pagtingin sa aking mga anak sa ibang paraan

pagmamahal

huwag lamang basta magsalita—makinig rin

pagtitiwala

ang aking mga pagsisikap ay katuwang ng sa Diyos

Isinantabi Nila ang Kanilang mga Pagsubok

Ni Natalie Jones, Utah, USA

Noong araw na iyon, sina Kendra, Brent, at Tyson ay mga tunay na halimbawa ng paglilingkod na katulad ng kay Cristo.

Lahat tayo ay nakakaranas ng tagumpay at kabiguan sa buhay, ngunit ang 2013 ay napakahirap na taon para sa aming pamilya. Nagkaroon kami ng maraming di-inaasahang gastos sa pagpapaayos ng bahay at sasakyan. Nawalan ng trabaho ang asawa kong si Ryan, at ang bunso namin ay isinilang na may mga kumplikasyon at kinailangang manatili nang ilang linggo sa neonatal intensive care unit. Nahirapan din ako sa postpartum depression. Ang mga sitwasyong ito, kasama na ang pagiging magulang sa apat na maliliit na anak, ay nagdulot sa amin ng mga paghihirap sa pinansyal at emosyonal.

Nakahanap si Ryan ng bagong trabaho, pero mahaba ang oras ng kanyang trabaho at kinakailangan niyang mawala sa bahay nang ilang linggo.

Ang aming limang taong gulang na anak na si Wesley ay palaging balisa dahil madalas mawala ang kanyang ama. Palagi siyang nagigising sa gitna ng gabi dahil sa bangungot.

Tinutulungan ako ng aming mga kamag-anak kapag libre sila, pero madalas pa rin akong makaramdam ng kapaguran at pag-iisa. Alam ko na mahal ng Ama sa Langit ang aking pamilya at alam Niya ang nangyayari sa amin, pero pakiramdam ko ay parang lubog na kami sa problema.

Isang hapon, habang nasa ibang lugar si Ryan dahil sa trabaho, iniuwi ko ang aking mga anak mula sa paaralan at desperadong nanalangin para sa tulong. Kalaunan noong gabing iyon, kumatok sa aming pintuan ang aking kapitbahay na si Kendra. Alam niya ang tungkol sa aming sitwasyon kaya kinumusta niya ako. Wala akong balak na dumaing sa kanya, at siya ang huling taong maiisip kong hingan ng tulong. Ang asawa niyang si Brent ay apat na taon nang nakikipaglaban sa kanser.

Sinabi ko kay Kendra na ayos lang ako, pero taos-puso siyang nagtanong muli. Napaluha ako habang sinasabi ko sa kanya ang aking mga problema. Nang sabihin ko sa kanya ang tungkol sa pagkabalisa at mga bangungot ni Wesley, itinanong niya kung gusto kong pabasbasan si Wesley kay Brent.

Maya-maya pa, nasa pintuan na namin sina Kendra at Brent at ang kanilang panganay na anak na si Tyson na nakasuot ng pansimba. Mahina na ang katawan ni Brent. Siguradong halos maubos ang lakas niya para lang makapunta sa aming bahay. Binasbasan niya si Wesley, at binasbasan ako ni Tyson.

Noong araw na iyon, sina Kendra, Brent, at Tyson ay mga tunay na halimbawa ng paglilingkod na katulad ng kay Cristo. Isinantabi nila ang kanilang mga pagsubok para taos-pusong makapagbigay sa amin ng pagmamahal at pakikiramay. Pinagpala ako na sinagot ng Ama sa Langit ang aking panalangin sa magiliw na paraang ito. Namatay si Brent pagkaraan ng dalawang linggo.

Noong araw na iyon sa aming tahanan, tumayo si Brent bilang isang saksi ng Diyos sa pamamagitan ng matwid na paggamit ng priesthood (tingnan sa Mosias 18:9). Para sa akin, sagrado iyon dahil ang kanyang paglilingkod sa aming pamilya ang isa sa mga huling ginawa niya sa mundo. ■

PAGLALARAWAN NI TRENT GUDMUNDSEN

Ang Matapang na Airman

Ni Wayne L. Bell, South Dakota, USA

Walang sinumang nagtangkang sumagot sa drill instructor, ngunit nakakagulat na nagtaas ng kamay ang isang binatilyo.

Maraming taon na ang nakaraan, sumapi ako sa Hukbong Panghimpapawid ng Estados Unidos para magsilbi sa aking bansa. Hindi nagtagal ay kasama na ako sa boot camp sa Texas, USA. Mabagal ang paglipas ng mga linggo habang tinitiis ko ang maraming bagay na karaniwang nararanasan sa boot camp.

Isang araw, dumalo ako sa isang malaking miting na kinabibilangan ng mahigit 200 airmen na nagsasanay ding tulad ko. Nagsimula ang miting sa pagsigaw ng isa sa aming mga drill instructor—na palaging nagsasabi ng mahahalay na bagay—"Mayroon bang tutol sa pagpapalakad ko rito?"

Siyempre, walang sinumang nagtangkang sumagot, ngunit nakakagulat na nagtaas ng kamay ang isang binatilyo.

"Tumayo ka!" sigaw ng instructor. "Ano ang tinututulan mo?"

Lahat kami ay nakinig nang mabuti habang sumasagot nang malakas ang binatilyo, "Tutol po ako sa pagbanggit ninyo sa pangalan ng aking Tagapagligtas sa walang kabuluhan. Nasasaktan po ang aking damdamin. Nakikiusap po ako na itigil ninyo iyon."

Nanahimik ang lahat ng tao sa silid. Tinitigan siya ng instructor at tinanong kung sa anong relihiyon siya kasapi. Buong pagmamalaking sinabi ng matapang na airman, "Ako po ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw!"

Pinasalamatan ng instructor ang airman para sa kanyang katapangan na magsalita, at nagpatuloy ang miting. Malaki ang naging epekto nito sa akin. Madalas kong maisip na gusto kong magkaroon ng uri ng katapangang taglay ng airman na iyon.

Pagkatapos ng boot camp at medical training, nadestino ako sa himpilan ng hukbong panghimpapawid sa Colorado, USA. Isang araw, nakatanggap ako ng liham mula sa aking kuya na nakadestino sa Pilipinas. Sumapi siya sa hukbong panghimpapawid mga isang taon bago ako sumapi. Sinabi niya sa akin na naging miyembro siya ng Simbahan, at nais niyang makipagkita ako sa mga missionary. Biglang pumasok sa isip ko ang aking karanasan sa boot camp kasama ang matapang na airman. Nakipagkita kaming mag-asawa sa mga missionary, at hindi nagtagal ay nabinyagan kami.

Makalipas ang ilang buwan, pinabisita ko sa mga missionary ang aking nakababatang kapatid. Nabinyagan din siya at ang kanyang asawa. Kaming magkakapatid ay nagkaroon ng maraming anak at apo. Mahal naming lahat ang Panginoon at ang Kanyang Simbahan.

Hindi ko alam kung ano ang pangalan ng matapang na airman. Hindi ko na siya nakitang muli, ngunit magpapasalamat ako magpakailanman para sa kanyang katapangan na manindigan sa kanyang pananiniwalaan. ■

PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

Paghihintay sa Pangako

Ni Juana Moreno de Ruiz, Sonora, Mexico

Inilayo ng aking anak na babae ang kanyang sarili sa Simbahan, ngunit alam ko na pagpapalain siya ng mga bagay na itinuro sa kanya tungkol sa ebanghelyo.

Tatlong buwan bago ang aking ika-21 na kaarawan, nabinyagan ako kasama ang aking kapatid na babae, ina, at walong taong gulang na pamangking lalaki. Sa paglipas ng mga taon, kumapit kami nang mahigpit sa ebanghelyo sa kabila ng maraming pagsubok na naranasan namin.

Nang ikasal kaming mag-asawa, determinado kaming manatiling aktibo sa Simbahan. Nang magkaroon kami ng mga anak, sinikap naming mag-asawa na maging mababuting magulang at ituro ang ebanghelyo sa aming tahanan.

Isang araw dumalo ako sa isang kumperensya kasama ang aming isang taong gulang na anak na babae. Sa kumperensya, nagsalita ang isang Area Seventy tungkol sa tungkulin ng mga magulang na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak. Pagkatapos ay nagbigay siya ng isang pangako na nag-iwan ng malaking impresyon sa akin. Sabi niya: "Kung, pagkatapos ng lahat ng magagawa ninyo para ituro ang ebanghelyo, tumalikod ang isa sa inyong mga anak sa Simbahan, pagpapalain pa rin sila dahil sa alaala ng mga bagay na naranasan nila sa bahay."

Pinuspos ako ng pag-asa ng mga salita ng Area Seventy na iyon dahil may mga pamangkin akong babae at lalaki na tumalikod na sa Simbahan. Pagkaraan ng ilang taon, tumalikod sa Simbahan ang anak kong babae, ang mismong isang taong gulang na batang karga ko sa kumperensyang iyon, noong mag-17 taong gulang siya. May nakilala siyang isang lalaki na hindi matibay ang patotoo sa ebanghelyo, at nagpakasal sila. Hindi na siya nagsimba pagkatapos niyon.

Napakasakit nito para sa akin. Paulit-ulit kong tinanong sa sarili ko kung ano ang ginawa naming mali. Palagi naming sinisikap ng kanyang ama na sundin ang mga kautusan at maglingkod sa Simbahan. Mahal namin ang aming mga anak at nais namin ang pinakamainam para sa kanila. Pagkatapos ng matinding pagluha at pagtatanong, sa huli ay nasabi namin na ang mga anak ay lumalaki, ginagamit ang kanilang kalayaan, at hindi palaging naniniwala sa mga bagay na itinuturo sa kanila sa bahay.

Sa kasamaang-palad, hindi naging matagumpay ang pagsasama ng aking anak at ng kanyang asawa, at ayaw pa rin niyang bumalik sa Simbahan. Ang magagawa ko lamang ay alalahanin ang pangako na maaalala niya ang mga bagay na itinuro sa kanya sa bahay at pagpapalain siya ng mga ito.

Patuloy kong ipinagdarasal ang aking anak. Mahal ko siya nang buong puso, at napakasakit para sa akin na makita siyang lumayo sa Simbahan. Ngunit alam ko na, sa kabila ng aking mga kahinaan, ang mga bagay na itinuro ko sa kanya ay tama at totoo. Alam ko na ang Ama sa Langit ay makatarungan at mapagmahal at na pinakikinggan Niya ang ating mga panalangin. Walang anumang pag-aalinlangan sa aking puso, alam ko na kung gagawin ko ang aking bahagi, sasagutin Niya ang mga ito sa Kanyang takdang panahon. ■

PAGLALARAWAN NI MEGAN SCHAUGAARD

“Sino ang Nakabangga sa Aking Anak?”

Ni Sandra Beatty, Ontario, Canada

Nakinita ko na ang aking sarili na sinisigawan ang taong nakabangga sa aking anak hanggang sa makaharap ko ang drayber.

Kahahatid ko pa lang sa aking anak na babae sa bahay ng isa niyang kaibigan nang makatanggap ako ng tawag mula sa asawa kong si Jonathan. Sinabi niya sa akin na nabangga ng isang kotse ang aming 11 taong gulang na anak na si Aiden habang tumatawid sila ni Jonathan sa kalye.

Kumaliwa ang drayber sa harapan ni Jonathan at hindi nito nakita si Aiden na sakay ng kanyang bisikleta. Nabangga ng drayber ang harap ng bisikleta ni Aiden. Tumilapon siya sa ere, habang nakahawak pa rin sa bisikleta, at tumama ang kanyang ulo sa gilid ng kotse pagbagsak niya. Pagkatapos ay lumagpak siya sa kalsada na nasa ibabaw niya ang bisikleta. Mabuti na lang, may suot siyang helmet. Tumigil ang drayber at ang ilan pang mga tao para tumulong habang tumatawag ng ambulansya si Jonathan.

Biglang nagkagulo ang aking isipan at damdamin. Nagmadali akong magmaneho papunta sa kalye kung saan naganap ang aksidente, sa pag-asang maabutan ko ang ambulansya para masamahan ko si Aiden.

Naisip kong komprontahin ang drayber. “Ano ba ang iniisip ng drayber?” naisip ko. “Lasing ba siya? Gamit ba niya ang kanyang telepono?” Galit na galit ako at alalang-alala. Wala akong ideya kung gaano nasaktan si Aiden.

Pagdating ko sa pinangyarihan ng aksidente, nakaalis na ang ambulansya. Ang natira na lang ay ilang kotse ng pulis at isang kotseng nakaparada sa tabi ng kalsada. Nakatayo sa tabi ng kotse ang isang babaeng mukhang balisa.

Nilapitan ko siya at tinanong, “Nakita mo ba kung sino ang nakabangga sa aking anak?”

Tahimik niyang sinabi, “Ako iyon.”

Nakinita ko na ang aking sarili na sinisigawan ang taong nakabangga sa aking anak, pero nang makaharap ko ang drayber, naglaho ang aking galit. Napaiyak ako at niyakap ko siya. Humingi siya ng tawad, at sinabi ko sa kanya na magiging maayos ang lahat. Nalaman ko kalaunan na iyon mismo ang sinabi sa kanya ni Aiden bago dumating ang mga pulis. Sa huli, nalampasan iyon ni Aiden na may kaunting galos lang at pasa.

Nagpapasalamat ako na sa mahalagang sandaling iyon, biniyayaan ako ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ng lakas na magpatawad sa halip na magalit, kahit hindi ko iyon hiniling sa Kanya. Alam ko na alam Niya ang nangyayari sa atin at palagi Niya tayong inaalok ng tulong. ■

PAGLALARAWAN NI ELLERIE ARNOLD

Alma 23–29
HUNYO 29–HULYO 5

Ano ang Kahalagahan ng Pangalan?

Kasunod ng kanilang pagbabalik-loob, ninais ng matatapat na Lamanita na magkaroon ng bagong pangalan para maiba sila sa iba pang mga Lamanita at maging simbolo ng kanilang pagbabalik-loob kay Jesucristo. Tinawag nila ang kanilang mga sarili na mga Anti-Nephi-Lehi (tingnan sa Alma 23:16–17). Naipapakita natin ang ating kaibhan ngayon sa pamamagitan ng pagtataglay ng pangalan ni Jesucristo sa ating mga sarili.

Isang Simbolo ng Ating Pagbabalik-loob

Sa binyag, nakikipagtipan tayong taglayin sa ating mga sarili ang pangalan ni Cristo. Tuwing tumatanggap tayo ng sakramento, pinaninibago natin ang tipang iyon. Ano ang ipinapangako nating alalahanin at sundin kapag tinataglay natin sa ating mga sarili ang Kanyang pangalan? (Tingnan sa Mosias 18:8–9; Doktrina at mga Tipan 20:77.)

Isang Saksi ni Cristo

Ang mga Apostol ay "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (Doktrina at mga Tipan 107:23). Maaari rin tayong maging mga saksi ni Cristo. Paano ka makikiisa sa propeta at mga apostol at magiging saksi ng pangalan ni Jesucristo sa mga tao sa paligid mo?

Isang Mapagkukunan ng Kapangyarihan

Kamakailan, nagsumamo sa atin si Pangulong Russell M. Nelson na tawagin ang Simbahan sa tamang pangalan nito: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nangako siya na bubuhos ang kapangyarihan sa mga Banal kapag ginawa natin ito (tingnan sa "Ang Tamang Pangalan ng Simbahan," *Liahona,* Nob. 2018, 89). Ano ang ilang bagay na magagawa mo upang mas magamit ang tamang pangalan ng Simbahan at tulungan ang iba na gawin din iyon?

MGA ICON NI BRYAN BEACH

TALAKAYAN
Paano ka nahihikayat ng pagtataglay ng pangalan ni Jesucristo sa iyong pang-araw-araw na pag-iisip at pagkilos na maging mas mabuting disipulo Niya?

Alma 30–31
HULYO 6–12

Paano Natin Mapaglalabanan ang mga Maling Turo?

Si Korihor ay isang anticristo na nangaral “laban sa mga propesiyang sinabi ng mga propeta, hinggil sa pagparito ni Cristo” (Alma 30:6). Nangaral siya ng iba pang mga kasinungalingan at inakay niya “palayo ang puso ng marami” (Alma 30:18).

Bagama’t nangyari ito mahigit 2,000 taon na ang nakararaan, maraming tao ngayon ang nangangaral ng gayong mga bagay. Ano ang magagawa natin upang mapatibay ang ating mga sarili laban sa mga maling turo sa ating panahon?

Maaari Tayong Magkaroon ng Sarili Nating Patotoo

Itinuro ni Korihor sa mga tao na “hindi magkakaroon ng isang Cristo” at “[walang] pagbabayad-sala,” at itinatwa niya na may Diyos (tingnan sa Alma 30:12, 17, 28).

Paano natin malalaman na buhay ang Diyos at si Jesucristo? Anong mga banal na kasulatan at personal na karanasan ang nagpalakas sa iyong patotoo tungkol sa Kanila?

Makakaasa Tayo sa Paghahayag

Itinatwa ni Korihor ang diwa ng propesiya at paghahayag. Sinubukan niyang papaniwalain ang mga tao na “walang taong makaaalam ng ano mang bagay na darating” at “hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo nakikita” (Alma 30:13, 15).

Makakaasa tayo sa mga propeta at Apostol na matatanggap nila ang salita ng Diyos para sa ating panahon. Paano ka napoprotektahan ng pagsunod sa propeta laban sa mga maling turo?



Maaari Nating Alalahanin na ang Katotohanan ay Katotohanan

Sinabi ni Korihor sa mga tao na walang paraan para malaman nila kung ano ang totoo (tingnan sa Alma 30:24), ngunit itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: “May ilang bagay na sadyang totoo. . . .

“. . . Ang katotohanan ay batay sa mga batas na itinakda ng Diyos. . . . Ang mga batas na pangwalang-hanggan ay umiiral at nakakaapekto sa ating buhay, naniniwala man tayo sa mga ito o hindi” (“The Love and Laws of God” [Brigham Young University devotional, Set. 17, 2019], speeches.byu.edu). Paano natin matutuklasan ang mga katotohanan ng Diyos, at paano nito mapagpapala ang ating mga buhay?

TALAKAYAN

Sino ang nagtuturo ng mga kasinungalingan ngayon? Ano ang mga mensahe na ipinapadala nila? Ano ang ibinigay sa atin ng Diyos para tulungan tayo na mapaglabanan ang mga kasinungalingan at matutuhan ang katotohanan?

PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Alma 32–35
HULYO 13–19

Bakit Ibinahagi ni Alma ang Kuwento tungkol kay Moises at sa Ahas na Tanso?

Matapos ihambing ni Alma ang salita ng Diyos sa isang binhi (tingnan sa Alma 32:28–43), tinanong siya ng mga tao kung paano itatanim ang binhi. Ginamit ni Alma ang kuwento tungkol kay Moises at sa ahas na tanso mula sa Mga Bilang kabanata 21 bilang halimbawa ng pagkilos nang may pananampalataya (tingnan sa Alma 33:19–23).

TALAKAYAN

Kinailangan lang tumingin ng mga Israelita para mapagaling sila. Ano ang ilang aliluntunin ng ebanghelyo na tila kasingdali lang ng "pagtingin"? Ano ang mga pag-uugali o asal na kung minsan ay nakakahadlang sa pagsasabuhay natin ng mga simpleng aliluntunin ng ebanghelyo?

Paano ka makakaasa sa Tagapagligtas sa mga bagay na nararanasan mo sa bawat araw?

Isang Kahalintulad ni Cristo

Ang *kahalintulad* ay isang bagay na kumakatawan sa o nagpapahiwatig ng isang bagay o tao. Nang matuklaw ng mga makamandag na ahas ang mga Israelita, itinaas ni Moises ang ahas na tanso, na naging isang kahalintulad ni Cristo. Lahat ng kumilos nang may pananampalataya at tumingin dito ay gumaling, sa parehong paraan na lahat ng kikilos ayon sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo ay espirituwal na gagaling.

Pinatigas ng Ilan ang Kanilang mga Puso

Kahit madali lamang tumingin, pinatigas ng ilang tao ang kanilang mga puso at tumanggi sila, at namatay sila dahil sa tuklaw. Bakit hindi sila tumingin? (tingnan sa Alma 33:20). Ano ang maituturo nito sa atin tungkol sa pananampalataya at kawalan ng paniniwala?

Mapapagaling Ka Ba?

Kung mapapagaling ka sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay na kasingsimple lang ng pagtingin, hindi mo ba ito gagawin? Itinanong ni Alma ang bagay na ito at inanyayahan niya tayong umasa sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya (tingnan sa Alma 33:21–22).

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Alma 36–38
HULYO 20–26

Paano Nagiging Kagalakan ang Kalungkutan Dahil sa Pagsisisi?

Ibinahagi ni Alma sa kanyang anak na si Helaman ang kanyang karanasan sa pagbabalik-loob. Sinabi sa kanya ni Alma kung paano siya "giniyagis ng walang hanggang pagdurusa" dahil sa "lahat ng [kanyang] kasalanan at mga kasamaan" (Alma 36:12–13). Ano ang nadarama mo kapag nakokonsensya ka dahil sa kasalanan?

Isinilang sa Diyos

Pagkaraan ng tatlong araw ng pagdurusa ng kalooban, may naisip si Alma na pumawi sa pagdurusang nadama niya (tingnan sa Alma 36:19). Pinatotohanan niya na siya ay "isinilang sa Diyos" (Alma 36:23). Ano ang naisip niya na humantong sa kanyang pagsilang sa Diyos? (Tingnan sa talata 18.)

Kagalakan Pagkatapos ng Matinding Kalungkutan

Nakaranas ng matinding kalungkutan si Alma dahil sa kanyang mga kasalanan, ngunit nang maalala niya si Jesucristo at manawagan siya sa Kanya, napalitan ang kanyang kalungkutan ng matamis at masidhing kagalakan ng kapatawaran (tingnan sa Alma 36:20).

Magtiwala sa Diyos

Sa pamamagitan ng pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, natutuhan ni Alma na magtiwala sa Diyos at nalaman niya na dadakilain siya sa huling araw (tingnan sa Alma 36:3). Paano nagdulot ng kagalakan sa iyo ang pag-alaala at pag-asa sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?

TALAKAYAN

Ano ang magagawa mo para patuloy na magtiwala sa Panginoon at alalahanin ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo?

Paano ka makakahikayat ng mas maraming kaluluwa na magsisi upang makaranas din sila ng matindi at walang-hanggang kagalakan?

MGA PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSEN

Naaakit ako sa Kapareho Ko ang Kasarian—

Tatanggapin ba Akong Muli ng mga Miyembro ng Simbahan?

Ni Bouke "Bob" S. Ecoma Verstege

Pabatid mula sa awtor: Ibinabahagi ko ang aking kuwento bilang pagpapahayag ng aking pasasalamat sa mga lider at miyembro ng Simbahan na tumanggap sa akin nang buong puso, tumulong sa akin na bumalik sa pagiging lubos na aktibo, at kasama kong naglingkod bilang mga kapwa disipulo ni Cristo.

Noong Hulyo 27, 2013, pagkatapos ng matagal na pakikibaka sa sakit na Alzheimer's, pumanaw ang aking partner na nakasama ko nang 25 taon. Si Jay Eldredge ay isang cardiologist na kilala sa buong mundo. Pareho kaming nagmisyon para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong binata pa kami ngunit lumayo kami sa Simbahan dahil sa pagkaakit sa kapwa namin lalaki.

Ang pagkamatay ni Jay, bagama't di-inaasahan, ay nakapanlulumo. Nakadama ako ng pagdadalamhati at pagkaligaw at pag-iisa.

Habang nagmamaneho ako pauwi pagkatapos asikasuhin ang libing, napuspos ako ng napakalakas na impluwensya ng Espiritu kaya kinailangan kong huminto sa gilid ng kalsada. Alam ko na nangungusap ang Diyos sa akin, pinababalik ako sa Kanya, pero nagmatigas ako. "Hindi mo ba nakikita na nahihirapan ako?" sigaw ko. "Hindi ko kayang bumalik sa Simbahan ngayon."

Pero habang mas nagmamatigas ako, mas lalo akong iniimpluwensyahan at inaanyayahan ng Espiritu na bumalik sa Simbahan.

Tatanggapin Kaya Ako?

Alalang-alala ako tungkol sa pagbalik sa Simbahan. 25 taon na akong hindi nakakadalo sa sacrament meeting. Tatanggapin pa ba nila ako? Tatanggapin ko ba sila? Ano ang sasabihin ng bishop? Ako ay balisa, hindi mapakali, at namimighati pa rin.

Ngunit hindi kailanman nanghina ang aking patotoo tungkol sa ebanghelyo sa mga taon na iyon. Mahal namin ni Jay ang Simbahan at ang mga gumagabay na alituntunin nito—tulad ng pag-ibig sa kapwa-tao, awa, at kapatawaran. Alam ko na si Cristo ang aking Tagapagligtas at na ang Kanyang Simbahan ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Alam ko na iyon mula pa nang mabinyagan at maging miyembro ako ng Simbahan noong 14 na taong gulang ako. Hindi ko iyon ikakaila ngayon.

Sa huli, matapos mag-ipon ng kailangang lakas-ng-loob, tinawagan ko ang Linwood Ward sa New Jersey, USA para alamin kung anong oras nagsisimula ang sacrament meeting.

Habang papalapit ang araw ng Linggo, maraming inilagay na balakid ang kaaway sa aking landas na madali sanang nakapigil sa akin sa pagdalo. Labis akong nagpapasalamat na namalagi ang Espiritu Santo.

Kinabahan ako nang pumasok ako sa gusali, ngunit muling tiniyak sa akin ng pambungad na himno sa sacrament meeting na nakauwi na akong muli. Dumaloy ang mga luha sa aking mukha dahil sa matinding pag-anyaya sa Espiritu ng himnong "Mga Banal, Halina" (*Mga Himno,* blg. 23). Alam ko sa sandaling iyon na batid ng Ama sa Langit ang nangyayari sa akin at ang matinding kalungkutang nadarama ko.

Ang himnong iyon ay naging di-opisyal na awitin para sa Simbahan sa ilang paraan, ngunit naging personal na awitin ko rin iyon.

"Halina," pag-aanyaya sa akin ng himno. "Mahirap man ang 'yong kalagayan, biyaya'y kakamtan."

Ang aking paglalakbay *ay* mahirap. Ngunit ang biyaya *ay* nakamtan ko tulad ng ipinangako.

MGA LUBOS NA AKTIBONG MIYEMBRO

"Ang isang taong sumusunod sa mga tipan at pamantayan at turo ng ebanghelyo ni Jesucristo—bagama't naaakit sa kaparehong kasarian—ay wala talagang dahilan para hindi lubusang makilahok [o] maging lubos na aktibong miyembro ng Simbahan at magkaroon ng mga tungkulin at magsalita at makapasok sa templo at maglingkod doon. At lahat ng iba pang mga pagkakataon at pagpapalang nagmumula sa pagiging miyembro ng Simbahan ay makukuha nila."

Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "LGBT People Who Live God's Laws Can Fully Participate in the Church" (video), ChurchofJesus Christ.org/topics/gay.

Napakabait ni Bishop Darren Bird at ng buong kongregasyon at malugod nila akong tinanggap. Tinanggap nila ako bilang kanilang kapatid kay Cristo.

Pakikipagkasundo sa Diyos, sa Pamamagitan ni Cristo

Gayunman, nagkaroon ng mas malalim na kahulugan sa akin ang mga titik ng "Mga Banal, Halina" dahil nadama ko na pinapatnubayan ako ng Ama sa Langit kung paano ako dapat magpatuloy.

Makikita, lugar na 'nilaan
Doon sa Kanluran.
Do'n kung saan may kapayapaan,
Biyaya at yaman.

Nagpunta ako sa kanluran at bumili ng bahay sa Fountain Hills, Arizona, USA, kung saan ko nakilala si Bishop Jerry Olson. Nang hilingin kong makipagkita sa kanya at makamayan ko siya, ipinadama sa akin ng Espiritu na tutulungan ako ng taong ito na makabalik sa pagiging lubos na aktibo sa Simbahan.

Nang magsimula kaming mag-usap ng bishop tungkol sa pakikipagkasundo sa Ama sa Langit, nakasaksi ako ng maraming espirituwal na himala. Nagtapat ako sa bishop, na pinasalamatan naman niya. Sinabi niya na nakatulong iyon sa kanya para mas maunawaan kung ano ang aking nakaraan at kasalukuyang relasyon sa Diyos. Mapagmahal din niyang ipinaalam sa akin na ito ang unang beses na nagkaroon siya ng pagkakataong maglingkod sa isang taong naaakit sa kapareho nito ang kasarian, at hiniling niya na pagpasensyahan at patawarin ko siya kung may masabi o magawa siyang makakasakit sa akin.

Pinasalamatan ko siya sa kanyang katapatan at sinabi ko, "Ito rin po ang aking unang pagkakataon. Sabay tayong matututo."

Sa gayon ay nagsimula ang isang napakagandang paglalakbay at pagkakaibigan!

Hindi nagtagal, nagplano ako kung ano ang gagawin ko para muling maging miyembro. Tinanggap ko ang mapagmahal at mapanalanging payo nang may pasasalamat sa aking puso at sinimulan ko ang proseso.

Kapanatagan sa Templo

Kalaunan, nang sundin ko ang payo at magsikap akong mas mapalapit kay Cristo, naipanumbalik sa akin ang aking priesthood at ang mga pagpapala ng templo at tinanggap ko ang tawag na maglingkod sa korum ng mga elder. Sa banal na templo, nang makipag-ugnayan ako sa Ama sa Langit, ipinakita Niya sa akin kung gaano Niya kamahal ang lahat ng Kanyang mga anak. Nakadama ako ng kapanatagan at ng matinding hangaring bigyan Siya ng kaluguran.

Pagkaraan ng ilang buwan, tumawag ng bagong bishop, na naging mapagmahal na kaibigan ko rin. Alam ni Bishop Larry Radford ang aking sitwasyon at pinahalagahan niya ang aking paglilingkod sa korum ng mga elder, kung saan sinabi niya na nakapaglingkod ako nang may pagmamahal at katapatan hindi lamang sa korum kundi—at higit sa lahat—maging sa Diyos. Ipinadama sa akin ng kanyang

PAGLALARAWAN NI JENNA PALACIOS

mabubuting salita at panghihikayat na nalugod ang Panginoon at ang aking mga kapwa Banal sa aking paglilingkod.

Matapat akong naglilingkod ngayon bilang ward clerk.

Pag-unawa sa Aking Pagkatao

Ang pagkaakit sa kaparehong kasarian at pagiging aktibong miyembro ng Simbahan ay hindi palaging madali. Ngunit nang lubos akong manampalataya at magtiwala sa Diyos, nadama ko na pinalalakas Niya ako. Walang dudang sasabihin ng mga kritiko na hindi ako nagpapakatotoo sa aking tunay na pagkatao o na nakakadismaya ako sa komunidad ng LGBT+.

Nauunawaan ko ang kanilang pagkayamot, at malinaw na hindi ko alam ang lahat ng sagot. Makakapagkomento lang ako batay sa sarili kong karanasan. At ito ang naituro sa akin ng karanasang iyon: Ako ay anak ng Ama sa Langit, isang anak ng Diyos. Iyon lang ang natatanging katawagang mahalaga sa akin. Dahil dito, sinisikap kong huwag hayaan ang mga katawagan ng mundo na diktahan ang aking pagkatao. Nangangamba ako na lilimitahan niyon ang aking potensyal at walang-hanggang pag-unlad.

Napakatuso ni Satanas. Alam niya na sa pamamagitan ng paggamit ng mga katawagan, maaari niya tayong paghiwalayin bilang isang komunidad at isang Simbahan.

Isinasaisip ang pananaw na iyon, ang mga pagpiling ginagawa ko ay hindi batay sa aking pagkaakit sa kapwa ko lalaki kundi sa kung paano maging tunay na disipulo ni Cristo na *nakakaranas* ng pagkaakit sa kaparehong kasarian. Sabi nga ni Nephi:

"O Panginoon, ako ay nagtiwala sa inyo, at ako ay magtitiwala sa inyo magpakailanman. Hindi ako magtitiwala sa bisig ng laman. . . .

". . . Oo, alam ko na ang Diyos ay magkakaloob nang sagana sa kanya na humihingi. Oo, ang aking Diyos ay pagkakalooban ako, kung ako ay hihingi nang hindi lisya; samakatwid, paaabot ko ang aking tinig sa inyo, oo, ako ay magsusumamo sa inyo, aking Diyos, ang bato ng aking kabutihan. Masdan, ang aking tinig ay papailanglang sa inyo magpakailanman, aking bato at aking Diyos na walang hanggan" (2 Nephi 4:34–35).

Pagmamahal ng Aking mga Kapwa Banal

Sa pagbalik ko sa pagiging lubos na aktibo sa Simbahan, nadama ko ang mapagmahal na pakikisama ng aking mga lider at kapwa Banal, pati ang mga aktibo at di-gaanong aktibong mga miyembro na LGBT+. Nakahanap ako ng isang lugar kung saan maaari akong umunlad. Nakita ko sa kanila ang mga katangian ni Cristo na matagal ko nang iniuugnay sa aking pananampalataya: awa, habag, pag-unawa, at, higit sa lahat, pagmamahal.

Habang nagpupunyagi akong tahakin ang landas kasama ang aking Tagapagligtas, nakadama ako ng kapanatagan at kapayapaan nang umasa ako sa Kanya, batid na hindi ako nag-iisa sa pagtahak sa landas na iyon. Nasa tabi ko ang ilang bishop. Ang mga miyembro ng aking korum. Ang kababaihan sa ward. Tinanong pa ako ng isang binatilyo sa ward kung puwede ko siyang ordenan bilang priest. Matindi ang naging impluwensya sa akin ng kanyang magiliw na paanyaya. Nakita niya ako bilang isang lalaking mayhawak ng priesthood ng Diyos at maaaring gamitin ang priesthood na iyon sa paglilingkod sa iba.

Ang mga pagkakataong ito na maglingkod at sumamba kasama ang aking mga kapwa Banal ay nagpasigla at—kalakip ng maraming pagpapalang natanggap ko mula sa Panginoon—nakatulong sa akin na maranasan ang pagmamahal, pag-unawa, at pagtanggap na kinailangan ko.

Sabi ng Tagapagligtas, "Hindi ko kayo iiwang mag-isa: ako'y paririto sa inyo" (Juan 14:18). Totoo ang mga salitang iyon. Kinailangan ko ng pagpapanatag, at nilapitan Niya ako, nang mas sagana kaysa sa inakala ko. ■

ANG TOLDA NG EBANGHELYO

"Sapat ang laki ng tolda ng ebanghelyo para sa lahat ng may hangaring sundin ang Panginoon. Tuwing may sinasabi o nadarama ang isang tao na salungat doon, naiisip ko si Bob Verstege at hinihiling kong makilala nila siya at makapaglingkod sila na kasama siya. Si Brother Verstege ay isang buhay na halimbawa ng kung ano ang magagawa ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo kapag ginagamit natin ito. Bilang bishop, napapasigla, natuturuan, at nahihikayat ako ng mapagpakumbabang taong ito araw-araw."

Bishop Larry Radford, Fountain Hills Ward, Scottsdale Arizona North Stake

PAGLALARAWAN NG TOLDA MULA SA GETTY IMAGES

Mga Young Adult

Sa Bahaging Ito

46 **Bakit Nais ng Ama sa Langit na Makatapos Ako ng Pag-aaral**
Ni Gloria Cornelio

50 **Isang Bagay tungkol sa Hinaharap na *Kaya* Kong Kontrolin**
Ni Laura Campaner

Digital Lamang

Ano ang Kailangan para Matanggap ang Ating Mabubuting Hangarin
Ni Marc Deo Dela Cruz

Paano, Bakit, Kailan, at Saan Mag-iipon ng Pera

5 Katiyakan sa Isang Mundong Walang-Katiyakan
Ni Meg Yost

Hanapin ang mga artikulong ito at ang iba pa:
- Sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org**
- Sa **Lingguhang YA** (sa ilalim ng bahaging Mga Young Adult sa Gospel Library)

Pagharap sa Walang-Katiyakang Kinabukasan nang May Pananampalataya

Mahilig akong magplano. Gusto kong malaman kung ano ang aasahan sa araw-araw, upang maging handa ako para doon. Pero **paano ako maghahanda para sa hinaharap** gayong ito ay napakalayo pa at walang-katiyakan?

Napakahaba ng buhay. Napakaraming naghihintay sa hinaharap! Napakaraming maaaring mangyari! Napakarami kong magagawa! **Kung minsan nakakalula ang mga posibilidad.**

Marami akong gusto: makapag-asawa, magkaroon ng magandang trabaho, mangibang-bansa, magmay-ari ng isang pusa, magsulat ng isang nobela, matuto ng wikang Ruso . . . Pero alam ko rin na nagbabago ang mga hangarin at mithiin. Nagbabago ang mga prayoridad.

Ang isang prayoridad na hindi dapat magbago ay ang **ating katapatan sa Diyos at sa Kanyang plano.** Sa tulong ng Kanyang plano, **makakapaglakbay tayo sa isang hinaharap** na puno ng mga tanong dahil tutulungan Niya tayong mahanap ang mga sagot, nang paisa-isang hakbang. Kailangan lang nating gawin ang pinakamainam na pagpiling magagawa natin sa bawat hakbang.

Sa bahaging ito, ibinahagi ng mga young adult ang kanilang mga personal na karanasan kung paano sila nagpaplano para sa kanilang hinaharap sa tulong ng Ama sa Langit at **kung paano sila sumusulong nang may pananampalataya** kapag nahaharap sa napakaraming kawalang-katiyakan.

Pagdating sa hinaharap, napakaraming tanong, ngunit ang ibig lang sabihin niyon ay **napakaraming potensyal.** May potensyal din tayo—banal na potensyal na maging katulad ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

At dahil doon ay maluwalhati ang ating hinaharap.

Meg

Meg Yost

Ibahagi ang Iyong Kuwento

May karanasan ka bang maibabahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa ilang paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong mga artikulo o feedback sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org.**

Bakit Nais ng Ama sa Langit **na Makatapos Ako ng Pag-aaral**

Anuman ang iyong mabubuting hangarin, maglalaan ng paraan ang Ama sa Langit para matamo mo ang mga ito.

Ni Gloria Cornelio

Mula pa noong bata ako, gusto ko nang maipagmalaki ako ng aking Ama sa Langit at ng aking pamilya sa kasalukuyan at sa hinaharap. Gusto kong pag-aralan ang lahat ng maaari kong pag-aralan upang mapabuti ang aking sarili at ang aking buhay.

Sa aming bansang Peru, napakamahal ng de-kalidad na edukasyon at, sa ilang partikular na lugar, walang access dito. Wala ring sapat na kakayahang pinansyal ang aking pamilya para matustusan ang aking pag-aaral. Pero itinuro sa akin ng aking mga magulang na ang pagsisikap, pagiging masigasig, at paghingi ng tulong sa Ama sa Langit ay makakatulong upang matupad ang ating mababuting hangarin. At pinlano kong magsikap.

Noong nasa elementarya at hayskul ako, naging masigasig ako sa aking pag-aaral para mapahusay ko ang aking sarili bawat taon. Pagkatapos ng hayskul, ako ay natanggap sa nangungunang unibersidad sa Peru at nabigyan ng magandang iskolarsip. Habang naroon, ako ay nakipagtulungan sa ilang organisasyon, kabilang na ang internship sa isang pandaigdigang organisasyon, at nagkaroon ng pagkakataong mamuno sa maraming iba't ibang uri ng proyekto.

Sa internship na iyon, nadama ko na ito ay magandang pagkakataon para sa akin na makapag-aral ng Ingles. Kaya nagpasiya akong lumipat sa Brigham Young University–Idaho. Parang nakakatakot, pero alam ko na tutulungan ako ng Ama sa Langit na makamit ang mithiing ito—kailangan ko lang magtiwala sa Kanya at gawin ang aking bahagi.

LARAWANG KUHA NG GETTY IMAGES

Ako ang pinakaunang dayuhang estudyante na nakatanggap ng digri ng batsilyer sa pamamagitan ng BYU-Pathway Worldwide.

Pagbabago ng mga Plano

Nakahanda na akong pumunta sa BYU–Idaho, pero noong nag-aasikaso ako ng mga papeles, nakaramdam ako ng matinding pahiwatig na kailangan ko munang magmisyon bago ako lumipat doon. Kaya sinunod ko ang kalooban ng Ama sa Langit at tinawag akong maglingkod sa Trujillo, Peru. Nang makauwi ako, pinlano kong bumalik sa unibersidad sa Peru dahil nadama ko na mabilis akong makakakuha ng digri roon. Pero nalaman ko na binawi ang aking iskolarsip roon dahil huminto ako sa pag-aaral nang mahigit isang taon upang magmisyon.

Ako ay nanlumo at nagulumihanan. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Hindi ko alam kung bakit nakaramdam ako ng pahiwatig na magmisyon kung ang kapalit niyon ay ang pagkawala ng aking pagkakataon na magkaroon ng digri sa kolehiyo.

Pero isang araw, naalala ko ang sinabi sa amin ng aking mission president tungkol sa BYU–Pathway Worldwide. Inanyayahan niya kaming pagbutihin ang pagsasalita namin ng Ingles at samantalahin ang pagkakataong ito kapag nakauwi na kami—at ginawa ko iyon!

Ang Aking Karanasan sa BYU-Pathway Worldwide

Alam ko na hindi lamang nagkataon na nasabi sa akin ng aking mission president ang tungkol sa BYU–Pathway. Nang magsimula ako sa Pathway program, kinailangan kong bumiyahe nang halos tatlong oras bawat linggo para makipagkita sa aking grupo. Marami akong isinakripisyo, ngunit alam ko na mahalaga kapwa sa akin at sa Panginoon na makatapos ako ng pag-aaral. At ang mga sakripisyong iyon ay nagbunga ng maraming pagpapala.

Ang BYU–Pathway Worldwide ang magandang pagkakataon na matagal ko nang hinahanap. Binigyan ako nito ng pagkakataong makapag-aral sa abot-kayang halaga, magkaroon ng oras na makapagtrabaho, at makapag-aral ng wikang Ingles. At sa lahat ng ito, nagkaroon ako ng mabubuting kaibigan na naghikayat sa akin na maging matapang at patuloy na pagsikapan ang aking mga mithiin. Ako ay mas lumakas sa espirituwal at naging mas mabuting disipulo ni Jesucristo.

Sa huli, ako ang naging pinakaunang dayuhang estudyante na nakatanggap ng digri ng batsilyer sa pamamagitan ng BYU–Pathway Worldwide. Nagkaroon ako ng magagandang pagkakataon dahil sa edukasyon. Ngayon, isa akong welfare and self-reliance specialist para sa South America Northwest Area ng Simbahan, at isa rin akong volunteer missionary para sa BYU Pathway sa Peru. Marami akong nakikitang potensyal sa bawat estudyante, at hinihikayat ko silang sumulong tulad nang paghikayat sa akin ng aking mga kaibigan sa paaralan. Sa pamamagitan ng karanasang

ito, natanto ko na kasama ko ang Ama sa Langit sa lahat ng pangyayaring ito.

Nais ng Ama sa Langit na Magtagumpay Tayo

Napalakas ng aking karanasan ang aking patotoo tungkol sa edukasyon. At pinaplano ko pa ring patuloy na umunlad at matuto hangga't kaya ko sa bawat araw. Narito tayo sa lupa upang umunlad, masubukan, lumago, patunayan ang ating pagkamasunurin, at umasa sa Tagapagligtas para maging karapat-dapat na makabalik sa ating Ama sa Langit. Sa Diyos, "ang lahat ng bagay . . . ay espirituwal"—kabilang na ang edukasyon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:34). Lahat ng karanasang mayroon tayo at lahat ng kaalamang natatamo natin sa lupa ay tutulong sa atin na maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas at ihahanda tayo ng mga ito upang makagawa ng mas mabubuting pagpili, higit na makapaglingkod sa daigdig, at maging mas magagaling na kasangkapan sa Kanyang mga kamay.

Ang edukasyon ay naglalaan ng paraan para magtamo ng kaalaman at pagkatapos ay kumilos, manindigan sa katotohanan at tama, at magkaroon ng buhay na nais ng ating Ama sa Langit para sa atin—isang buhay na puno ng kagalakan.

Alam ko na pagpapalain ng ating Ama sa Langit ang lahat ng ating pagsisikap, lalo na kapag ang hangarin ng ating puso ay umunlad at maglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga anak. Alam ko na kapag Siya ay nagbigay ng kautusan sa Kanyang mga anak, "siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila" (1 Nephi 3:7). Nais Niyang magtagumpay tayo!

Dapat samantalahin ng bawat isa sa atin ang bawat pagkakataon para sa edukasyon at pag-unlad na inilalagay ng Panginoon sa ating landas, ito man ay sa pamamagitan ng BYU-Pathway o ng anumang iba pang pagkakataon para sa edukasyon. Mahal Niya tayo at palagi Niya tayong papatnubayan. Nais Niyang matutuhan natin ang lahat ng maaari nating matutuhan dito sa mundo. At alam ko na makakaranas tayo ng malalaking himala kapag tayo ay masayang nagsisikap at nagtitiwala sa Kanyang patnubay. Alam ko dahil nangyari iyon sa akin. ■

*Si **Gloria Cornelio** ay mula sa Lima, Peru. Gustung-gusto niyang gawing posible ang imposible, maglingkod sa iba at mapagbuti ang mga buhay, magturo, at pag-aralan palagi ang lahat hangga't makakaya niya, lalo na ang tungkol sa ibang mga kultura.*

Para malaman ang iba pa tungkol sa BYU–Pathway Worldwide, pumunta sa byupathway.org.

EDUKASYON PARA SA MAS MAGANDANG KINABUKASAN

Ibinahagi ng mga young adult kung bakit napakahalaga ng edukasyon para makaramdam ng higit na pag-asa tungkol sa hinaharap:

"Isinilang at lumaki ako sa Honduras—isang bansang puno ng pagkakataon pero mahirap ang pamumuhay. Kinalakihan ko na ang pakikinig sa mga kuwento tungkol sa aking mga ninuno na palaging naghahanap ng mga pagkakataon para makatulong na mapabuti ang susunod na henerasyon.

"Dahil sa mga sakripisyo ng aking mga magulang, ako at ang aking kapatid ay nakapagtapos ng pag-aaral. Nalaman ko na hindi lamang digri sa kolehiyo ang saklaw ng edukasyon. Ang edukasyon ay nauugnay sa Langit.

"Kung tayo ay naghahanda, tayo ay hindi matatakot. Ang edukasyon ay isang kautusan mula sa Ama sa Langit, at nangako Siya sa atin na habang ating sinusunod ang Kanyang mga kautusan, tayo ay uunlad sa lupain (tingnan sa sa 2 Nephi 1:20). Ang edukasyon ay nakatulong sa akin na lumikha, lumago, at maghanda para maging pinakamalakas na dugtong sa kawing ng aking mga henerasyon, at tinutulutan ako nito na tulungan ang iba na gayon din ang gawin."

—Sara M. Barlow, Tegucigalpa, Honduras

"Ang edukasyon ay nakatulong sa akin na matukoy at mas maunawaan ang aking tungkulin sa sangkatauhan, at nagbibigay iyon sa akin ng labis na kagalakan."

—Keriata Kurene, Canterbury, New Zealand

"Ipinadarama sa akin ng edukasyon na sa aking trabaho sa hinaharap, ako ay maaaring maging liwanag sa mundo at mangaral ng ebanghelyo."

—Claudio Acuña Thomas, Antofagasta, Chile

Isang Bagay tungkol sa Hinaharap na *Kaya* Kong Kontrolin

Ni Laura Campaner

Palagi ko na lang itong nararamdaman at hindi ko na ito maipagwawalang-bahala. 28 taong gulang na ako noon, wala pa ring asawa at hindi sigurado kung ano ang gusto kong gawin sa aking propesyon bagama't may magandang trabaho na ako bilang komadrona. Pakiramdam ko hindi umaayon sa inaasahan ko ang nangyayari sa bawat aspeto ng aking buhay. Nag-aalinlangan ako sa aking mga pagpili at hindi ko alam kung aling landas ang tatahakin. Litung-lito ako.

Isang araw na labis akong nalulungkot, tumawag sa akin ang isang kaibigan na matagal ko nang hindi nakakausap. Nang kumustahin niya ako, ipinaliwanag ko sa kanya ang lahat ng damdaming iyon na nagpapahirap sa akin. Nakinig siya at pagkatapos ay nagsabing, "Sige, pero kumusta naman ang iyong espirituwalidad?"

"Ayos na ayos," mabilis kong sagot. "Mas malapit ako sa Diyos ngayon kaysa noon."

Sagot niya, "Kung gayon, wala ka nang anupamang dapat alalahanin."

Pagtitiwala sa Perpektong Plano ng Diyos

Mula sa pag-uusap na iyon, may dalawang bagay akong natanto. Una, natanto ko na lubos akong nagpapasalamat na malakas ang aking patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo at naisasabuhay ko ang mga kautusan at nararamdaman kong konektado ako sa langit.

Napakahalaga sa akin ng espirituwal na pag-asa sa sarili, at pinagsisikapan ko pang matutuhan kung paano makakatanggap ng paghahayag mula sa langit sa aking buhay. Ang pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan tuwing umaga ay dalawang simpleng bagay na sa tingin ko ay gumagawa ng pinakamalaking kaibhan sa kakayahan kong makatanggap ng personal na paghahayag. Pakiramdam ko rin ay mas konektado ako sa langit kapag nagsisikap akong maging mabait, mamuhay



PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

nang malusog para makasama ko ang Espiritu sa tuwina, sumunod sa mga kautusan, at magsisi nang taos-puso.

Pangalawa, natanto ko na ang aking sagot sa tanong ng aking kaibigan ay hindi gaanong tama—akala ko "ayos na ayos" na ang aking espirituwalidad, pero kailangan ko pang magkaroon ng higit na pananampalataya, huwag gaanong mag-alala, at ipagkatiwala sa Diyos ang mga bagay na hindi ko kayang kontrolin.

Kahit hindi umaayon sa inaasahan ko ang nangyayari sa ilang aspeto ng aking buhay, alam ko na ang mahalaga ay kumilos nang may pananampalataya at ipakita sa Diyos na ginagamit ko ang aking kalayaang pumili para gumawa ng mabubuting pasiya. Natutuhan ko na kung minsan ay hindi nangyayari ang mga bagay-bagay ayon sa inaasahan ko para matuto at lumago ako sa mga paraang hindi posible sa ibang paraan.

Hindi ko kailanman inakala na kahit 29 na taong gulang na ako ay magkakaroon pa rin ako ng mga pag-aalinlangan tungkol sa aking trabaho at sa susunod na yugto ng aking buhay. Gayunpaman, sa kabila ng mga kawalang-katiyakan, buo ang tiwala ko na may perpektong plano ang Diyos para sa akin. Alam Niya mismo kung ano ang nangyayari at kung ano ang kailangan ko, at palagi Niya akong pangangalagaan (tingnan sa Mateo 6:28–34). Gaya ng itinuro ni Elder L. Todd Budge ng Pitumpu, "Mahirap man itong unawain, lalo na sa mga pagkakataon sa ating buhay kung kailan malalakas ang sumasalubong na hangin at maalon ang mga dagat, makadarama tayo ng kapanatagan sa kaalamang palagi tayong ginagabayan ng Diyos pabalik sa ating tahanan dahil sa Kanyang walang-hanggang kabutihan" (Patuloy at Matatag na Tiwala," *Liahona,* Nob. 2019, 48).

Dagdagan ang Tiwala; Bawasan ang Pag-aalala

May mga araw na tila napakahirap, pero kapag pinag-isipan ko ito nang mabuti, alam ko na hindi ko kailangang mag-alala. Unti-unti, natanto ko na kailangan kong dagdagan ang tiwala sa Diyos at bawasan ang pag-aalala sa mga bagay na hindi ko kayang kontrolin. Ang isang bagay na *kaya* kong kontrolin tungkol sa hinaharap ay ang pagtitiwala sa Diyos at pagsisikap na mas mapalapit sa Kanya bawat araw.

Kapag litung-lito ako, palaging may sapat na liwanag para humakbang ako sa kawalang-katiyakan at sumulong. At kung mananampalataya ako at tutuparin ko ang aking mga tipan, kung aalalahanin ko ang aking tunay na pagkatao bilang anak na babae ng mga Magulang sa Langit at paulit-ulit akong susubok, mangyayari ang mga bagay-bagay sa panahon at sa paraan na dapat mangyari ang mga ito, at iyon lamang talaga ang mahalaga. ■

Si Laura Campaner *ay lumaki sa timog ng France sa isang pamilyang Espanyol. Nagtatrabaho siya bilang komadrona at palagi siyang naghahanap ng mga bagong pakikipagsapalaran. Gustung-gusto niyang makisalamuha sa mga tao at interesado siya sa iba't ibang kultura.*

"Sa mga pagkakataon sa ating buhay kung kailan malalakas ang sumasalubong na hangin, . . . makadarama tayo ng kapanatagan sa kaalamang palagi tayong ginagabayan ng Diyos pabalik sa ating tahanan dahil sa Kanyang walang-hanggang kabutihan."

—Elder L. Todd Budge ng Pitumpu



Mas gusto kong magluto kaysa gumawa ng ibang bagay. Gumagawa ako ng mga pastry, cupcake, maliliit na cookie, putaheng may karne at kanin—halos lahat kaya ko! Mahilig rin akong magturo sa mga klase. Gustung-gusto ko kapag naaanyayahan akong magturo sa klase ng Young Women.

Nagpunta ako sa FSY conference dahil may tanong ako na gusto kong masagot. May iskolarsip na ako sa kolehiyo, pero nadarama ko na dapat akong magmisyon. Kung aalis ako, mawawala ang aking iskolarsip. Pero kung mananatili ako at magiging guro, maaari akong magtrabaho at kasabay nito ay matutustusan ko ang aking pag-aaral. Sa FSY, isang babae ang nagsalita tungkol sa kanyang patriarchal blessing. Naghahanda na ako ngayon na matanggap ang aking patriarchal blessing, at umaasa ako na kapag natanggap ko ito, mas malalaman ko kung ano ang pinlano ng Ama sa Langit para sa akin. Gustung-gusto ko ang mga programang pangkabataan at FSY dahil pinapalakas nito ang mga kabataan. Dahil sa totoo lang, kailangan nating lahat ng kapayapaan.

Kalaunan matapos akong mabinyagan, may mga pagkakataon na hindi ako nagsisimba, at pagkatapos ay nagsisimba akong muli, at pagkatapos ay hindi na naman ako nagsisimba. Pero dinalaw ako ng mga miyembro ng ward at inanyayahan nila akong bumalik. Sinabi nila sa akin na hinahanap at kailangan ako ng mga miyembro at ng Simbahan. Nagpasiya akong bumalik, at naging aktibo na ako mula noon. Napagtanto ko kung gaano ko kailangan ang Simbahan. Maaari akong magdasal sa Ama sa Langit at mapanatag, at maaari kong madama ang Espiritu. Kaya heto ako ngayon!

Adriana T. (dulong kaliwa), edad 17, Dominican Republic

LARAWANG KUHA NI RAUL SANDOVAL

MGA KABATAAN

SA BAHAGING ITO

54 **Ang Aking Bagung-Bagong, Lumang Pamilya**
Ni Leonardo Conceição

56 **Pagpili sa Makipot at Makitid sa Halip na sa Malapad na Daan**
Ni Elder Takashi Wada

60 **Pakay-Aralin para sa Home Evening: Paggamit nang Mabuti sa Iyong Oras**
Ni Natasha Andersen

62 **Ang Bahaging para sa Atin**

64 **Ang Huling Salita: Patotoo at Pagbabalik-loob**
Ni Elder David A. Bednar

65 **Mga Tao mula sa Aklat ni Mormon: Amulek at Alma**

Ang Aking **Bagung-Bagong**, Lumang Pamilya

Kung hahayaan mo ito, walang bagay na hindi kayang baguhin ng ebanghelyo.

Ni Leonardo Conceição

Tinaas ng mga missionary ang isang larawan. "Ano ang nakikita mo?" tanong nila.

"Isang masayang pamilya," sagot ko.

"Masaya ba ang lahat ng pamilya?"

Umiling ako. "Nakita naman ninyo ang *aking* pamilya," paliwanag ko.

Ako ay isang 16 taong gulang na naninirahan sa Brazil, kung saan ako nakatira nang buong buhay ko. Ilang linggo na akong tinuturuan ng mga missionary, pero wala akong ibang kapamilya na gustong makinig. Noong panahong iyon, madalas makita ng mga missionary ang aking pamilya na nag-aaway at nagtatalo. Walang pagkakatulad ang aking pamilya at ang pamilyang nakangiti sa larawan.

Sabi ng isa sa mga elder, "Siguro nga hindi ganito ang iyong kasalukuyang pamilya. Pero maaari mong buuin ang iyong magiging pamilya sa ibang paraan."

Nang matapos ang kanilang pagbisita, muli nilang hiniling na ipagdasal ko ang pinag-aralan namin. Tulad ng dati, hindi ko pormal na ipinangakong gagawin ko iyon. Nasiyahan ako sa nadama ko nang bumisita ang mga missionary, at nagkaroon ng kabuluhan ang ebanghelyo sa akin. Pero natakot ako sa sagot na maaari kong matanggap. Kung totoo ang ebanghelyo, marami akong kailangang baguhin.

Isang Bagong Pagpili

Pagkaalis ng mga elder, hindi ko napigilang mag-isip tungkol sa masasayang pamilya. Napakalayo ng aming pamilya roon. Hindi ko kasama ang aking ama. Hindi maganda ang relasyon namin ng aking ina. Si Lola ang nag-alaga sa amin, pero wala ni isa sa amin na kumilos bilang isang pamilya sa paraang itinuro ng mga missionary. Wala ni isa sa amin na nagpahayag ng pagmamahal sa isa't isa o nag-ukol man lang ng oras para magkasama-sama.

Buong buhay ko, nangako ako sa sarili ko na magiging mabuting ama ako balang-araw. Magiging klase ako ng magulang na hindi ako nagkaroon kailanman. Subalit nang turuan ako ng mga missionary, unti-unti kong natanto na ginagawa ko rin ang mga bagay na ginawa ng mga magulang ko noong kaedad ko sila. Inaabot ako nang hatinggabi sa labas, ginagawa ko ang anumang gusto ko, at namumuhay ako na parang isang rebelde. Nang hindi sinasadya, inuulit ko ang mga pagkakamali nila.

PAGLALARAWAN NI LOBO

Ipinapakita sa atin ng ebanghelyo kung paano pagbutihin ang ating mga pamilya, anuman ang sitwasyon nito.

Panahon na para magtanong sa Diyos.

Nang manalangin ako sa wakas, natanggap ko ang sagot na matagal ko nang inaasahan. Totoo ang Simbahan! Panahon na para gumawa ng isang pagpili.

Isang Bagong Ako

Kinailangan ko ang pahintulot ng aking lola bago ako mabinyagan. Tutol siya rito, pero hindi ako sumuko.

"Lola, aling Leonardo po ba ang mas gusto ninyo?" tanong ko. "Iyong palaging nasa labas, umiinom ng alak, naninigarilyo, at hatinggabi na kung umuwi? O mas gusto po ba ninyo kung sino ako ngayon? Ang mga pagbabagong ito ay dulot ng ebanghelyo."

Sa huli ay pumayag si Lola, at nabinyagan at nakumpirma ako. Mula noong sandaling iyon, may nakakatuwang bagay na nagsimulang mangyari sa aking pamilya—isang bagay na hindi ko lubos na natanto hanggang sa lumipas ang ilang taon.

Isang Bagong Pamilya

Bago ako umalis para magmisyon sa katimugang Brazil, dumalo si Lola sa stake conference kasama ko. Pagkatapos ay nagdaos kami ng isang maliit na pulong ng patotoo kasama ang aming mga kapamilya at kabigan. Laking gulat ko nang naising magsalita ni Lola.

"Mula nang sumapi si Leonardo sa inyong Simbahan, nagsimula nang maging isang *tunay* na pamilya ang aking pamilya," sabi niya. Pagkatapos ay nagbanggit siya ng mga paraan kung paano mas nagkalapit-lapit ang aming buong pamilya: Nag-uukol na kami ngayon ng oras para magkasama-sama. Nagsimula na kaming magsabi ng "Mahal kita" sa isa't isa, samantalang hindi namin iyon ginagawa dati. Tumigil na kami sa pag-aaway at pagtatalo. Nagkaroon na ng tunay na pagkakaibigan sa aming lahat. Mas marami na kaming pagkain at pinagpala rin kami ng kasaganaan sa iba pang mga aspeto.

Napansin ko rin ang mga pagbabagong ito, pero hindi ko kaagad natanto na maaaring iugnay ang tiyempo sa panahon na nabinyagan ako.

"Maaaring hindi ako miyembro ng inyong simbahan," sabi niya, "pero kaibigan ako ng inyong simbahan. At alam ko na napagpala ang aming pamilya dahil sa pagpili ni Leonardo."

Isang Bagong Pagkaunawa

Hindi ako makapaniwala! Nang banggitin ni Lola kung paano mas nagkalapit-lapit ang aming pamilya, bigla kong naalala ang larawang ipinakita sa akin ng mga missionary ilang taon na ang nakararaan. Noon, akala ko magkakaroon lang ako ng isang masayang pamilya kapag bumuo na ako ng sarili kong pamilya.

Pero nagkamali ako. Masaya na ang aking kasalukuyang pamilya! Natutuhan na naming mahalin ang isa't isa.

Siguro nga wala ni isa sa aking mga kapamilya ang sasapi sa Simbahan sa buhay na ito. Pero kahit hindi sila sumapi, alam ko na napagpala na kami ng Diyos sa napakaraming paraan. Ipinapakita sa atin ng ebanghelyo ni Jesucristo kung paano pagbutihin ang ating mga pamilya, anuman ang sitwasyon nito. ■

Ang awtor ay naninirahan ngayon sa Utah, USA.

Pagpili sa

Makipot at Makitid sa Halip na sa **Malapad na Daan**

May dalawang landas sa aking harapan, at alam ko na isa lamang ang paraan para malaman kung alin ang dapat kong tahakin.

Ni Elder Takashi Wada
Ng Pitumpu

Lumaki ako sa Nagano, Japan sa piling ng aking mga magulang. Ang relihiyon ay bahagi ng lahat ng bagay na ginawa ng aking pamilya. Lumuluhod ang aking ama sa harap ng altar ng Budista tuwing umaga at gabi. Hindi ko inisip na isang relihiyon ang Budismo—iyon ang aming paraan ng pamumuhay. Naging madali sana para sa akin na manatiling Budista habambuhay, pero maraming beses nang napatunayan ng Diyos sa akin na hindi palaging ang madali o karaniwang paraan ang pinakamainam.

Aklat para sa Pag-aaral o Banal na Aklat?

Noong tinedyer ako, nahirapan ako nang husto sa aking identidad. Inisip ko kung bakit ako nasa mundong ito at kung anong klaseng tao ang dapat kong kahinatnan. Noong mga 13 taong gulang ako, binigyan ng punong-guro ng aking eskuwelahan ang bawat estudyante ng isang kopya ng Bagong Tipan na may magkatabing pagsasalin sa wikang Ingles at Hapon. "Hindi ito para sa mga layuning panrelihiyon," sabi niya. "Napakahusay ng pagkakasalin nito, kaya gamitin ninyo ito sa pag-aaral ng Ingles." Pero nang buksan ko iyon, may nakita akong mga sanggunian sa banal na kasulatan para sa mga panahong nalulungkot ka, kailangan mo ng mga sagot sa iyong mga tanong, o nahihirapan ka. Nararanasan ko ang lahat ng sitwasyong iyon!

Nagbasa ako tungkol kay Jesucristo. "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28). "Pasanin ang [inyong] krus, at sumunod sa akin" (Mateo 16:24). Nabigyang-inspirasyon ako ng mga salitang iyon bagama't hindi ko iyon lubos na naunawaan. Inisip ko kung sino si Jesucristo at kung ano ang kahulugan ng tanggapin Siya bilang Tagapagligtas. Inisip ko kung ako lang ang nakadama ng gayong ugnayan sa dapat sana ay isang simpleng aklat lamang para sa pag-aaral.



Tumakbo Palayo o Manatili at Makinig?

Pagkaraan ng ilang taon, may nakilala akong ilang missionary sa unang pagkakataon. Binalaan na ako ng aking mga magulang tungkol sa mga binata at dalagang Kristiyano na nangangaral sa paligid. Habang naglalakad ako pauwi, pinahinto ako ng isang matangkad na Amerikanong missionary na may magandang ngiti. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Natakot ako na kausapin niya ako tungkol sa kanyang Simbahan. Kung nagkagayon, siguro tumakbo na ako sa kabilang direksyon! Nagtanong lang siya kung paano magpunta sa tanggapan ng koreo. Sinabi ko sa kanya at pagkatapos ay naglakad na ako pauwi.

Habang papalayo ako, may nadama ako. *Kung makita ko ulit ang mga missionary,* naisip ko, *kakausapin ko sila*.

Hindi nagtagal pagkatapos niyon, may nakasalubong akong ibang grupo ng mga missionary. Hindi ako makapaniwala na pinapakinggan at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin ng isang batang katulad ko, hanggang sa mabasa ko ang tungkol kay Joseph Smith. Nabasa ko na sa Bagong Tipan na palaging manalangin, pero paano magpapakita ang Diyos sa isang tao?

Pakiramdam ko ay kapwa radikal at tama ito. Sa halip na tumakbo palayo, pumayag akong makipagkita sa kanila para maturuan nila ako.



MGA PAGLALARAWAN NI CHRIS EDE

Magdahilan o Tuklasin ang Katotohanan?

Pagkatapos ng isang buwan ng pakikipagkita sa mga missionary, inanyayahan nila akong magpabinyag. Ayaw ko silang tanggihan, pero nag-alangan akong talikuran ang tradisyon ng aking mga magulang at ng lahat ng nasa paligid ko. May dalawang landas sa aking harapan, at alam ko na isa lamang ang paraan para malaman kung alin ang dapat kong tahakin—kailangan kong magdasal tulad ni Joseph Smith. Tinanong ko ang Ama sa Langit, sa pangalan ni Jesucristo, kung ang mga bagay na itinuturo noon sa akin ng mga missionary ay totoo.

Doon nagbago ang lahat. Mula noon, nalaman ko na sa sarili ko na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay totoo. Walang makakakuha ng kaalamang iyon mula sa akin. Alam ko kung aling landas ang susundan, at hindi iyon mababago ng anuman.

Marami akong tanong noong mas bata pa ako. Nalaman ko na ako ay anak ng Diyos, mahal Niya ako, may plano Siya para sa akin, at nais Niyang sagutin ang aking mga panalangin. Binago ng kaalamang ito ang aking buong pananaw sa buhay. Nalaman ko na mahalaga kung sino ako at kung ano ang ginagawa ko.

Gumaya sa Karamihan o Mamukod-tangi?

Bago ko nalaman na ako ay anak ng Diyos, ninais kong gumaya sa karamihan. Natakot akong mamukod-tangi. Pero nang malaman ko na ako ay anak ng Diyos, natanto ko na maaari akong mamukod-tangi; maaari akong maiba.

Ang pagdarasal at pagkatanto na ako ay anak ng Diyos ay nagbigay sa akin ng lakas-ng-loob na ipaliwanag ang nararamdaman ko sa aking mga magulang, pero hindi nila iyon lubos na naunawaan. Akala nila ako ay suwail at isip-bata pa para magpasiyang magpabinyag. Ikinahiya nila na sumusunod ang kanilang anak sa kakaibang relihiyong ito sa halip na sa kanilang mga tradisyon. Alam ko kung sino ako at kung ano ang gusto ko, pero gusto ko ring igalang ang aking mga magulang at umasa ako na igagalang nila ang aking relihiyon.



Igalang ang Aking mga Magulang o Balewalain ang Kanilang mga Alalahanin?

Ipinaliwanag ko ang aking sitwasyon sa mga sister missionary. Nagkaroon sila ng ideya—maaari silang pumunta upang makipag-usap sa aking mga magulang para gumanda ang pakiramdam nila tungkol sa relihiyong ito. Sinabi ko sa kanila na natatakot ako na baka hindi pumayag ang aking mga magulang na makipag-usap sa kanila. Pagkatapos ay iminungkahi ng isa sa mga sister na sabay-sabay kaming mag-ayuno.

Nang hindi ako mag-almusal, nag-alala ang aking ina. "Bakit hindi ka kumain?" tanong niya. Ipinaliwanag ko na nag-aayuno ako, at lalo siyang nag-alala.

"Una, nagpaturo ka sa hindi kanais-nais na relihiyong ito, at ngayo'y hindi ka naman kumakain. Nag-aalala ako. Hindi ako makapaniwala! Tatawagan ko ang mga missionary na iyon."

Tinawagan *nga* niya ang mga sister, at sa kung paanong paraan ay naanyayahan pa ang mga ito na maghapunan sa aming bahay!

Naging masaya kami. Itinuro ng mga missionary sa aking mga magulang ang himnong "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno*, blg. 189), at sabay-sabay namin itong kinanta. Nagustuhan iyon ng aking ama. Pagkatapos maghapunan kasama ang mga sister, hindi na nag-alala ang sinuman sa aking mga magulang tungkol sa pagsisimba ko. At nadama ko na nagawa ko silang igalang sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng ebanghelyo dahil talagang saklaw nito ang lahat ng itinuro nila sa akin. Naisip ko na kung mamahalin ko sila nang matagal at itatrato ko sila nang mabuti, kalaunan ay mauunawaan nila iyon. Inabot nang 35 taon pagkatapos ng aking binyag bago nabinyagan ang aking ina at nakapasok siya sa templo ilang taon pa lamang ang nakararaan!

Ang kaalaman na ako ay anak ng Diyos ay nakaapekto sa marami sa aking mga desisyon sa buhay. Alam ko rin na kapag sinusunod natin ang Espiritu at ginagawa natin kung ano ang ipinapagawa sa atin ng Ama sa Langit, kahit parang mahirap, pagpapalain Niya tayo. Palaging iyon ang pinakamainam na pagpili. ■



PAGGAMIT NANG MABUTI SA IYONG ORAS

Kapag inuna mo ang Panginoon, magkakaroon ng lugar para sa iba pa.

Ni Natasha Andersen
Mga Magasin ng Simbahan

MGA MATERYAL

- ☐ Isang malinaw na garapon
- ☐ Buhangin, graba, bigas, o maliliit na bato
- ☐ Mas malalaking bato (sinlaki ng bola ng golf, o mga 5 cm ang diyametro)

PAGHAHANDA: Sukatin muna ang lahat ng iyong mga materyal. Unahing ilagay ang mas malalaking bato sa garapon. Magdagdag ng sapat na buhangin (o graba, bigas, o maliliit na bato) para mapuno ang garapon hanggang sa itaas. Maaari mong kalugin ang garapon habang idinaragdag mo ang buhangin para mas masiksik ito. Ngayon, ilagay ang mga bato at buhangin sa magkahiwalay na lalagyan bago mo ituro ang lesson na ito.

Gaano karaming aktibidad ang nag-aagawan sa iyong atensyon araw-araw? Lahat tayo ay may 24-oras na maaaring gamitin, pero ang gumagawa ng malaking kaibhan ay ang paraan ng paggamit natin sa oras na iyon!

Sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Ang magagandang bagay na magagawa natin ay higit pa ang dami kaysa libreng oras natin para magawa ang mga ito. May ilang bagay na mas maganda kaysa iba, at ito ang mga bagay na dapat nating unahin sa ating buhay. . . . Dapat nating talikuran ang ilang magagandang bagay para mapili ang iba pang mas maganda o pinakamaganda."[1]

Sa aktibidad na ito, maipapakita mo kung ano ang mangyayari kapag inuna natin ang gawain ng Panginoon.

1. PAGPUNO NG ORAS

Napakaraming magagandang aktibidad na maaari nating paggamitan ng ating oras. Sabihin sa iyong pamilya na magbahagi ng ilan sa mga bagay na pinag-uukulan nila ng oras bawat araw.

Ipaliwanag na ang garapon ay sumasagisag sa oras. Ang mga bato at buhangin ay sumasagisag sa iba't ibang bagay na magagawa natin sa ating oras: ang mas malalaking bato ay sumasagisag sa mga bagay na sinabi sa atin ng Panginoon na unahin, tulad ng pag-aaral ng banal na kasulatan, paglilingkod, gawain sa templo at family history, at pagsisimba, samantalang sumasagisag naman ang buhangin sa ibang magagandang aktibidad, tulad ng paggawa ng takdang-aralin at paggugol ng oras kasama ang mga kaibigan.



MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

2. MALING PAGPAPRAYORIDAD

Unahing ibuhos sa garapon ang lahat ng buhangin, pagkatapos ay idagdag ang mas malalaking bato sa ibabaw. Kapag inuna mong ilagay ang buhangin, mawawalan ng sapat na espasyo para sa lahat ng mas malalaking bato—sa parehong paraan na kapag inuna natin ang ibang mga aktibidad kaysa sa mga bagay na iniutos ng Ama sa Langit na gawin natin, maaari tayong maubusan ng oras para sa mga bagay na pinakamahalaga.

3. ALAMIN KUNG ANO ANG MAHALAGA

Iniutos ni Jesucristo, "Huwag hanapin ang mga bagay ng daigdig na ito sa halip inyo munang hangaring itatag ang kaharian ng Diyos, at pagtibayin ang kanyang katwiran" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 6:38 [sa Mateo 6:33, talababa *a*]). Talakayin kung paano kayo magpaprayoridad ng inyong oras sa pamamagitan ng paghahangad *muna* sa kaharian ng Diyos.

Alisin ang laman ng garapon at magsimulang muli gamit ang parehong mga aytem. Maaaring nais tumulong ng mga nakababatang kapatid. Sabihin sa kanila na unahin munang ilagay sa garapon ang mas malalaking bato. Habang inilalagay ninyo ang buhangin, pagmasdan kung paano nito pinupuno ang sobrang espayo sa paligid ng mas malalaking bato hanggang sa magkasya sa loob ang lahat ng buhangin.

Itanong sa iyong pamilya kung ano sa palagay nila ang maaaring ibig sabihin ng pangakong ito ni Pangulong Russell M. Nelson: "Kapag patuloy kayong nagbibigay ng mas maraming oras sa Panginoon, tutulutan Niya kayong magsakatuparan ng iba pa sa natitira ninyong oras."[2]

UNAHIN ANG PANGINOON

Kapag hinahangad nating gawin *muna* ang kalooban ng Diyos, tinutulungan Niya tayo na magkaroon ng sapat na oras para sa iba pang bagay na kinakailangan at nagpapalakas. Kaya kung nahihirapan kang makahanap ng sapat na oras para makagawa ng takdang-aralin, mapahusay ang iyong mga talento, o makatulog nang mas mahabang oras, itanong sa Panginoon kung ano ang magagawa mo para malaman ang dapat unahing gawin ayon sa Kanyang plano. Sama-samang magtakda ng mga mithiin bilang isang pamilya na unahin ang gawain ng Panginoon—at ang inyong relasyon sa Kanya—bawat araw. ■

MGA TALA

1. Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona,* Nob. 2007, 104, 107.
2. Russell M. Nelson, "Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito," *Liahona,* Okt. 2016, 51.

PAULIT-ULIT NA PAHIWATIG

ISANG ARAW HABANG gumagawa ng gawaing misyonero sa mga maalikabok na kalye ng Kenya, kinausap namin ng kompanyon ko ang isang babae. Tinanggap niya ang polyeto na ibinigay namin sa kanya ngunit sinabihan niya kami na huwag nang bumalik.

Makalipas ang ilang araw, naparoon na naman kami sa kalyeng iyon, at nakadama kami ng pahiwatig na kumustahin siya. Tinanong ko ang aking sarili, "Bakit kami babalik gayong sinabihan na niya kami na huwag bumalik?" Ngunit sinunod namin ang pahiwatig.

Nagulat siya nang makarating kami roon pero sinabi niya na masaya siyang makita kami. Nagsimula kaming magturo ng lesson, pero maya-maya pa ay nauwi ito sa pagtatalo. Tinapos namin ng kompanyon ko ang lesson sa isang panalangin at umalis na, kaagad na nagkasundo na huwag nang magbalik. Pero nang sumunod na araw, *muli* kaming nagkaroon ng malakas na pahiwatig na bumalik. Ayaw ko nang bumalik, ngunit sinabi ng aking kompanyon na dapat kaming makinig sa Espiritu. Kaya hindi na ako nagmatigas, at bumalik kami. Pagdating namin doon, nagulat ako. Parang nag-iba ang babae. Nagbago ang anyo ng kanyang mukha; at handa na siyang makinig sa sasabihin namin. Sa sumunod na pagbisita namin, itinanong niya kung kailan siya maaaring mabinyagan.

Apat na linggo kalaunan, nabinyagan siya bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Matapos ang kanyang kumpirmasyon, niyakap niya kami at sinabi niya na talagang nagpapasalamat siya na bumalik kami. Natutuhan ko na dapat palagi tayong makinig at kumilos ayon sa mga pahiwatig. Talagang inihahanda ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak para matanggap ang ebanghelyo, at ginagamit Niya tayong lahat para mahanap sila sa pamamagitan ng Espiritu Santo. ■

Leaha M., KwaZulu-Natal, South Africa

PAANO KO MAS MASUSUNOD ANG MGA ESPIRITUWAL NA PAHIWATIG?

1. **Manalangin para sa patnubay.** Gagabayan ka ng Panginoon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (tingnan sa Alma 37:37).
2. **Maging mapagpakumbaba.** Ang kaamuan ay nagaanyaya sa Espiritu (tingnan sa Moroni 8:26).
3. **Huwag magatubili.** Tinutukso ka ng likas na tao na ipagpaliban o balewalain ang mga pahiwatig (tingnan sa Mosias 3:19). Huwag magdalawang-isip kapag may dumating na magandang ideya!
4. **Kumilos kaagad.** Hangarin na palaging tumugon *kaagad* sa mga pahiwatig mula sa Espiritu (tingnan sa Thomas S. Monson, "The Spirit Giveth Life," *Ensign*, Mayo 1985, 68–70).

MGA PAGLALARAWAN NI TOBY NEWSOME

ANG DAHILAN PARA SA MGA PATAKARAN

SABIK NA SABIK akong makasama sa youth conference, pero nalaman ko na napakaraming patakaran—halimbawa, bawal gumamit ng telepono at bawal lumabas nang walang kasama. Tila palagi na lang kaming minamanmanan ng matatanda. Pero nasiyahan ako, nagkaroon ako ng maraming kaibigan, nakatulong ako sa isang proyekto sa paglilingkod, at natuto ako tungkol sa ebanghelyo.

Sa isang pulong ng patotoo noong huling araw ng youth conference, nagsalita ang isa sa mga lider tungkol sa kung gaano niya kamahal ang mga kabataan sa stake.

Kung mahal mo kami, bakit napakaraming ipinagbabawal sa amin dito? naisip ko. Nang sandali ring iyon, tila ba nababasa niya ang iniisip ko, sinagot niya ang aking tanong.

Ang mga lider ay naglalagay ng mga patakaran, sabi niya, hindi para inisin tayo kundi para sa ating kaligtasan. Nang sandaling sabihin niya iyon, naantig ako ng Espiritu. Naunawaan ko na binibigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan para sa gayunding dahilan. Hindi ibinigay ang mga ito para inisin tayo; ibinigay ang mga ito para tulungan tayong makabalik sa Kanya nang ligtas (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:2–9).

Ang Espiritu Santo ay nagbigay-inspirasyon sa akin at tumulong sa akin na malaman na totoo ito. ■

Serge P., Île-de-France, France

KAILAN AKO MAAARING SUMAPI SA SIMBAHAN?

NOONG MGA LIMANG taong gulang ako, nawalan ng pananampalataya ang aking ama at nagpasiya siya na lisanin ang Simbahan. Talagang napakahirap niyon, lalo na noong walong taong gulang na ako. Gustung-gusto ko nang mabinyagan, pero hindi pumayag ang aking ama. Gusto niyang maghintay ako hanggang sa tumanda na ako nang kaunti para makasigurado ako na gusto ko talagang magpabinyag. Kaya nanood na lang ako habang isa-isang nabinyagan ang aking mga kaibigan.

Naaalala ko na nalito ako—kung totoo ang Simbahan, bakit pinipigilan akong magpabinyag? Noong tinedyer ako, napakahirap makitang nagpupunta sa templo ang lahat ng kabataan dahil gustung-gusto ko ring makapunta roon. Mahirap na hindi ko magawang makibahagi, pero alam ko na magkakaroon din ako ng pagkakataon!

Noong Mayo 2019, nabinyagan din ako sa wakas sa edad na 16. Naalala ko ang maraming pagkakataon na nadama ko ang dalisay na kagalakan ng ebanghelyo at nagkaroon ako ng patotoo. Iyon ay isang napakaespesyal na karanasan, at sa lahat ng pagsubok na naranasan ko bago dumating ang araw na iyon, alam ko nang buong puso na totoo ang ebanghelyo noon pa man. ■

Trinity C., Colorado, USA

Patotoo at Pagbabalik-loob

Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang isang mahalagang aral tungkol sa kaugnayan ng patotoo at pagbabalik-loob ay makikita sa mga gawaing misyonero ng mga anak ni Mosias.

"Kasindami ng nadala sa kaalaman ng katotohanan, sa pamamagitan ng pangangaral ni Ammon at ng kanyang mga kapatid, alinsunod sa diwa ng paghahayag at ng propesiya, at ng kapangyarihan ng Diyos na gumagawa ng mga himala sa kanila—oo, . . . yamang buhay ang Panginoon, kasindami ng mga Lamanita na naniwala sa kanilang pangangaral, at mga nagbalik-loob sa Panginoon, kailanman ay hindi nagsitalikod.

"Sapagkat sila ay naging mababuting tao; ibinaba nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos. . . .

"Ngayon, ito sila na mga nagbalik-loob sa Panginoon" (Alma 23:6–8).

Dalawang mahahalagang bagay ang inilarawan sa mga talatang ito: (1) *ang kaalaman ng katotohanan,* na maaaring sabihing patotoo, at (2) *pagbabalik-loob sa Panginoon,* na sa pagkaunawa ko ay pagbabalik-loob sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Kaya, ang matinding kombinasyon ng patotoo at ng pagbabalik-loob sa Panginoon ang nagbunga ng katatagan at hindi pagkatinag at naglaan ng espirituwal na proteksiyon.

Ang patotoo ay espirituwal na kaalaman ng katotohanang nakamtan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang patuloy na pagbabalik-loob ay katapatan sa tuwina sa inihayag na katotohanan na ating natanggap—na may pusong handa at sa mababuting kadahilanan. Ang malaman na totoo ang ebanghelyo ang pinakadiwa ng patotoo. Ang patuloy na katapatan sa ebanghelyo ang pinakadiwa ng pagbabalik-loob. Dapat nating malaman na totoo ang ebanghelyo at maging tapat sa ebanghelyo.

Ang pagsasantabi ng taglay na "mga sandata ng paghihimagsik" gaya ng kasakiman, kapalaluan, at pagsuway ay nangangailangan ng higit pa sa pananalig at kaalaman. Ang katapatan, pagpapakumbaba, pagsisisi, at pagsunod ay kailangan bago maisuko ang ating mga sandata ng paghihimagsik. Tayo ba ay mayroon pa ring mga sandata ng paghihimagsik na humahadlang sa ating pagbabalik-loob sa Panginoon? Kung mayroon, kailangan nating magsisi ngayon din.

Ipinapangako ko na sa pagkakaroon natin ng kaalaman ng katotohanan at sa pagbabalik-loob sa Panginoon, tayo ay mananatiling matatag at di-natitinag at hindi kailanman tatalikod sa katotohanan. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2012.

MGA PAGLALARAWAN NINA SI GAIL ARMSTRONG AT KATY DOCKRILL

MGA TAO MULA SA AKLAT NI MORMON

Amulek at Alma

Sila ay **mahuhusay na missionary** na nagturo ng ebanghelyo sa maraming tao.

Binigyan sila ng Diyos ng kapangyarihan upang sila ay **hindi mapatay** o makulong.

Si Amulek ay nagbalik-loob matapos sabihin sa kanya ng isang anghel na **tanggapin ang isang propeta** (si Alma) sa kanyang tahanan.

Inihambing ni Alma ang **pananampalataya sa salita ng Diyos** sa pagtatanim ng isang binhi na sisibol habang inaalagaan natin ito.

Si Alma ay nagbalik-loob matapos sabihin sa kanya ng isang anghel na **itigil ang pagwasak** sa Simbahan ng Diyos.

NAG-AALALA TUNGKOL SA HINAHARAP?

Sa pagharap sa kawalang-katiyakan, ibinahagi ng mga young adult kung ano ang ginawa nila upang magtiwala sa Diyos at maghanda para sa hinaharap.

44

MGA KABATAAN

HINDI MASAYA ANG AKING PAMILYA—HANGGANG SA SUMAPI AKO SA SIMBAHAN

54

PAKAY-ARALIN

MGA BATO AT MGA PRAYORIDAD

60

MGA MAGULANG

TULUNGAN ANG MGA BATA NA MAUNAWAAN NA ANG ATING MGA KATAWAN AY MGA TEMPLO

K4

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 021672 22893 6

Hulyo 2020

Kaibigan



Si **ALMA** ay naging magaling na missionary!

Mga pahina K20–K23

Ang bahagi para sa mga bata ng *Liahona*, na inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagsunod sa mga Pioneer

Minsa'y nilakad ko ang ilang daan na nilakaran ng mga naunang pioneer ng Simbahan patungo sa Lambak ng Salt Lake. Nakadama ako ng pagpapakumbaba na malakaran ang nilakaran ng mga pioneer. Ngunit ang paglakad kung saan sila naglakad ay hindi kasinghalaga ng pamumuhay kung paano sila namuhay.

Sumulong ang mga pioneer nang may pananampalataya sa isang bagong relihiyon, isang bagong lupain, at isang bagong paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Nagtiwala sila sa Diyos. Kailangan din nating **manampalataya.**

Sinunod nila kung ano ang sinabi ng kanilang mga pinuno na gawin nila. Kailangan din nating **maging masunurin.**

Ginamit nila ang kanilang mga talento at nagtulungan sila para maitatag ang Sion. Kailangan din nating **magkaisa.**

Hindi nila iniwan ang sinuman. Tiniyak nilang kasama ang mga taong nagkakaproblema sa daan. Kailangan din nating **isama ang lahat.**

Makakapagbigay-pugay tayo sa mga pioneer sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mga halimbawa. ●

Hango mula sa "Following the Pioneers," Ensign, *Nob. 1997, 72–74.*

Maaari Akong Maging Pioneer

Sinumang nangunguna sa pagtulong na mapabuti ang buhay ng kanilang pamilya ay isang pioneer. Hanapin ang iyong daan palabas sa maze. Sa pagdaan sa mga ito, maaari kang maging pioneer kapag . . .

Simula

Kapag may natututuhan akong bago.

Kapag tumutulong akong simulan ang isang mabuting tradisyon.

Kapag gumagawa ako ng mga bagay-bagay para mabuo ang aking walang-hanggang pamilya.

Wakas

Kapag tinuturuan ko ang aking pamilya tungkol sa ebanghelyo.

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

Ang Pagpili ni Lila

Gusto ni Lila na piliin ang tama.

Ni Carolina Marín
(Batay sa tunay na buhay)

"Ang katawan kong templong handog sa 'kin ng Diyos" (Aklat ng mga Awit Pambata, *73*).

"Oras na para magbasa ng banal na kasulatan!" sabi ni Lila.

Gustung-gusto ni Lila na binabasahan ang kanyang nakababatang kapatid na si Ánika at ang kanyang bunsong kapatid na si Svetan. Malapit nang mabinyagan si Lila! Para maging handa, ninais niyang magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw.

Binuklat ni Lila ang unang pahina ng aklat ng mga kuwento sa banal na kasulatan. Lumapit sina Ánika at Svetan para makita nila ang mga larawan.

"Makinig kayong mabuti dahil tatanungin ko kayo mamaya," sabi ng Lila. Pagkatapos ay sinimulan niyang basahin ang unang kabanata.

"Bago tayo isinilang, nabuhay tayo sa langit," pagbasa ni Lila. "Wala pa tayong mga katawan. Tayo ay mga espiritu pa lamang."

Tiningnan nina Lila, Ánika, at Svetan ang mga larawan ng mga taong nakadamit ng puti.

"Handa na ba kayo para sa unang tanong?" Bumaling si Lila kay Ánika. "Saan ka nanggaling bago ka isinilang?"

Pumalakpak si Ánika. "Sa langit!"

"Tama," sabi ni Lila. "At saan naman nanggaling si Svetan?"

"Galing din siya sa langit," sabi ni Ánika. Humagikhik si Svetan at inilagay niya ang kanyang kamao sa kanyang bibig. Natawa sina Lila at Ánika. Si Svetan ang pinaka-nakakatuwang isang taong gulang sa Argentina!

"Galing sa langit ang ating buong pamilya," sabi ni Lila. "Pati si Jesus. Pumarito Siya upang tulungan tayo para makapiling nating muli ang Ama sa Langit." Itinuro ni Lila ang larawan ni Jesus sa pahina.

Pagkatapos niyang magbasa, patuloy na inisip ni Lila kung ano kaya ang pakiramdam ng makapiling si Jesus sa langit. Gusto niyang maging katulad ni Jesus. Gusto niyang palaging piliin ang tama!

Nang sumunod na araw sa paaralan, kumalam ang sikmura ni Lila habang naghihintay siya sa pila para sa almusal. Halos malasahan na niya ang mga empanada habang inilalagay ni Señora Ruiz ang mga ito sa kanyang pinggan. Ang bangu-bango ng mga ito!

Pagkatapos ay binigyan ni Señora Ruiz ng isang basong gatas si Lila. *Naku*, naisip ni Lila. Mukhang iba

ang kulay ng gatas ngayon. Kung minsan, ang kanyang paaralan ay naghahalo ng kape o tsaa sa mga inumin.

"May kape o tsaa po ba sa gatas ngayon?" tanong ni Lila.

Sumenyas si Señora Ruiz gamit ang kanyang kamay. "Kaunting kape," sabi nito. "Ni hindi mo iyon malalasahan."

Nag-isip sandali si Lila. Naalala niya kung gaano niya kagustong tularan si Jesus at piliin ang tama. Alam niya na ang pag-inom ng kape ay isang bagay na sinabi ng mga propeta na huwag gawin.

"Salamat na lang po. Hindi po ako iinom ng gatas ngayon," sabi ni Lila. Nginitian niya si Señora Ruiz. Pagkatapos ay umupo na siya para kumain.

Noong gabing iyon, tinulungan ni Lila si Papi na mag-hugas ng mga pinggan sa kusina. Iniisip pa rin niya ang kuwento sa banal na kasulatan. Iniisip din niya ang gatas.

"Papi?"

"Ano iyon?" sabi ni Papi.

Bakit po nais ng Ama sa Langit na magkaroon tayo ng mga katawan?

Nag-isip si Papi habang hinuhugasan ang isa pang plato. "Binigyan Niya tayo ng mga katawan para maging katulad Niya tayo," sabi nito. "Ang iyong katawan ay isang tahanan para sa iyong espiritu. Iyon ang ibig nating sabihin kapag sinasabi natin na ang ating mga katawan ay mga templo."

Tumango si Lila. Kung minsan ay kumakanta siya ng isang awit tungkol doon sa Primary! "Kaya po ba nais ng Ama sa Langit na pangalagaan natin ang ating mga katawan?"

"Mismo," sabi ni Papi.

"Kanina po sa paaralan, hinaluan nila ng kaunting kape ang gatas," sabi ni Lila. "Pero hindi ko po iyon ini-nom. Sinisikap ko pong alagaan ang aking templo."

"Ipinagmamalaki kita," sabi ni Papi. Pinatuyo niya ang kanyang kamay gamit ang isang tuwalya at niyakap niya si Lila.

Niyakap nang mahigpit ni Lila si Papi. Masaya siyang pangalagaan ang katawang ibinigay sa kanya ng Ama sa Langit. ●

Ang awtor ay naninirahan sa Corrientes, Argentina.

Ang pamilya sa kuwentong ito ay naninirahan sa Argentina. Basahin ang susunod na artikulo upang malaman ang iba pa tungkol sa kanilang bansa.

MGA PAGLALARAWAN NI ALESSIA GIRASOLE

Hello mula sa Argentina!



Ang **Argentina** ay isang bansa sa Timog Amerika. Mahigit 2,000 milya (3,219 km) ang haba nito. Sa hilaga, napakainit sa panahon ng tag-init. Sa timog, may mga nagyeyelong glacier sa buong taon!

Ang mga *empanada* ay sikat na pagkain sa Argentina. Ito ay isang pastry na pinalamanan ng karne ng baka, mais, o prutas. Ang sarap!

Maraming kamangha-manghang hayop na nakatira sa Argentina—mga jaguar, condor, at penguin!

Ang mga koboy ay tinatawag na mga *gaucho* sa Argentina. Sila ay nag-aalaga ng mga baka at kabayo.

Maraming tao ang bumibili ng pagkain sa mga palengke sa labas. Tinutulungan ng batang ito ang kanyang ama na buhatin ang isang *sandía* o pakwan.

Ang Ushuaia ay isa sa pinakamalalapit na lungsod sa South Pole sa buong mundo! May tatlong ward sa lungsod na iyon.

Binisita ng batang ito ang Córdoba Argentina Temple noong araw na inilaan ito. Malapit nang magkaroon ng tatlong templo sa Argentina!



MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

Kilalanin ang ilan sa aming mga kaibigan mula sa Argentina!

Nang ilahad ni Pangulong Russell M. Nelson ang bagong programa ng mga mithiin para sa mga bata at kabataan, nagtakda ako ng mga mithiin na tumakbo, maging mabuting kaibigan, at gawing mas taimtim ang aking mga panalangin. Nagpatotoo ako sa sacrament meeting na alam ko na kung gagawin ko ang programang ito, tutulungan ako ng Ama sa Langit.

Gonzalo L., edad 7, Buenos Aires, Argentina

Kapag nagbabasa tayo ng mga banal na kasulatan, natututuhan natin ang tungkol kay Jesucristo at kung paano Niya tayo minamahal. Nakakatulong iyon sa akin na maging masaya. Alam ko na mahal Niya ako.

Emma L., edad 5, Buenos Aires, Argentina

Taga-Argentina ka ba? Sulatan kami! Gusto naming makarinig mula sa iyo.

Salamat sa pagsama sa amin sa paglalakbay sa Argentina. Hanggang sa muli!

Ang Maliit na Bagon ng mga Tinapay

Ni Gayle Kinney-Cornelius
(Batay sa tunay na buhay)

"Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

Idinilat ni Sammy ang kanyang mga mata at humikab siya. May naamoy siya na masarap.

Mmmm, gumagawa ng tinapay si Papa! naisip ni Sammy.

Gumagawa ng tinapay si Papa para sa kanilang pamilya tuwing Sabado. Mahilig manood si Sammy habang inilalabas ni Papa ang malutong at kulay brown na tinapay mula sa hurno. Palaging ibinibigay ni Papa kay Sammy ang unang hiwa ng tinapay.

Pero hindi Sabado ngayon, naisip ni Sammy. *Bakit gumagawa ng tinapay si Papa?*

Bumangon si Sammy mula sa higaan at nagpunta siya sa kusina. Tinanong niya si Papa kung ano ang nangyayari.

"Naaalala mo ba kung ano ang ipinapagawa sa atin ng ating bishop?" tanong ni Papa.

Tumango si Sammy. "Sinabihan niya po tayo na tumulong sa mga tao. At natatandaan po ba ninyo na tinulungan ko po si Sister Martin na dalhin ang kanyang bag sa itaas?

"Maganda ang ginawa mo," sabi ni Papa.

"Ipinagdasal ko kung paano ako makakatulong. Naisip kong gumawa ng mga tinapay na ipamimigay."

Sumilip si Sammy sa hurno. Binilang niya ang mga tinapay.

"Isa . . . dalawa . . . tatlo . . . apat. Kanino po ninyo ibibigay ang mga tinapay?"

"Diyan ko kailangan ang iyong tulong," sabi ni Papa. "Ang isa sa mga tinapay ay para kay Sister Martin. At ang dalawa ay para sa pamilya Miller. Kanino natin ibibigay ang pang-apat na tinapay?

Pinag-isipan ito ni Sammy.

"Kung kay Ginoong Lee po kaya?" tanong ni Sammy. Nakatira si Ginoong Lee sa gusali ng kanilang apartment. Bihira lang siyang lumabas ng bahay. Kadalasan ay minamasdan lang niya ang mga tao mula sa kanyang bintana.

"Maganda ang naisip mo," sabi ni Papa.

Matapos maluto ang mga tinapay, tinulungan ni Sammy si Papa na balutin ang mga ito. Pagkatapos ay kinuha niya ang kanyang bagon. Inilagay nila ang mga tinapay sa loob nito.

"Handa nang umandar ang bagon ng mga tinapay!" sabi ni Sammy.

Tinulungan ni Papa si Sammy na hilahin ang bagon. Nakadama si Sammy ng mainit at masarap na pakiramdam sa kanyang puso, tulad ng mga tinapay na ipamimigay nila! ●

Ang awtor ay naninirahan sa Vermont, USA.

MGA PAGLALARAWAN NI JOSH KEELE

Magkaiba ngunit Magkasama

Ni Bethany Bartholomew
(Batay sa tunay na buhay)

"Hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11).

Bibisita si Ellie at ang kanyang pamilya sa kanilang mga pinsan na nakatira sa malayo. Sabik na sabik si Ellie! Matagal na niyang hindi nakikita ang kanyang mga pinsan.

Bago ang biyahe, sinabi ng mga magulang ni Ellie na may gusto silang pag-usapan.

"Kapag nagkakasama-sama tayong magkakamag-anak, palagi tayong nagdarasal sa oras ng pagkain. At kung minsa'y pinag-uusapan natin ang tungkol sa Simbahan, tama ba?" tanong ni Itay.

"Tama po!" sabi ni Ellie.

"Medyo maiiba ang mga bagay-bagay sa biyaheng ito," sabi ni Inay. "Hindi na nagsisimba ang inyong tita at tito. At ayaw nilang kinakausap sila ng mga tao tungkol dito."

Sumimangot si Ellie. "Bakit naman po?"

"Hindi namin alam ang lahat ng dahilan," sabi ni Itay. "Pero mahal na mahal nila tayo. Sa palagay ko, ayaw nilang makipagtalo sa atin o saktan ang ating damdamin. Kaya pinakiusapan na nila kami na huwag banggitin sa kanila ang mga bagay tungkol sa Simbahan."

Tumango si Ellie.

"Maaari pa rin tayong magbasa ng ating mga banal na kasulatan at magdasal habang naroon tayo. Pero gagawin natin iyon nang tayu-tayo lang," sabi ni Inay.

"Paano kapag kumakain po tayo?" tanong ng ate ni Ellie.

PAGLALARAWAN NI ZHEN LIU

"Tingnan na lang natin ang mangyayari," sabi ni Inay. "Kung hindi sila magdarasal bago tayo kumain, maaari naman tayong magdasal nang kanya-kanya sa ating puso."

"Sige po," sabi ni Ellie. "Kaya ko pong gawin iyon!"

Kinabukasan, sumakay na sa kotse ang pamilya ni Ellie. Nagbiyahe sila hanggang sa lumalim ang gabi. Nang makarating na sila sa wakas sa bahay ng kanilang mga pinsan, tinulungan sila ng tita at tito ni Ellie na ilabas ang kanilang mga bag sa kotse. Pagkatapos ay natulog na ang lahat.

Kinabukasan, nagdasal si Ellie bago pumunta sa kusina para mag-almusal. Medyo kinabahan siyang makipagkita sa kanyang pamilya. Pero tinabihan siya ng kanyang tita na may matamis na ngiti sa mukha nito.

"Pupunta ang ilan sa amin sa salon ng iyong pinsan mamaya. Gusto mo bang sumama?" tanong nito kay Ellie.

"Hair salon po?" tanong ni Ellie.

"Oo! Maaari kayong magpaayos ng buhok ng kapatid mo kung gusto ninyo."

Si Ellie ay ngumiti at tumango. Mukhang masaya iyon!

Pagkatapos mag-almusal, sumakay sila ng bus papunta sa salon. Nasiyahan si Ellie sa panonood habang nagtatrabaho ang kanyang pinsan. Napakabilis ng paggalaw ng mga daliri nito habang nagsusuklay at nagtitirintas. Nang maayos na ang buhok ng lahat, rumampa sila sa harap ng salamin ng salon at naghagikhikan sila sa kanilang mga bagong hitsura.

Kinabukasan, umulan nang malakas. Kaya nagpasiya ang lahat na mamalagi sa loob at maglaro ng mga board game. Magkakampi si Ellie at ang isa sa kanyang mga pinsan laban sa dalawang nakatatandang batang lalaki. Nagtuksuhan sila habang nag-uunahang maiikot ang kanilang mga pitsa sa board.

"Panalo kami!" sigaw ni Ellie nang iabante niya ang kanyang pitsa sa dulo ng board. Nagapir silang lahat sa isa't isa—maging ang mga nakatatandang pinsan, na nagkunwaring nabubugnot dahil sa pagkatalo.

Makalipas lamang ang ilang araw, oras na para umuwi. Habang pasakay si Ellie sa likod ng kanilang kotse, narinig niyang nagpaalam ang kanyang pamilya.

"Mami-miss namin kayo!"

"Bumalik kayo kaagad!"

"Mahal na mahal namin kayo!"

Si Ellie ay ngumiti at kumaway habang papalayo ang kanilang kotse. Talagang nasiyahan siya. Kahit magkaiba ang kanilang mga paniniwala, maaari pa rin silang maging isang masayang pamilya. ●

Ang awtor ay naninirahan sa Georgia, USA.

Gupitin at pagdikit-dikitin, i-staple, o itali nang magkakasama ang mga pahinang ito para makagawa ng isang aklat!

ANG AKING LUMALAGONG PANANAMPALATAYA

Pangalan:

1



Sa Aklat ni Mormon, sinabi ni Alma na ang pananampalataya ay katulad ng isang binhi.

4

Pinapalago ko ang aking pananampalataya kay Jesus sa pamamagitan ng pagdarasal at pagiging mabait sa iba.

5

Habang lumalago ang isang puno, makakapagbigay ito sa atin ng matamis na bunga.

2

Maaari akong magtanim ng sarili kong binhi ng pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig sa itinuturo ng mga propeta at mga banal na kasulatan.

3



Kailangan ng isang binhi ng tubig at sikat ng araw para lumago ito.

6

Habang lumalago ang aking pananampalataya, magdudulot ito ng mga kasiya-siyang pagpapala sa aking buhay.

7

Patuloy kong palalaguin ang aking pananampalataya para lumakas ito. Mahal ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo!

MGA PAGLALARAWAN NI PATRICIA GEIS

Ni Sister Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

Ang Sekretong Sangkap

Nais ng Ama sa Langit na maglingkod tayo sa ibang tao. Ang aking guro sa Primary ay isang magandang halimbawa ng paglilingkod. Kapag nagpupunta kami sa Primary, palaging nagdadala si Sister Antonietti ng chocolate cake. Ayoko ng chocolate cake! Gusto ito ng iba. Pero kailanma'y hindi ako kumain nito.

Isang araw, tinanong niya ako, "Bakit hindi ka tumikim ng kapiraso? Espesyal ang sangkap ng cake na ito."

Pumayag akong tikman ito. Alam ba ninyo kung ano ang nangyari? Nagustuhan ko ito!

Makalipas ang maraming taon, sinabi sa akin ng aking ina kung ano ang sekretong sangkap ni Sister Antonietti. "Walang gaanong pera si Sister Antonietti," sabi ng aking ina. "Bawat linggo kinailangan niyang pumili kung mamamasahe sila ng apat na anak niya sa bus papunta sa Primary o bibili siya ng mga sangkap ng chocolate cake para sa klase ninyo. Palagi niyang pinipili ang chocolate cake. Kaya sa halip na sumakay ng bus, naglalakad siya nang mahigit dalawang milya [3 km], papunta at pabalik, anuman ang lagay ng panahon."

Ang sekretong sangkap ni Sister Antonietti ay ang pagmamahal niya sa iba! ●

Hango mula sa "Ang Galak sa Di-Makasariling Paglilingkod," Liahona, *Nob. 2018, 55–57.*

PAGLALARAWAN NI HECTOR BORLASCA

PAGLALARAWAN NI MITCH MILLER

Kaya kong sundin si Jesucristo sa maliliit at karaniwang paraan.

(Tingnan sa Alma 37:6.)

Ang Sorpresang Mission Call

Ni Lucy Stevenson
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

Nakangiti si Edwin Dharmaraju habang naglalakad siya palabas ng paliparan patungo sa initan. Nakita niya ang mga puno ng palma na nakahanay sa lansangan at naamoy niya ang mga pampalasa mula sa isang kalapit na palengke. Siya at ang kanyang asawang si Elsie ay nakabalik na sa India! Matagal na silang nakatira sa Samoa, pero ngayon ay narito na silang muli.

Ngunit hindi nagpunta rito sina Edwin at Elsie para lang bumisita. Tinawag silang maglingkod bilang mga missionary para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Medyo kabado si Edwin. Pero alam niya na tutulungan siya ng Ama sa Langit. Napakaraming beses na silang tinulungan ng Ama sa Langit.

Sina Edwin at Elsie ay ipinanganak sa India. Pero unang narinig ni Edwin ang tungkol sa Simbahan noong nag-aaral siya sa Estados Unidos. Nagsimba siya roon minsan. Binasa pa niya ang Aklat ni Mormon. Pero nang bumalik siya sa India, nakalimutan niya ang tungkol sa Simbahan.

Ilang taon kalaunan, nadama nina Edwin at Elsie na dapat silang lumipat sa Samoa. Si Edwin ay isang bug scientist, at nagtrabaho siya sa isla bilang mananaliksik. Doon nakilala nina Edwin at Elsie ang mga missionary. Nang muling basahin ni Edwin ang Aklat ni Mormon, may nadama siyang espesyal na bagay. Binasa rin ni Elsie ang Aklat ni Mormon. Pinili nilang magpabinyag, kasama ang kanilang mga anak na lalaki at babae.

Matapos sumapi sa Simbahan, ang pinakanais ni Edwin ay matutuhan ng kanyang pamilya sa India ang tungkol sa ebanghelyo. Ang problema lamang ay walang mga missionary sa India na magtuturo sa kanila! Sumulat sina Edwin at Elsie sa punong-tanggapan ng Simbahan para hilinging magpadala sila ng mga missionary sa India.

Ang sumunod na nangyari ay isang malaking sorpresa. Tinawag *sila* ni Pangulong Spencer W. Kimball na maglingkod bilang mga missionary sa India!

At ngayon, narito na sila.

Ang unang pinuntahan nila sa India ay ang bahay ng kapatid na lalaki ni Edwin. Naroon din ang mga magulang at kapatid ni Edwin. Sinimulan kaagad silang turuan nina Edwin at Elsie. Natuwa ang kanilang pamilya na matutuhan ang tungkol sa ebanghelyo.

Pagkaraan ng ilang linggo, nagtipon si Edwin at ang kanyang pamilya sa paligid ng swimming pool sa bakuran ng kanyang kapatid. Nilinis, pininturahan, at pinuno ng tubig ang pool. Lahat ay nakasuot ng puting damit. Ang mga babae ay nakasuot ng maluluwag na sari na nakabalabal sa kanilang mga balikat. Ang mga lalaki ay nakasuot ng maluluwag na jacket at pantalon na istilo ng India.

Tumayo si Edwin sa pool kasama ang kanyang ama. “Samuel David,” sabi ni Edwin, “bilang naatasan ni

Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.”

Masaya si Edwin habang binibinyagan niya ang kanyang ama. Lalo pa siyang naging masaya nang binyagan niya ang kanyang ina pagkatapos. Nang matapos ang maghapon, nakapagbinyag si Edwin ng 18 tao!

Kinabukasan, sumakay ng tren sina Edwin at Elsie para bumiyahe nang anim na oras. Bumisita pa sila sa mas maraming kapamilya at itinuro nila sa mga ito ang tungkol sa ebanghelyo. Bininyagan ni Edwin ang apat pa sa kanyang mga kapamilya sa isang kalapit na ilog.

Sa huli, bumiyahe sina Edwin at Elsie nang 16 na oras sakay ng tren para bisitahin ang mga magulang ni Elsie. Ang ama ni Elsie ay lider ng ibang simbahan. Hindi siya nabinyagan, pero itinuring niya na magandang aklat ang Aklat ni Mormon. Tumulong siya sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa wikang Telugu, isa sa mga wika na sinasalita sa India.

Nang matapos nina Edwin at Elsie ang kanilang misyon, sapat na ang bilang ng mga bagong miyembro para masimulan ang isa sa mga pinakaunang branch ng Simbahan sa India! Masaya sina Edwin at Elsie nang bumalik sila sa Samoa. Nagpasalamat sila na ipinadala sila ng Ama sa Langit sa isang misyon! ●

Sina Edwin at Elsie Dharmaraju ay nagmisyon sa India noong 1978. Ngayon, isang magandang templo na ang itinatayo roon!

MGA PAGLALARAWAN NI DANI JONES

Kailanma'y wala akong nagawa na talagang masama. Kailangan ko pa rin bang magsisi?
—Nag-aalinlangan mula sa Udine

Mahal naming Nag-aalinlangan,

Lahat ay kailangang magsisi, dahil walang sinuman ang perpekto! Ang pagsisisi ay maaaring kasingsimple lang ng pagdarasal sa Ama sa Langit tungkol sa nangyari sa buong araw at pagsasabi sa Kanya na nais mong maging mas mabuti bukas. Humihingi tayo sa Kanya ng kapatawaran kapag may nagawa tayong pagkakamali, at pinatatawad Niya tayo. Iniisip ng ilang tao na ang pagsisisi ay isang bagay na nakakatakot. Ngunit ito ay isang bagay na masaya! Ang pagsisisi ay isang kaloob na ibinigay sa atin ni Jesucristo para tayo ay matuto, umunlad, magbago, at maging higit na katulad Niya. Sinabi ni Pangulong Nelson na dapat tayong magsisi araw-araw. Kapag ginawa mo ito, makadarama ka ng higit na kapayapaan at kapangyarihan sa iyong buhay.

Nagmamahal,
Ang *Kaibigan*

Subukan mo ito!

Tulad ng kutsara na nag-aalis ng paminta sa aktibidad na ito, magagawa tayong malinis ng pagsisisi mula sa mga maling pagpili na ginagawa natin araw-araw—malaki man o maliit. Dahil kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, lahat tayo ay may pagkakataon na magsisi.

Kakailanganin mo ng:
asin
pamintang itim
plastik na kutsara
tuwalya

1. Magtaktak ng asin sa pinggan. Isinasagisag nito kung gaano tayo kadalisay at kalinis bago tayo magkasala.

2. Magbudbod ng kaunting paminta sa ibabaw ng asin Isinasagisag nito ang mga maling pagpili na ginagawa natin.



3. Ngayon, kunin ang plastik na kutsara at ikuskos ito sa tuwalya.



4. Dahan-dahang itapat ang kutsara sa itaas ng asin at paminta. Ang paminta ay didikit sa kutsara! Ito ay katulad ng pagpapatawad sa atin kapag nagsisisi tayo.

MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS CHILD

Maliit at Simpleng Puzzle

Tulad ng Liahona na gumabay sa pamilya ni Lehi, ang mga simpleng bagay ay makakatulong sa atin na lutasin ang malalaking problema (tingnan sa Alma 37:6, 38–44).

Mahahanap mo ba sa puzzle ang bawat isa sa mga piraso sa ibaba?

Anu-ano ang maliliit at simpleng paraan na masusunod mo si Jesus?

SI LEHI AT ANG LIAHONA, NI JOSEPH BRICKEY

Nagsisi si Nakababatang Alma

Ni Haley Yancey
Mga Magasin ng Simbahan

Si Alma ang anak ng propeta. Isinunod ang kanyang pangalan sa pangalan ng kanyang ama, ngunit hindi siya naniwala sa itinuro ng kanyang ama. Sinabi niya sa mga tao na hindi totoo ang Simbahan.

Isang araw, nagpakita ang isang anghel kay Alma. Sinabihan ng anghel si Alma na magsisi.

Sa loob ng tatlong araw, parang tulog si Alma. Iniisip niya ang kanyang mga maling pagpili.

Pagkatapos ay ipinagdasal ni Alma na mapatawad siya. At napatawad nga siya! Nadama niya ang pagmamahal ni Jesucristo. Gumising si Alma at itinuro niya sa iba kung paano siya iniligtas ni Jesus.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Maaari akong magsisi kapag nakagawa ako ng maling pagpili. Palaging nariyan si Jesus para sa akin. ●

Maaari mong basahin ang tungkol sa kuwentong ito sa Mosias 27.

Si Alma ay Nagsisi at Sumunod kay Jesus

Kapag nakagawa
ka ng maling pagpili,
ano ang dapat mong gawin?

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Mahal Naming mga Magulang,

Kung minsa'y hindi tayo sang-ayon sa ibang mga tao. Ngunit maaari pa rin natin silang mahalin. Maaari rin tayong kumapit sa alam nating totoo. Basahin ang kuwento sa pahina K10 kasama ang inyong mga anak at pag-usapan ang mga tanong na ito:

Paano nagpakita ng pagmamahal ang pamilya ni Ellie?

Paano pinanatiling malakas ng pamilya ni Ellie ang kanilang pananampalataya?

Paano maaaring magpakita ng pagmamahal ang ating pamilya sa ibang mga tao, kahit na hindi tayo sang-ayon sa kanila?

Magkakaiba tayong lahat, ngunit bawat tao ay anak ng Diyos!

Magbahagi ng pagmamahal,

Ang *Kaibigan*

PAANO IPAPADALA ANG LIKHANG-SINING O KARANASAN NG IYONG ANAK SA *LIAHONA*

Pumunta sa liahona.ChurchofJesusChrist.org at pindutin ang "Submit an Article or Feedback." O ipadala ito sa amin sa email sa liahona@ChurchofJesusChrist.org kasama ang pangalan, edad, at lungsod na tinitirhan ng iyong anak, at ang pahayag na ito ng pagpapahintulot: "Ako, si [isulat ang iyong pangalan], ay nagbibigay ng pahintulot sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na gamitin ang isinumite ng aking anak sa mga magasin ng Simbahan, sa mga website at mga social media platform ng Simbahan, at, kung maaari, sa iba pang mga materyal ng Simbahan." Nasasabik kaming makarinig mula sa iyo!



Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!

MGA NILALAMAN

K2 Mula sa Unang Panguluhan: Pagsunod sa mga Pioneer

K4 Ang Pagpili ni Lila

K6 Hello mula sa Argentina!

K8 Ang Maliit na Bagon ng mga Tinapay

K10 Magkaiba ngunit Magkasama

K12 Ang Aking Lumalagong Pananampalataya

K14 Kaibigan sa Kaibigan: Ang Sekretong Sangkap

K15 Magandang Ideya

K16 Matatapang na Halimbawa: Ang Sorpresang Mission Call

K18 Ano ang Iniisip Mo?

K19 Masasayang Bagay: Maliit at Simpleng Puzzle

K20 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Nagsisi si Nakababatang Alma

K23 Pahinang Kukulayan: Si Alma ay Nagsisi at Sumunod kay Jesus

SA PABALAT NG *KAIBIGAN*
Paglalarawan ni Rebecca Sorge Jensen

© 2020 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

TAGALOG
4 021672289 3 6